


# Educational Modules on International Migration and Development



Secondary Level

HRE/NOND/6R/4

*Educational Modules*  
*on*  
*International Migration*  
*and Development*

*(para sa Mataas na*  
*Paaralan)*



## FOREWORD

The partnership forged among the Department of Foreign Affairs, Department of Education, Culture and Sports, Department of Labor and Employment, Philippine Overseas Employment Administration, and the Commission on Filipinos Overseas in February 1997 has resulted in the completion and publication of the *Educational Modules on International Migration and Development*.

The *Educational Modules on International Migration and Development* is envisioned to address the need for a systematic and comprehensive educational program on the realities of international migration. It contains forty six (46) individual lesson plans, which will be integrated by teachers into values education and social science subjects in both the elementary and high school curricula, beginning school year 1988-1989. The effort is aimed at promoting the understanding of students on issues and concerns on international migration at the earliest possible stage of education so that they may be capable of making sound and informed judgements on migration. More importantly, it is expected that these lessons will reinforce the positive Filipino values of nationalism, love of country, and pride in the Philippines.

The development of the educational modules on international migration went through several stages:

- (1) Preparation of core messages by the Commission on Filipinos Overseas (CFO) and the Philippine Overseas Employment Administration (POEA) through a series of consultations with other government agencies and representatives of non-government agencies and the academe;
- (2) Development of lesson plans during a seven-day workshop by sixteen teachers and school supervisors from the Department of Education, Culture and Sports (DECS);
- (3) Pilot testing of lesson plans in public schools in Mandaluyong and Pasay City in Metro Manila; Laoag City in the Luzon area, Bacolod City in Visayas, and Cagayan de Oro City in Mindanao; and
- (4) Rewriting of lesson plans by curriculum specialists from DECS, in cooperation with CFO and POEA, based on the comments of practice teachers and results of the validation exercise during the pilot-testing.

Prior to the opening of classes for school year 1998-1999, a regional trainers' training and in-service training for teachers on the use of the modules will be held nationwide. Efforts are also being initiated for the conduct of continuing activities to maintain the currency of information contained in the lesson plans.

It is hoped that the *Educational Modules on International Migration and Development* will respond to the needs of our young students for information, which will help them make informed choices that will contribute to their well-being and to the country, as well.

Department of Foreign Affairs  
Department of Education, Culture and Sports  
Department of Labor and Employment  
Philippine Overseas Employment Administration  
Commission on Filipinos Overseas

Manila, Philippines  
December, 1997

# MGA NILALAMAN

	Pahina
<b>GABAY SA PAGGAMIT NG MGA ARALIN</b>	1
<b>ARALIN PARA SA MATAAS NA PAARALAN</b>	
<b>A. Araling Panlipunan</b>	
<b>Unang Taon</b>	
• Ang Pilipinas: Kasapi ng Pandaigdigang Sambayanan	4
• Kabayan, Saan Ka Pupunta?	8
• Wanted: Illegal Recruiter	12
• Katatagan: Paghamon sa Kababaihan	17
<b>Ikalawang Taon</b>	
• Pandarayuhan: Penomenon at Reyalidad	22
• Ang Mga Pilipinong Nandarayuhan sa Asya	28
<b>Ikatlong Taon</b>	
• May "K" Ka Nga Ba?	35
• Ang Mga Pilipinong Nandarayuhan sa Amerika at Europa	40
<b>Ikaapat na Taon</b>	
• Matamis at Mapait na Bunga ng Pandarayuhan	43
<b>B. Edukasyong Pagpapahalaga</b>	
<b>Unang Taon</b>	
• Iniibig Ko ang Pilipinas	47
• "Mail-Order Bride" Recruiter: Iwasan	51
• Paghahanapbuhay sa Ibayong-Dagat: Handa Ka Ba?	56
• Nasaan Ka Inay?	60
• Mga Organisasyong Sangkot sa Pandarayuhan	64
<b>Ikalawang Taon</b>	
• Tao: Haligi ng Kaunlaran	71
• Illegal Recruiter: Iwasan	74
• Ang Marinong Pilipino	78
<b>Ikatlong Taon</b>	
• Kultura Nila, Alamin Natin	83
• Mga Kaugaliang Pilipino	87
• Pandarayuhan: Alam Mo Ba?	92
• Batas Nila...Alamin Natin	96
<b>Ikaapat na Taon</b>	
• Pandarayuhan: Noon at Ngayon	100
• Tayo ay Pilipino: Taas Noo sa Buong Mundo Kahit Kanino	105
• Ang Manggagawang Kababaihan	109
• Kabataan, Hinahamon ka ng Bayan!	112

## GABAY SA PAGGAMIT NG MGA ARALIN SA

# EDUCATIONAL MODULES ON INTERNATIONAL MIGRATION AND DEVELOPMENT

Ang modyul na ito ay para sa mga guro. Ito'y magsisilbing gabay nila sa pagtuturo ng *International Migration at Pre-Employment Orientation* sa mga batang nasa Elementarya at Sekundarya.

Ang bawat lebel/antas ay may gawain batay sa inaasahang kakayahan para sa iba't-ibang asignatura. Ang nilalaman ng modyul ay hango sa 24 na *core messages* na binuo ng mga sektor na nagmamalasakit para sa kapakanan ng mga Pilipinong nandarayuhan bilang mga manggagawa o emigrante sa ibang bansa.

### **Pagtuturo ng International Migration at Pre-employment Orientation**

Ang mga paksa ay ituturo bilang integrasyon sa EKAWP at HEKASI 4-6, at sa Araling Panlipunan at Edukasyong Pagpapahalaga I-IV. Mayroong *point of entry* sa *Learning Competencies* na siyang dapat pagpasukan ng mga *core messages*. Magkakaroon ang modyul ng sapat na impormasyon, pagtalakay, datos at mga paglalahad upang mapagkunan at mapaghanguan ng mga gawaing paksa. Lalo't marapat na magdulot ito ng aktibong pakikilahok ng mga bata. Mas makabubuti kung masasangkot ang pangkat at hindi isa o dalawa lamang. Tandaan na napakahalaga ng pagbuo ng desisyon. Magagawa lamang ito pagkatapos ng maayos/mayamang pagpapalitan ng opinyon, kuro-kuro at ideya ng mga kasapi sa pangkat.

### **Nilalaman ng Modyul**

Ang modyul ay may sumusunod na bahagi:

1. Maikling paliwanag, tala at datos tungkol sa paksa. Ito ang magsisilbing batayan ng modyul.
2. Pangkalahatang Layunin - Batay ito sa *Learning Competencies*
3. *Point of Entry* - saan sa *Learning Competencies* pwedeng ipasok ang *core message*.
4. Takdang Panahon - bilang ng oras/minuto na nakalaan sa bawat paksa.
5. Mga Gawain - iba't-ibang gawain upang matamo ang mga layunin.
6. Ang bawat gawain ay may:

a. Mga Layunin

Ang mga layunin ay binubuo ng panlahat (*general*) at mga tiyak (*specific*). Ito'y marapat na gawing balanse sa tatlong *domain*: ang kognetibo o pangkaisipan, apektibo o pandamdamin at saykomotor o aksyon, kaugnay ng paksa. Bagamat hindi sa lahat ng pagkakataon ay maaaring makita ang tatlong uri ng layunin, inaaasahang bago matapos ang paksa ay naisakatuparan ang mga layuning ito.

b. Mga Paksa

Ang bawat gawain ay may mga paksang nakalaan, mga tala ng sanggunian at batayan. Sa bahagi ring ito makikita ang mga mungkahing kagamitan para sa inihandang gawain.

c. Pamamaraan

Sa bahaging ito nakapaloob ang mga gawaing pagtalakay o paglinang ng aralin. Marapat na may pagganyak na nakalaan upang maging masigla ang mga gawain. Ang mga pagganyak ay angkop sa kakayahan ng bata, kahandaan ng guro at mga kagamitan. Marapat na iba-iba ang estratehiyang gagamitin ng guro upang hindi mainip/magsawa ang mga bata. Makikita rin sa bahaging ito ang pagbubuod ng aralin, pagpapahalaga sa pamamagitan ng mga sitwasyong ilalahad at ang ebalwasyon o pagtaya sa natutuhan.

d. Takdang Aralin/Kasunduan

Ito'y maaaring sa pamamagitan ng mga tanong o pagtatakda ng mga pangkatang gawain para sa susunod na araw. Maaari ring ito'y pagpapayaman ng aralin (*enrichment*) o muling pagtuturo (*remedial*) depende sa resulta ng pagtaya/ebalwasyong isinasagawa ng guro.

### Mga Dapat Tandaan

Sa lahat ng gawain ay marapat na:

- \* Mabibigyang diin ang kakayahang suriin ang kalagayan ng pamayanan at bansa.
- \* Mabibigyang diin ang epekto nito sa indibidwal at taong-bayan.
- \* Matatamo ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa paraang angkop sa lebel ng mga mag-aaral sa pagbuo ng konsensus at sa pagkilos tungo sa pagkakaroon ng tamang impormasyon kaugnay ng pandarayuhan.

### Sa Paggamit ng mga Aralin sa Modyul

Dahil ang modyul ay isang gabay, maaari itong baguhin, dagdagan, pagyamanin o bawasan ayon sa kakayahan ng klase at sa *availability* ng mga mungkahing kagamitan. Ang nakalaang oras ay maaari ring iangkop sa kakayahan ng mga bata. Halimbawa: Sa halip na tatlong paksa ang mungkahing gawain, maaaring isa o dalawa lamang ang piliin ng guro.

Mapapansin na may mga nakalaang impormasyon, datos at dagdag na kaalaman para sa mga guro. Ito ang magsisilbing batayan upang lalo pang mapagyaman ang talakayan sa klase. Maaari ring ang mga guro ay gumawa ng panibagong banghay na angkop sa paksa at sa *Learning Competency* ng paksang tinatalakay.

Ipasok ang mga gawain sa modyul sa panahong tatalakayin na ang *Learning Competency* sa asignaturang sangkot.

Dito ipapasok ang para sa bawat modyul (4):

Taon/Baitang	Pamagat ng Modyul	<i>Point of Entry</i> (LC)

Ang mga impormasyong kakailanganin ng mga guro upang ilahad ang paksa at isagawa ang mga pagtatalakay ay matatagpuan sa modyul na ito. Lalo pa itong mapapayaman kung makapagbabahagi ng mga karanasan ang mga batang may kaanak na nangibang bayan o nasa ibang bansa pa sa kasalukuyan.

Hangad namin ang matagumpay na paggamit ninyo ng mga modyul na ito. Marahil sa pamamagitan nito'y matatanim sa murang isipan ng ating mga kabataan na hindi lahat ng mabuting kapalaran ay nasa ibang bansa.

Dapat rin nilang maunawaan na dito man sa sariling bayan ay may pagkakataon silang umunlad kung pag-iibayuhin lamang nila ang kanilang pagsisikap, maging matiyaga at magkaroon ng disiplina sa sarili. Sa tulong ng mga guro, marahil ay madarama ng mga bata na ang kanilang talino, kakayahan at kasanayan ay kailangang ibigay sa bansang ito at hindi sa iba. Na kung sakali mang hindi maiwasa'y magkakaroon sila ng pagkakataong mandayuhan, sa mga damdamin nila'y naroon ang diwang Pilipino, pagmamalaki at pagmamahal sa lahing kinagisnan.



**ARRA-LA  
GZ-L-L  
NANNU-P-L  
P**

## ANG PILIPINAS: KASAPI NG PANDAIGDIGANG SAMBAYANAN

*core message: Ang Pilipinas ay kasapi ng pandaigdigang sambayanan ng mga bansa na nagtutulungan at nakikipag-ugnayan sa isa't isa upang matamo ang kaunlaran.*

*learning competency: Nasusuri ang kahulugan ng patakarang panlabas ng bansa*

Mayroong kasabihan sa wikang Ingles na "*no man is an island*". Walang taong nabubuhay na nag-iisa. Ang kasabihang nabanggit ay angkop na nagsasalarawan, hindi lamang ng ugnayan ng tao sa kapwa, kundi pati na rin ng ugnayan ng mga bansa bilang kasapi ng pandaigdigang sambayanan. Kailangan ang pagtutulungan ng bawat bansa upang umunlad at mapanatili ang pagsulong ng buhay.

Bawat bansa ay may kanya-kanyang angking yaman at katangian. Iba-iba rin ang kanilang mga pangangailangan upang umunlad. May mga bansa na sagana sa likas yaman at may mga bansa na, bunga ng kanilang heograpiya, ay kapos o walang likas yaman. Mayroon mga bansa na nangunguna sa paggawa, pangangalakal at modernong teknolohiya at mayroong ding nahuhuli sa pag-usad ng modernisasyon. May mga bansang mayaman sa lakas-tao at mayroon namang nangangailangan ng dagdag na mga manggagawa upang mapanatili ang pag-unlad nito. Ito ay ilan lamang sa mga dahilan kung bakit kailangan ng pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang bansa sa daigdig. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagkalakalan ng mga bansa sa isa't-isa, natutugunan ang mga pangangailangan ng mga bansa na bunga ng kanilang mga nagkakaiba-ibang taglay na angking yaman at katangian.

Ang mabuting pagkakaunawaan ng mga bansa ay lalo pang pinagtibay ng pagbuo ng samahan ng mga bansa. Ang Pilipinas ay kabilang sa mga bansang kasapi ng mga pandaigdigang samahan. Ito ay miyembro ng *United Nations (UN)*, *Association of South East Asian Nations (ASEAN)*, *Asia Pacific Economic Cooperation (APEC)* at iba pa.

Pinahalalagahan ng Pilipinas ang kanyang ugnayan sa ibang bansa sa pamamagitan ng pagbuo ng patakarang panlabas na nagsasaalang-alang sa pambansang soberanya, integridad ng kanyang lupang sakop, kapakanang pambansa, at karapatan sa sariling pagpapasya. Ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansa ay nakasalig sa pagkilala sa dignidad ng kanyang mamamayan, maging ito man ay nasa loob ng sariling bansa o nasa ibang bansa.

Iba't-iba ang uri ng ugnayang namamagitan sa mga bansa para sa pagkakamit ng kanilang pagsulong at pag-unlad tulad ng ugnayang pangkabuhayan, panlipunan, pangkalinangan, pandiplomatiko at pangrehiyon. Tulad ng ibang bansa, ang Pilipinas ay may sariling simulain at patakaran hinggil sa ugnayang panlabas at iba pang aspeto ng pamayanan. Alinsunod dito, mayroong mga batas na itinakda upang malinaw na ipahayag ang mga hangarin at layunin ng pakikipag-ugnayan nito sa ibang bansa.

Isa sa mga mahahalagang usapin sa ugnayang panlabas ay ang aspeto ng migrasyon. Bawat bansa ay may sariling tugon dito ayon sa kanyang batas at alituntunin. Sa Pilipinas, ang simulain at patakaran tungkol sa pandarayuhan ng kanyang mamamayan, lalo na ng paghahanapbuhay sa ibang bansa, ay ipinahahayag sa *Republic Act 8042*, na nilagdaan noong Hunyo 7, 1995.

Ang *RA 8042* ang nagtatakda ng simulain at patakaran ng pamahalaan tungkol sa paghahanapbuhay sa ibang bansa at pagtataguyod sa kapakanan ng mga Pilipino sa ibang bansa na nangangailangan ng tulong. Ito ay naglalayon na itaas ang antas ng paghahanapbuhay sa ibang bansa upang mabigyan ng karampatang proteksiyon ang mga mandararyuhang Pilipino. Inilalahad sa *RA 8042* na ang Pilipinas ay magkakaloob ng buong proteksyon sa kanyang mga manggagawa sa loob at labas ng bansa, maging ito man ay organisado o hindi, at magtataguyod ng kapakanan ng paghahanapbuhay at pantay-pantay na pamamahagi ng pagkakataon sa paggawa para sa lahat ng mamamayan. Alinsunod dito, ang pamahalaan ay nagkakaloob rin ng sapat at napapanahong paglilingkod sa larangan ng kagalingang panlipunan, aspeto ng ekonomiya, at programang pampulitika para sa mga Pilipino sa ibayong dagat.

Kabilang sa mga patakaran ng RA 8042 ay ang hindi nito pagtaguyod sa pagpapadala ng mga Pilipino sa ibang bansa upang maghanapbuhay bilang isang paraan sa pagpapanatili ng pag-unlad ng ekonomiya ng bansa. Ang paghahanapbuhay sa ibang bansa ng mga Pilipino ay nakasalalay sa patakaran na pagbutihin ang uri ng pamumuhay at itaguyod ang karapatang pantao at kagalingan ng mamamayang Pilipino, saan man siya naroroon. Ang pamahalaan, ayon sa Saligang Batas, ay susuportahan ang sektor ng paggawa at pagtataguyod ng makatarungang pamamahagi ng kita, kayamanan, at pantay na distribusyon ng bunga ng kaunlaran para sa lahat ng mamamayan.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Napahahalagahan ang mga patakarang panlabas ng bansa

#### B. Tiyak

1. Nabibigyang kahulugan ang pakikipag-ugnayang panlabas
2. Natatalakay ang mga patakarang panlabas ng Pilipinas kaugnay ng pandarayuhan
3. Napahahalagahan ang pagkakaroon ng mabuting patakarang panlabas ng bansa

### II. Paksa: Ang Pilipinas: Kasapi ng Pandaigdigang Sambayanan

Sanggunian	:	Teksto ng Aralin
Kagamitan	:	Mga larawan ng pagtutulungan ng mga bansa ASEAN posters APEC posters UN posters
Takdang Panahon	:	1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Balik-aral

Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod:

ASEAN	DFA
NAFTA	OPEC
UN	APEC

#### B. Paglinaing ng Aralin (Malayang talakayan)

1. Lunsaran: Magpakita ng mga ginupit na larawan, poster o balita mula sa mga lathalain at pahayagan tungkol sa mga pandaigdigang kasapian tulad ng APEC, UN, at ASEAN.
2. Tanong: Anu-ano ang nagagawa ng pagiging miyembro ng mga pandaigdigang kasapian para sa kasaping bansa?



#### C. Gawain

1. Ipasuri sa mga bata ang mga patakaran ng Pilipinas kaugnay ng pandarayuhan.
2. Pangkatin ang klase sa tatlo. Pag-usapan ng bawat pangkat ang sumusunod:

Unang pangkat	Anu-ano ang mabubuting dulot ng kasalukuyang patakaran ng Pilipinas sa pandarayuhan?
Ikalawang pangkat	Anu-ano ang mga maaaring hindi mabuting dulot sa Pilipinas ng mga patakaran nito sa pandarayuhan?
Ikatlong pangkat	Anu-ano ang mga dapat isaalang-alang ng bansa upang lalo pang mapabuti ang patakaran ng bansa hinggil sa pandarayuhan?

3. Ipaulat ang resulta ng *brainstorming* sa klase.

D. Paglalahat (Dugtungan ang pangungusap)

Hindi itinataguyod ng Pilipinas ang pagpapadala ng mga Pilipino bilang mga manggagawa sa ibang bansa sapagkat \_\_\_\_\_.

E. Pagpapahalaga

Bakit mahalagang magkaroon ng mabuting ugnayang panlabas tungkol sa pandarayuhan?

F. Pagtataya

Sa kalahating bahagi ng papel, sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang kahulugan ng pakikipag-ugnayang panlabas?
2. Ipaliwanag ang mabuti at di mabuting dulot kung walang mga patakarang panlabas.
3. Sumulat ng 2 patakarang panlabas na sa palagay mo ay mahalaga.
4. Ipaliwanag ang kahalagahan ng mga ito.

G. Pagpapayaman ng Aralin

Gumupit ng *clippings* sa pahayagan tungkol sa mga pakikipag-ugnayang panlabas na isinasagawa ng Pilipinas. Ipagawa sa mga mag-aaral bilang proyekto.

**IV. Takdang Aralin**

Isa-isahin ang mga samahang panrehiyon sa Asya na kasapi ang Pilipinas. Itala ang mga layunin ng mga samahan na nagpapatibay ng ugnayang panlabas.

**MUNGKAHING ISTRATEHIYA**

Ang sumusunod ay mga mungkahing istratehiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

**A. Slow**

1. Talakayan: Magbigay ng maraming halimbawa.  
Ipasadula sa klase.
2. Maliban sa mga larawan na gagamitin sa pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng leksyon, lubhang kinakailangan ring gumamit ng mga makabuluhang larawan at babasahin (sa Filipino) na ang ulo o pamagat ay makakatulong sa talakayan ng patakarang panlabas ng Pilipinas kaugnay ng pandarayuhan.
3. Humingi ng reaksyon sa mga mag-aaral tungkol sa mga larawan o *poster* na ipinakita ukol sa patakarang panlabas ng bansa.
4. Humingi ng puna/reaksyon sa mga mag-aaral tungkol sa mga eksenang napanood.
5. Magpagawa ng mga *picture collage* ukol sa mga Pilipinong nandarayuhan.
6. Paksa: Ang pagbibigay kahulugan ay dapat na linawin sa mga mag-aaral upang lalong maintindihan.
7. Gawain: Magbigay ng paliwanag tungkol sa mga patakarang ito. Magbigay din ng mga gabay na tanong tungkol sa paksa.

8. Paglalahat: Mas mabuti kung gumamit ng tsart tungkol sa mga ulat ng mga mag-aaral para maging malinaw ang isyu. Ang mga mag-aaral ang dapat na bumuo ng paglalahat sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na paglalahat batay sa mga ibinigay na kaisipan.
9. Gumawa ng isang talahanayan na kung saan susuriin ng mga mag-aaral ang mga patakarang panlabas ng bansa kaugnay sa pandarayuhan. Mula rito ay kanilang mahihinuha ang mga mabubuti at di-mabubuting dulot ng pandarayuhan sa ibang bansa.
10. Pamamaraan: Pagsagot sa mga *structured questions*

### B. Middle

1. Maaaring maghanda ng isang tsart kung saan mailalagay ang mga ideya/reaksyon ng mga mag-aaral. Hikayatin ang mga mag-aaral na maglahad ng kanilang mga kasagutan sa pamamagitan ng mga makabuluhang tanong na magsisilbing gabay nila sa pagtatamo ng mga bagay na nakasaad sa layunin.
2. Bumuo ng mga pangkat na mag-uulat ukol sa nilalaman ng R.A. 8042.
3. *Role playing* kaugnay ng mga Pilipinong nandarayuhan
4. Ipasalaysay ang mga personal na karanasan ukol sa pandarayuhan.
5. Magpa-interbyu sa mga mag-aaral ng kanilang kamag-aral na nagkaproblema sa iskuwela dulot ng pandarayuhan ng mga magulang (OFW).
6. Gawain:
  - a. Hatiin ang klase sa dalawang pangkat.
  - b. Ang unang pangkat ay isasadula ang mabuting epekto ng patakarang panlabas ng bansa kaugnay ng pandarayuhan.
  - c. Ang ikalawang pangkat ay isasadula ang hindi mabuting epekto na patakarang panlabas ng bansa kaugnay ng pandarayuhan.

### C. Bright

1. *Brainstorming*
2. Pamamaraan: *Tri-question approach* para sa malayang pag-aaral
3. *Newscasting* o pagbabalita ukol sa nilalaman ng R.A. 8042 (Patakarang panlabas ng bansang Pilipinas)
4. Magpasaliksik sa mga kasong pag-aaral (*case studies*) kaugnay ng mga aktuwal na pangyayari sa pandarayuhan.
5. Humingi ng indibidwal na mungkahi upang mapabuti ang mga patakarang panlabas ukol sa pandarayuhan.
6. *Buzz session*:
  - a. Hatiin ang klase sa maliit na grupo na binubuo ng 10 pababa ang bilang.
  - b. Papiliin ang bawat pangkat ng kanilang *leader at reporters*.
  - c. Bigyan ng takdang oras ng talakayan sa paksang napili ng pangkat.
  - d. Ipasulat sa *reporter* ang lahat ng ideya.
  - e. Ipabasa sa klase ang mga naitalang ideya.
  - f. Magkaroon ng malayang talakayan ang buong klase.
7. Talakayang panel
8. Simulasyon (*Simulation*)
9. Pagbuo ng *Scenario*

## KABAYAN, SAAN KA PUPUNTA?

*core message:* Ang malawak na kaalaman ukol sa paghahanapbuhay sa ibayong dagat at mapanuring kapasiyahan ukol sa pangingibang-bansa ang huhubog ng mga manggagawang makapangyayari at di pwedeng alipustahin.

*learning competency:* Nasusuri ang mga suliraning panlabas na kasalukuyang hinaharap ng bansa

May tatlong dekada na ang nakalilipas nang sa ilalim ng dating Pangulong Ferdinand E. Marcos ay pormal na inilunsad ang *Overseas Employment Program*, isang patakaran tungkol sa pagtatrabaho ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong-dagat. Ang programang ito ay isa sa mga tinatawag na *stop-gap measure* o panakip butas bilang pansamantala at panandaliang tugon sa krisis na kinakaharap ng bansa sa pagtatapos ng dekada 70 hanggang sa maagang yugto ng dekada 80.

Nagkataon naman na ang pagpapadala ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa ay tumugon din sa malaking pangangailangan para sa lakas paggawa ng mga bansa sa Gitnang Silangang Asya tulad ng Saudi Arabia, Kuwait, Bahrain, at Qatar. Natugunan naman nito ang problema ng Pilipinas na nagkaroon ng *surplus labor* o sobrang bilang ng lakas paggawa bunga ng kawalan ng oportunidad na makahanap ng empleyo sa loob ng bansa noong panahong iyon.

Sa paglipas ng mga taon, lalo pang dumami ang mga kababayan nating umaalis ng Pilipinas upang maghanapbuhay sa ibang bansa. Ang dating panandaliang solusyon sa isang suliranin ng bansa ay naging isang permanenteng katangian ng ating paggawa. Lumalabas na matindi pa rin ang pagnanasa ng mga Pilipino na makipagsapalaran sa ibang bansa. At hangga't may nagnanais na magtrabaho sa ibang bansa, magpapatuloy ang pandarayuhang ito ng ating mga kababayan.

Maraming dahilan kung bakit malakas pa rin ang hatak ng pagtatrabaho sa ibang bansa sa mga Pilipino. Ayon sa isang pag-aaral na isinagawa ni Dr. Elena Samonte ng Unibersidad ng Pilipinas noong 1995, ang pinakamadalas na dahilan ay pinansyal. Lumalabas na malaking bilang ng mga manggagawa ang nagsasabing ang mataas na sahod ang pangunahing dahilan kung bakit sila nagtrabaho sa ibang bansa. Kaugnay nito, ang kagustuhang makaipon, ang pagtulong sa mga magulang at kapatid, at ang kagustuhang mabili ang mga kagamitan na kanilang kailangan o naisin ay mga dahilan ding nabanggit sa likod ng pagtatrabaho sa ibang bansa.

Lumalabas din sa pag-aaral na ito na ang pangunahing bentaha o kabutihang naidudulot ng pagtatrabaho sa ibang bansa ay ang pagsahod ng sapat o higit pang salapi upang maisakatuparan ng mga manggagawa ang kanilang mga pangarap at mapaunlad ang kanilang pang-ekonomikong kalagayan. Ang mga sumusunod pang nabanggit na kabutihang dulot ng pagtatrabaho sa ibang bansa ay ang pagkakataon na makapaglakbay sa ibang bansa; at ang marating ang iba pang lugar sa daigdig at maranasan ang bagong kultura, klima, mga tao, at sitwasyon sa dayuhang bansa.

Ang mga pangunahing disbentaha o mga di-mabuting idinudulot ng pagtatrabaho sa ibang bansa ay ang pagkakaroon ng problema sa lugar na pinagtatrabahuhan at sa mismong *employer* ng manggagawa; sumunod naman ay ang pagkawalay ng manggagawa sa kanyang pamilya at mahal sa buhay; at ang pakikibagay sa dayuhang kultura at kapaligiran.

Ang pagtatrabaho sa ibang bansa ay may malaking epekto para sa nandarayuhang Pilipino, sa kanyang kamag-anak o pamilya at para sa bansa. Sa aspetong pansarili at pampamilya ng manggagawa, bagamat nagiging daan niya ang pagtatrabaho sa ibang bansa upang kumita ng malaking salapi, nakakaranas naman siya ng pangungulila sa pamilya. Kadalasan, nagiging dahilan ang pagkawalay ng manggagawa sa kanyang mga mahal sa buhay upang masira ang pamilya o relasyon ng iniwan niya sa Pilipinas. Habang sa isang banda ay nakakatulong sa paglaki ng ating mga reserbang dolyar ang mga padalang pera ng ating mga manggagawa sa ibang bansa, hindi mapakinabangan

ng ating bayan ang lakas-paggawa, talino at galing ng kanyang mamamayan dahil ito ay nagtatrabaho para sa ikauunlad ng dayuhang bansa.

Ang *Philippine Overseas Employment Administration* (POEA) ay isang sangay ng *Department of Labor and Employment* (DOLE) na nagpapatupad ng mga programang naglalayong mabigyan ng sapat na kahandaan at wastong kaalaman ang mga Pilipinong nagnanais magtrabaho sa ibang bansa. Ang mga programa at polisiya ng POEA ay ipinatutupad sa harap ng katotohanan na ang pagtatrabaho sa ibang bansa ay isang penomenon ng lipunang Pilipino na kinakailangang tugunan ng pamahalaan upang mapangalagaan ang kanyang mga manggagawa.

Upang maihanda ang mga manggagawa na magtatrabaho sa ibang bansa, sumasailalim sila sa mga *training at special orientation* tulad ng *pre-departure orientation seminar* para sa mga manggagawang paalis na upang magtrabaho sa ibang bansa, at *pre-employment orientation seminar* naman para sa mga manggagawang nagbabalak pa lamang na magtrabaho sa ibang bansa.

Ang mga programang ito ng POEA ay ginagabayan ng tinatawag na *full-disclosure policy* na naglalayong magbigay ng makatotohanan, balanse at tamang impormasyon tungkol sa pandarayuhan ng mga manggagawa. Layunin ng polisiyang ito na mabigyang-gabay ang mga Pilipinong patungo sa ibang bansa higgil sa mga batas, kultura at mga patakaran sa paggawa ng bansang kanilang patutunguhan, at maging sa mga prosesong dapat nilang isagawa bago umalis, pagkarating at habang namamalagi sa bansang iyon. Hinihikayat din ng mga programa at polisiya ng POEA na suriing mabuti ng manggagawa ang kanyang personal na kakayahan, kahinaan at kahandaan sa pagharap sa mga problemang maaaring maranasan niya sa ibang bansa bago siya magdesisyon na magtrabaho doon.

Isa pang patakarang ipinatutupad ng POEA ay ang tinatawag na *selective deployment policy*. Ang polisiyang ito ay naglalayong protektahan ang mga manggagawang nalilinya sa mga tinatawag na *vulnerable skills* tulad ng mga *domestic helpers, entertainers, mangingisda* at iba pa; at ang mga manggagawang patungo sa mga bansa na walang sapat na mekanismo sa kanilang mga batas para protektahan ang karapatan ng mga dayuhang manggagawa. May mas mataas na pamantayan ng rekrutment para sa mga uri ng trabahong ito at sa mga destinasyong bansa na kung saan maaaring maabuso ang ating mga manggagawa. Mas mahigpit ang mga pamantayan sa edad, at antas ng pinag-aralan ng aplikante. Dapat rin na akma ang kakayahan ng manggagawa sa aktuwal na pangangailangan ng trabaho.

## **MUNGKAHING BANGHAY ARALIN**

### **I. Layunin**

#### **A. Panlahat**

Nasusuri ang mga salik na may kinalaman sa pangingibang-bayan ng mga manggagawang Pilipino

#### **B. Tiyak**

1. Naipapaliwanag ang dahilan sa pangingibang-bayan ng mga manggagawang Pilipino
2. Naiisa-isa ang mga epekto na dulot ng pangingibang-bayan ng mga manggagawang Pilipino
3. Nabibigyan puna ng mga mag-aaral ang kabutihan at di-kabutihan ng pangingibang-bayan ng mga manggagawang Pilipino
4. Nakapagpapasiya ng buong katalinuhan sa paghahanapbuhay sa ibayong dagat

### **II. Paksa: Kabayan, Saan Ka Pupunta?**

Sanggunian	:	Mga estadistika ng Pilipinong manggagawa sa ibang bansa ( <i>Module Annex</i> )
Kagamitan	:	mga larawan
Takdang Panahon	:	1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Balik-aral/Pagsasanay

#### B. Paglinang ng Aralin

##### 1. Lunsaran

- a. Tanungin ang mga mag-aaral kung may magulang, kapatid, o kamag-anak silang nagtatrabaho sa ibang bansa at kung saan-saan sila nagtatrabaho.
- b. Ipakita ang isang tsart kung saan nakalagay ang mga bansang kadalasan ay pinupuntahan ng Pilipino upang magtrabaho. Ipaliwanag ngayon kung paano nangyaring sa mga bansang ito nagpunta ang malaking bilang ng mga Pilipino.

##### 2. Mga Gawain

- a. Tanungin ang mga mag-aaral kung nais din nilang magtrabaho sa ibang bansa. Hatiin ngayon ang klase sa pagitan ng mga sumagot ng oo at ang mga sumagot ng hindi sa katanungang ibinigay.
- b. Magpagawa sa bawat grupo ng listahan ng mga mabuti at di-mabuting idinudulot ng pangangibang bansa.

Ang Mabuting Dulot ng Pagtatrabaho Sa Ibang Bansa	Ang Di-Mabuting Dulot ng Pagtatrabaho Sa Ibang Bansa
hal. 1. dolyar na kita 2. bagong lugar 3. bagong kultura 4. 5.	hal. 1. pangungulila 2. paagkalimot sa pagka-Pilipino 3. pagkawalay sa minamahal 4. 5.

- c. Ipasulat sa mga mag-aaral ang mga nakasulat sa talahanayan sa pisara. Paghambingin ang mga nakasulat sa talahanayan ng mabuti at di-mabuting dulot ng pagtatrabaho sa ibang bansa.

#### C. Paglalahat

1. Tanungin ang mga bata kung ano ang natalakay sa paksa.
2. Magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga di-mabuting dulot ng pangangibang bansa ayon sa ulat ng mga mag-aaral at batay rin sa impormasyong nilalaman sa introduksyon ng aralin.

#### D. Paglalapat

Ano ang kahalagahan ng kaalaman at kahandaan tungkol sa pagtatrabaho sa ibang bansa?

#### E. Pagtataya

Isulat ang T sa patlang kung ang pangungusap ay tama at M kung ang pangungusap ay mali.

- \_\_\_ 1. Ang sinuman ay may karapatang magtrabaho saan mang lugar niya nais.
- \_\_\_ 2. Kailangang maging handa at magkaroon ng sapat na kaalaman ang nagnanais na magtrabaho sa ibang bansa.
- \_\_\_ 3. Ang kagustuhang kumita ng salapi ang pangunahing dahilan kung bakit pumupunta sa ibang bansa ang mga Pilipino.

#### F. Pagpapayaman ng Aralin

Magsagawa ng *on-the-spot* na pakikipanayam sa isang OFW sa kanyang mga karanasan sa paghahanapbuhay sa ibang bansa. Itala ang mabuti at di-mabuting karanasan.

### IV. Takdang Aralin

Sumulat ng talata na pinamagatang "Ang Maghanapbuhay sa Ibang Bansa."



## MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahang mag-aaral:

### **A. Slow**

1. *Story-telling* sa mga karanasan ng isang *OFW*
2. Para sa may kahinaan maaaring gamitan ng tama o mali/pagpipili.
3. Layunin:  
Dalawang layunin lamang ang talakayin para makuha sa isang sesyon. Ang iba pang layunin ay ipagpatuloy sa ika-2, ika-3 or ika-4 na sesyon bilang pagpapayaman.
4. Pamamaraan:  
Sa lunsaran, ipaawit ang "*No Man is an Island*" at ipaliwanag ang ibig ipakahulugan ng awitin. Itala sa *manila paper* ang mga araling tatalakayin at ipaliwanag ng isa-isa. Ang Paglalahat, Pagpapahalaga at Pagtataya ay ipagpatuloy sa ikalawang sesyon.
5. Ipaisa-isa ang mga epekto ng paghahanapbuhay sa ibayong dagat.
6. *Ipa-role play* ang ilan sa mga dahilan sa pangingibang bayan.
7. Magpagupit ng mga *news items* tungkol sa mga nagtatrabaho sa ibayong dagat.

### **B. Middle**

1. Karagdagang kaalaman/Pagpapayaman ng aralin:  
*On-the-spot* na pakikipanayam sa isang *OFW* sa kanyang mga karanasan sa paghahanap buhay sa ibang bansa.
2. Gamitan ng pagpipili o tama-mali.
3. *Brainstorming* - ang pag-uulat ng resulta ng *brainstorming* ay gawin sa ikalawang sesyon.
4. Magbigay-buhay sa mga kuwento mula sa POEA komiks.

### **C. Bright**

1. Dagdagan ng *discussion* pagkatapos.
2. Maganda ang mga nilalaman ng teksto para sa kaalaman ng mga kabataan sa unang baitang ng haikul, ngunit may ilang layunin na pinalitan/binago upang iangkop sa mga aralin sa teksto. May mga layunin din na kailangang baguhin o palitan ang ilang salita upang maging *specific* at maunawaan.
3. Gamitan ng mapanuring katanungan tulad ng bakit at paano ang pagtataya.
4. *Brainstorming* - Ang pag-uulat ng resulta ng *brainstorming* ay gawin sa ikalawang sesyon.
5. Pagsasadula
6. Pagtatalo o *debate*: Dapat bang mangibang bansa ang ating mga manggagawang Pilipino?
7. Pag-aaral sa isang kaso na may kinalaman sa mga karanasan ng OFWs.

## WANTED: ILLEGAL RECRUITER

*core message: Mag-ingat sa ilegal na nangangalap ng mga manggagawa para sa ibang bansa.*

*learning competency: Nasusuri ang mga suliraning panlabas na kasalukuyang hinaharap ng bansa*

Dahil sa patuloy na pangangailangan sa mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa noong 1970s, maraming nagtayo ng mga pribadong ahensiya sa Pilipinas na ang tanging layunin at gawain ay mangalap at pumili ng mga manggagawang ipadadala sa ibang bansa. Ang mga pribadong ahensiyang ito ay pinagkalooban ng kapangyarihan o lisensiya ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* sa pamamagitan ng *Philippine Overseas Employment Administration (POEA)*.

Dahil maraming mga Pilipino na nagnanais magtrabaho sa ibang bansa at patuloy ang pangangailangan ng mga dayuhang manggagawa sa iba't-ibang bansa, ang pangangalap ng mga manggagawa ay naging isang malaking industriya sa Pilipinas. Naging isang uri ng kalakal ang *recruitment* o pangangalap ng mga taong magsisilbing manggagawa sa ibang bansa dahil sa patuloy na tumataas at dumarami ang pangangailangan dito. Ayon sa tala ng POEA, noong taong 1986 ay mayroong 378,214 na mga Pilipinong manggagawa na ipinadala sa ibang bansa. Pagkaraan ng isang dekada, halos doble ang bilang ng mga Pilipinong nangibang bansa upang maghanapbuhay. Mayroong 660,122 ang ipinadalang Pilipino na magtatrabaho sa ibang bansa ng taong 1996. Ang mga estadistikang ito ay kumakatawan sa bilang ng mga Pilipinong manggagawang umaalis sa ligal na pamamaraan sa pamamagitan ng may mahigit sa isang libong lisensiyadong pribadong ahensiya.

Sa kabilang dako ay may mga tao na nagsasamantala sa mga Pilipinong nagnanais na makarating at magtrabaho sa ibang bansa. Marami ang nagiging biktima ng ilegal na pangangalap ng mga manggagawa sa ibang bansa. May nagbabayad ng malaking halaga makaalis lamang ng bansa. May nababaon na sa utang at nakapagsasangla ng kanilang kabuhayan at ari-arian makarating lamang sa ibang bansa upang maghanapbuhay.

Naglipana ang mapagsamantalang *recruiter* na walang hinangad kundi kumita para sa kanyang kapakanan kahit na ito ay magdulot ng kasawian sa kanyang mga biktima. Karamihan, pagkaraang magbigay ng malaking halaga sa *illegal recruiter*, ay tinatakbuhan at hindi pa rin nakakaalis ng Pilipinas. Kung makaalis man, higit ang mga suliraning kakaharapin ng manggagawang ito sa bansang pinuntahan dahil maaaring huwad ang kanyang mga dalang papeles, o napakaliit ng kanyang tinatanggap na sahod.

Bilang pagpuksa sa mga ganitong gawain at upang masawata ang mga pangyayaring ito sa lipunan ay minarapat ng pamahalaan na pumasok at makialam. Kaugnay nito, mayroong mga ahensiya ng pamahalaan na magkakabalikat na kumikilos upang puksain ang *illegal recruitment*. Sa pamamagitan ng *RA 8042 Sec. 7*, ang mga *illegal recruiter* ay maaaring isuplong at makulong.

Bagamat mayroong batas na itinakda upang masugpo ang *illegal recruitment*, ang bawat nagbabalak na makarating sa ibang bansa ay dapat mag-ingat at mag-isip nang mabuti bago sumuong sa nagbabantang panganib. Suriing mabuti ang ganitong kalagayan at magtanong o humingi ng payo sa kinaukulan. Nakasalalay sa sariling mga kamay ang kapalarang naghihintay sa paroroonang bansa.

Sino ang *illegal recruiter*? Sila ay mga taong walang lisensiya at pahintulot na:

1. makapag-*canvass*, makapangalap o makapanguntrata ng mga manggagawa para sa ibang bansa;
2. magbigay ng *referral* sa mga aplikante o magpabayad ng serbisyo sa pagsasaayos ng mga dokumento;
3. magpaanunsiyo ng mga trabahong pang-ibayong dagat at humingi ng kabayaran bilang *processing fee*;
4. magpalabas ng mga dokumento at impormasyon ukol sa pagtatrabaho sa ibang bansa; at
5. makapangalap ng mga manggagawa kahit na siya ay ahente ng isang lisensiyadong ahensiya ngunit walang *Special Power of Attorney* na aprobado sa POEA.

Mga Pamamaraan o *modus operandi* na ginagamit ng *Illegal Recruiter*:

1. Sa pamamagitan ng paglalakad at pag-aareglo ng mga dokumento. Sinasabi niya na madali siyang makakakuha ng dokumentong makapagpapaalis agad sa manggagawa.
2. Panghihikayat sa mga aplikante na magpalista sa mga *training center* at *promotions company*.

3. Pagpapaanunsiyo sa peryodiko. Hihikayatin ang aplikante na ipadala ang sagot sa P.O. Box, kalakip ang salapi para umano sa pagsasaayos ng papeles.
4. Pangangalap sa paraang *direct hire*, bagay na di nangangailangan ng lisensiya sa POEA. Hindi dapat magtiwala sa ganito sapagkat hindi magkakabisa ang pangangalap sa paraang ito kung hindi magdaraan sa lisensiyadong ahensiya o sa POEA.
5. Mangangalap siya ng mga aplikante habang ang kanyang lisensiya o pahintulot na mangalap ay kanselado o suspendido.

Madalas na maging biktima ang mga tao na:

1. Madaling maniwala sa matatamis na pananalita; at
2. Gustong mapabilis ang kanilang pag-alis nang hindi dumadaan sa ligal na proseso.

Epekto sa Biktima

1. pagkasira ng samahan sa pamilya
2. paghihirap
3. pagpapatiwakal o pagpapakamatay
4. pagkasira ng matinong pag-iisip
5. kawalan ng mapagkukunang hanapbuhay

Batas na Nagpaparusa: *Republic Act 8042 Sec. 7 (Penalties)*

- a. *Any person found guilty of illegal recruitment shall suffer the penalty of imprisonment of not less than six (6) years and one (1) day but not more than twelve (12) years and a fine of not less than Two Hundred Thousand Pesos (P200,000.00) or not more than Five Hundred Thousand Pesos (P500,000.00).*
- b. *The penalty of life imprisonment and a fine of not less than Five Hundred Thousand Pesos (P500,000.00) or not more than One Million Pesos (P1,000,000.00) shall be imposed if illegal recruitment constitutes economic sabotage.... Provided, however, that the maximum penalty shall be imposed if the person illegally recruited is less than eighteen (18) years of age or committed by a non-licensee or non-holder of authority.*

*If illegal recruitment is committed by 3 or more persons or by a single person who has victimized 3 or more workers, the penalty is life imprisonment and a fine of not less than P500,000.00 or not more than P1,000,000.00.*

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Nasusuri ang kahulugan ng patakaran ng bansa tungkol sa *illegal recruiter*

#### B. Tiyak

1. Naipaliliwanag ang kahulugan ng *illegal recruiter*
2. Natutukoy ang mga *modus operandi* na isinasagawa ng mga *illegal recruiter*
3. Napahahalagahan ang mga batas na ipinapatupad sa pagsugpo sa mga *illegal recruiter*

### II. Paksa: Wanted: Illegal Recruiter

Sanggunian	:	<i>Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995 (Module Annex)</i>
Mga Kagamitan	:	kartolina (nasusulat ang iba't-ibang suliranin sa lipunan), <i>manila paper</i> , pisara, tisa, pandikit
Takdang Panahon	:	1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Balik-aral

1. Tumawag ng 7 mag-aaral at ipadikit sa pisara ang mga kartolinang nasusulatan ng ibat-ibang krimen o suliranin sa lipunan. Tiyakin na ang mga krimen na ito ay may elemento ng panloloko tulad ng *estafa, falsification of public documents*, atbp.
2. Matapos itong maipaskil o maidikit, itanong sa mga mag-aaral kung anu-ano ang mga bagay na nakasulat sa kartolina.
3. Ituon ang talakayan sa isyu ng panloloko.

#### B. Paglinang ng Aralin

1. Lunsaran: *Puzzle* (pagbuo ng salita)
  - a. Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga pira-pirasong letra o titik na nakadikit sa ilalim ng kanilang upuan at ipabuo ang salitang kanilang mabubuo sa mga titik. (*illegal recruitment*)
  - b. Matapos mabuo itanong sa mga mag-aaral kung ito ba ay suliraning kinakaharap ng ating bansa ngayon.
2. Mga Gawain: *Role Playing*
  - a. Isulat ang mga sumusunod na sitwasyon sa pirasong papel na maaaring isadula ng mag-aaral:
    - a.1 isang taong walang permit ang nangangalap ng mga magtatrabaho sa ibang bansa
    - a.2 isang pamilya na naloko ng *illegal recruiter* na naibenta ang mga ari-arian
    - a.3 *recruiter* na nahuli sa kanyang iligal na gawain at idedemanda sa korte
  - b. Pumili ng 15 mag-aaral at pangkatin sa tatlo na magsasadula o magsasabuhay ng mga sitwasyong nabanggit.
  - c. Matapos ang *role playing*, ipatala sa pisara sa mga mag-aaral ang nasaksihan at ipatalakay ng buong talino.
3. Mga Gabay na Katanungan
  - a. Ano ang kahulugan ng *illegal recruiter*?
  - b. Paano nila nakukumbinsi ang kanilang mga nagiging biktima?
  - c. Sinu-sino ang karaniwang nagiging biktima ng *illegal recruiter*? Bakit?
  - d. Anu-anong batas ang itinakda ng pamahalaan upang masugpo ang mga *illegal recruiter*? Ano ang kaparusahan ng isang *illegal recruiter*?

#### C. Paglalahat

Ipabuod sa mga mag-aaral ang paksang tinalakay. Halimbawa: Dapat na mag-ingat ang mga tao sa *illegal recruiter* upang mapuksa ang masasamang elemento ng lipunan.

#### D. Pagpapahalaga

Kung ikaw ang pinuno ng pamahalaan, parurusahan mo ba ang mga *illegal recruiter* na ito? Bakit?.

#### E. Pagtataya

Suriing mabuti ang mga katanungan. Piliin ang tamang sagot, at isulat ang titik lamang:

1. Ang tawag sa taong nagkaka-*canvass*, nangangalap o nangunguntrata ng mga manggagawa na walang lisensiya ay isang *illegal* \_\_\_\_\_.
  - a. *logger*
  - b. *recruiter*
  - c. *fisherman*
2. Alin ang hindi kasama sa pangkat?
  - a. Tao o ahensiya na nagpapaalis ng mga manggagawang nagtataglay ng palsipikadong papeles

- b. Humikayat sa mga aplikante na ipadala ang sagot sa P.O. Box na kalakip ang salapi para umano sa pagsasaayos ng papeles
  - c. Ang pagkalap ng isang lisensyadong ahensya ng mga manggagawang ipadadala sa ibang bansa
3. Ayon sa batas (RA 8042), ang isang taong napatunayan na *illegal recruiter* ay maaaring maparusahan ng pagkakakulong ng 6 na buwan hanggang 12 taon at pagbabayaran ng multa na P200,000.00 hanggang P500,000.00.
    - a. totoo
    - b. di-totoo
    - c. walang batayan
  4. Bakit may mga nabibiktima ng *illegal recruiter*?
    - a. hindi kumukonsulta sa tamang ahensiya ng pamahalaan
    - b. naniniwala sa sabi-sabi at hindi tinitiyak kung legal ang pamamaraan ng paghahanap ng trabaho sa ibang bansa
    - c. a at b
  5. Ano ang maaaring mangyari sa mga nagiging biktima ng *illegal recruiter*?
    - a. masiraan ng bait at mawasak ang pamilya
    - b. kahirapan sanhi ng pagkawala ng ari-arian
    - c. matagumpay na pamumuhay at masayang pamilya

#### IV. Takdang Aralin

Gumupit ng *news report* sa dyaryo ukol sa mga hinaharap ng mga babaeng mandarayuhan.

### MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### A. *Slow*

1. Lunsaran: *Puzzle*  
Mahirap itong maisakatuparan para sa mahihinang mag-aaral. Magsagawa ng ibang lunsaran.
2. Mga gawaing *role playing*  
Bigyan ang mga mahihinang mag-aaral ng unang pagkakataon sa pagpili ng mga sitwasyon para i-*role play*.
3. Magpalabas ng pelikula tungkol sa masamang epekto ng *illegal recruitment*, pang-aabuso sa OFWs, at ang epekto ng mga ito sa pamilya ng biktima.
4. Lunsaran: Magpalahad ng balita tungkol sa OFW. Magpabasa ng tula ukol sa OFW.
5. Mag-imbata ng *resource speaker* na siyang magsasalita ukol sa *illegal recruitment*.
6. Magpabalita ng isang panayam sa OFW na may di-mabuting karanasan sa pangigingibang bansa at kunin ang reaksiyon ng mga mag-aaral. Maghanda ng mga katanungan para sagutin ng grupong nagsagawa ng panayam.
7. Paggamit ng larawan o *picture study*
8. *Puzzle*: Bigyan ang bawat pangkat ng mga kartolinang nasusulatan ng mga salita o mga parirala na kapag naiayos ay magbibigay ng paglalahat o buod ng aralin. Bigyan ng premyo o gantimpala ang pangkat na unang makakabuo ng paglalahat.

### **B. Middle**

1. Magpalabas ng pelikula tungkol sa masamang epekto ng *illegal recruitment*, pang-aabuso sa OFWs, at ang epekto ng mga ito sa pamilya ng biktima. Ipasuri ang pelikula.
2. Magsuri ng mga sitwasyon hinggil sa *illegal recruitment* sa pamamagitan ng mga gabay na tanong.
3. *Case study* na may kaugnayan sa aralin
4. *Fact Storming Web*. Isulat ang salitang krimen o suliraning panlipunan. Bilugan ito at tanungin ang klase tungkol sa iba't-ibang krimeng nagaganap. Isulat sa paligid ng binilugang salita.
5. *KWL Technique*: Kung ano ang alam; W- ano ang gustong malaman; L - ano ang natutuhan.

### **C. Bright**

1. Magpasulat sa mag-aaral ng *reaction paper* batay sa pelikulang kanilang napanood hinggil sa *illegal recruitment*.
2. Magsagawa ng panayam tungkol sa *illegal recruitment* at gumawa ng ulat.
3. *Debate* - Ang mga bentahe at disbentahe ng pagtatrabaho sa ibang bansa
4. *Concept diagnosis*: Paglilista at pagpapangkat. Ipakategorya ang mga krimen o suliranin sa lipunan.

## KATATAGAN: PAGHAMON SA KABABAIHAN

**core message:** *Ang sektor ng kababaihang manggagawa ay nasa bingit ng pagsasamantala dahil sa taglay na panganib ng mga kanapbuhay na bukas sa kanila. Dahil dito ay nakatuon ang pansin sa kasariang pandamdamin ("gender sensitivity") ng mga kababaihan.*

**learning competency:** *Naiisa-isa ang mga karapatan at tungkulin ng mga kababaihan*

Ayon sa isang kinagisnang alamat, nilikha ni Bathala si Malakas at Maganda na sabay at pantay. Sila ay sabay na lumitaw sa biniyak na kawayan. Sa Bibliya, nilikha ng Diyos si Eba mula sa tadyang ni Adan. Kinuha si Eba hindi sa ulo upang maging higit na makapangyarihan kaysa kay Adan; at hindi rin mula sa paa upang maging isang alipin ni Adan. Nagmula si Eba sa tadyang upang siya ay makatuwang ni Adan sa pamamahala ng sandaigdig.

Sa kulturang Pilipino, ang babae (maging si Maganda o si Eba) ay kapantay ng lalaki (maging si Malakas o si Adan) at may mahalagang papel na ginagampanan sa lipunan. Ang babae ay hindi isa lamang palamuti sa tahanan kundi nagsisilbing ilaw ng tahanan.

Sa ating kasaysayan ay mabubuklat natin sa mga pahina nito ang mga buhay ng mga dakilang babae tulad nina Gabriela Silang, Melchora Aquino at Josefa Escoda. Mga kababaihan na nagbigay kulay sa ating kasaysayan dahil sa kanilang mga kahanga-hangang katangian at nagawa sa ating bayan. Sila ay ilan lamang sa dapat nating tularan at bigyang pugay.

Sa makabagong panahon, ang pandarayuhan o pagtratrabaho sa ibang bansa ay bukas para sa lahat. Ngunit tila ang mga hanapbuhay na bukas sa sektor ng kababaihan ay nasa bingit ng pagsasamantala, at higit na mataas ang haharapang panganib.

Nabalitaan natin ang mga nangyari kina Maricris Sioson, Flor Contemplacion, Sarah Balabagan, at ilan pang mga kababaihang sinawimpalad sa kanilang pagnanais na makatulong sa kanilang pamilya. Si Maricris Sioson na mananayaw sa isang klab sa Japan ay naging biktima ng mga masasamang elemento sa bansang iyon. Si Flor Contemplacion ay nahusgahan ng korte ng Singapore na siyang may kasalanan sa pagkamatay ng kanyang inaalagaang bata sa bansang iyon at binitay. Si Sarah Balabagan ay napatay ang kanyang amo sa pagtatanggol sa kanyang puri nang siya ay tangkang gahasain sa United Arab Emirates at hinampas ng latigo ng 100 beses. Nakababahala kung titingnan natin ang mga datos na kung saan ay mahigit sa limampung porsiyento ng mga pumupunta sa ibayong dagat upang makipagsapalaran ay mga babae at ang karamihan ay mga nagsisilbi bilang *domestic helper*, o *entertainer*. Ito ay ilan sa mga uri ng gawain na nasa bingit ng panganib at pagsasamantala.

Sa pakikilahok ng babaeng Pilipino sa mapanganib na mundo ng pagtratrabaho sa ibang bansa kaharap ang isang bagong kultura at kapaligiran, kailangan pagtuunan ng pansin ang kanyang karapatan at tungkulin.

### MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

#### I. Layunin

##### A. Panlahat

Nasusuri ang mga karapatan at tungkulin ng isang mamamayan bilang isang manggagawa

## B. Tiyak

1. Natutukoy ang mga karapatan at tungkulin ng manggagawang kababaihan
2. Naipaliliwanag nang buong talino ang mga karapatan at tungkulin ng manggagawang kababaihan
3. Naipahahayag ang damdamin tungkol sa mga ahensiyang nangangalaga sa karapatan at tungkulin ng kababaihan

## II. Paksa : Katatagan: Paghamon sa Kababaihan

Sanggunian : Teksto ng Aralin  
Mga Kagamitan : kartolina, *manila paper*, pisara, *chalk*, magasin o dyaryo  
Takdang Panahon : 1 sesyon

## III. Pamamaraan

### A. Balik-Aral

Magbigay ng mga karapatan at tungkulin ng isang mamamayan

### B. Paglinang ng Aralin

#### 1. Lunsaran

Tumawag ng mga mag-aaral at ipatala ng isa-isa sa pisara ang mga gawain ng kababaihan noon at ngayon. Suriin ang mga naibigay na datos, paghambingin at ipatalakay.

#### Ang Kababaihan

Noon	Ngayon
naglalaba nasa tahanan lamang	senadora piloto

#### 2. Mga Gawain

- a. Pumili ng 13 mag-aaral na siyang magiging tagapagsalita at isang moderator sa gaganaping *panel discussion*. (pre-assigned)
- b. Ihanda sila sa gagawing talakayan.
- c. Bigyan ng mga gabay na katanungan ang *moderator* upang maging maayos ang talakayan.
  - c.1. Anu-ano ang mga tungkulin at karapatan ng manggagawang kababaihan?
  - c.2. Anu-ano ang mga tulong at gawain ng iba't-ibang ahensiya, publiko o pribado na nagtataguyod sa interes ng manggagawang kababaihan?
  - c.3. Anu-anong napapaloob sa *Omnibus Rules and Regulations* ng RA 8042 hinggil sa mga partikular na kalagayan ng kababaihan?
- d. Matapos ang ginawang talakayan ng *panel*, alamin kung sila'y sang-ayon sa mga datos na inilahad. Hayaang magkaroon ng malayang talakayan.

### C. Paglalahat

1. Ipabuod sa mga mag-aaral ang paksang tinalakay. Halimbawa: Ingatan at alamin kung ano ang mga karapatan at tungkulin ng kababaihan. Laging isaisip na hindi ito maaabuso ng iba kung aalamin ng kababaihan upang kanilang ipaglaban saan man sila magtungo.
2. Karagdagang impormasyon mula sa guro:  
May mga kababaihang pumupunta sa ibang bansa, hindi lamang bilang mga manggagawa, kundi bilang asawa o katipan ng isang dayuhan.



#### D. Pagpapahalaga

Kung ikaw ang nasa katayuan nina Flor Contemplacion, Maricris Sioson, at Sarah Balabagan noon, nanaisin mo rin ba na pumunta sa ibang bansa upang matulungan ang iyong pamilya? Bakit?

#### E. Pagtataya

Ang mga sumusunod na pangungusap o katanungan ay mga kahalagahan na dapat suriin at pag-aralan. Isulat sa sagutang papel kung ang mga ito ay karapatan (K) o tungkulin (T) ng kababaihang manggagawa.

- \_\_\_\_\_ 1. Pairalin sa lahat ng sandali ang mabuting ugali at asal.
- \_\_\_\_\_ 2. Ipamalas ang kagalingan ng bansa at maging handa na ipagtanggol ito kung kinakailangan.
- \_\_\_\_\_ 3. Ipagtanggol ang sarili at pakinggan ng hukuman kung sakaling masangkot sa di-inaasahang gusot.
- \_\_\_\_\_ 4. Maging kapantay ng mga kalalakihan sa usapin ng empleyo lalung-lalo na sa oras ng trabaho at sahod.
- \_\_\_\_\_ 5. Gampanan ang trabahong kinakailangan ayon sa isinasaad ng kontrata, batas, o pampublikong moral sa ilalim ng pangangasiwa at direksyon ng *employer* at ayon sa kanyang bilin.

#### F. Pagpapayaman ng Aralin

Sumulat ng sanaysay tungkol sa karapatan at tungkulin ng buong sektor ng kababaihan.

### IV. Takdang Aralin

Magsaliksik tungkol sa mga karapatan ng kababaihan at mga ahensiya ng gobyerno na nangangasiwa sa pagtataguyod ng karapatang pangkababaihan.

## MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### A. *Slow*

1. Isang layunin lamang ang kaya ng mga *slow learners*.
2. Pamamaraan:
  - a. *Skit*
  - b. *Role playing*
3. Lunsaran: Magpakita ng iba't-ibang larawan ng babaeng OFW. Ipasuri ang mga ito. (*Picture Analysis*)
4. Paglinang ng Aralin:
  - a. Anu-ano ang mga tungkulin at karapatan ng mga manggagawang kababaihan?
  - b. Batay sa larawang ipinakita, binibigyang pansin ba ang kanilang karapatan?
5. Pagpapayaman ng Aralin: Gumupit ng isang artikulo mula sa pahayagan ng mga naging kalagayan ng kababaihang OFW na nasa ibang bansa at sumulat ng isang *reaction paper*. Ipasagot ang mga sumusunod na tanong:
  - a. Napapahalagahan ba ang mga karapatan at tungkulin ng mga kababaihang manggagawa?
  - b. Kung ikaw ay nasa kalagayang iyon, ano ang iyong gagawin?

6. Kailangan ng tatlong sesyon dahil sa ang pagtatalakay ng leksyon ay dahan-dahan ang paggawa upang maunawaang maigi ng mga mag-aaral dahil kailangan nila ang sapat na panahon sa pag-iisip.
7. Mga gawain, p. 18
  - a. Pangkatin ang mga bata sa 3 grupo (*Pre-assigned activity*). Pagtatalakay/pagpapaliwanag sa mga sumusunod na paksa:
 

Unang Pangkat	:	Tungkulin at karapatan ng mga manggagawang kababaihan
Ikalawang Pangkat	:	Tulong at gawain ng iba't-ibang ahensya (publiko o pribado) na nagtataguyod sa interes ng manggagawang kababaihan
Ikatlong Pangkat	:	Piniling probisyon ng <i>R.A. 8042</i>
8. Pagpapayaman ng aralin:
  - a. *Creative presentation* sa pamamagitan ng mga sumusunod:
    - *role playing*
    - *pantomime*
9. Layunin: Nasasabi ang damdamin tungkol sa mga ahensiyang nangangalaga sa karapatan at tungkulin ng mga kababaihan.
10. *Story telling*
11. Monologo
12. *Fish-Bowl technique*
13. *Practical reasoning*

#### **B. Middle**

1. Paglinang ng Aralin:
  - a. *Role playing*
  - b. *Skit*
2. Paglalahat:  
Bakit kailangang alamin ang mga tungkulin at karapatan ng manggagawang kababaihan? (*Question Forum*)
3. *Panel discussion*
4. Kailangan ng dalawang sesyon dahil sa sila ay mas mabilis ang pag-uunawa sa leksyon kaysa mga *slow learners*.
5. Layunin: Naiisa-isa ang mga karapatan at tungkulin ng mga manggagawang kababaihan
6. Simbolismo
7. *Social Webbing*
8. *Identification technique*
9. *Comparative reasoning*
10. Mga isyung istorya ukol sa manggagawa sa ibang bansa (*current events*)

#### **C. Bright**

1. Ang istratohiyang *panel discussion* ay napakabisa para sa mga *bright pupils*.
2. Pagtataya: Maaaring dagdagan pa para sa *high level of difficulty*.

3. Pagpapayaman ng aralin: Angkop ang pagsulat ng sanaysay, *poster making*, *slogans*, *research*, *poems* at awit.
4. *Debate*
5. *Brainstorming*
6. *Discovery approach*
7. *Flash backs*
8. Ulat istadistiko ng ilang mag-aaral ukol sa manggagawang lalaki at babae
9. Mga heograpiyang representasyon sa kartolina ng pangkatan

## PANDARAYUHAN: PENOMENON AT REYALIDAD

*core message:*        *Ang paglalakbay ng mga tao sa iba't ibang bansa ay isang pandaigdigang penomenon at reyalidad na nagaganap sa lipunan.*

*learning competency:*        *Napahalagahan ang angking kakayahan ng mga Asyano sa pakikihalubilo at pakikitungo sa galaw ng mga bansa sa buong mundo*

Ang pandarayuhan sa ibang bansa ay isang pandaigdigang reyalidad na naglalarawan ng paglalakbay ng tao mula sa kinagisnang kultura at kapaligiran patungo sa isang naiiba at bagong kultura, paligid at lipunan. Ang pangyayaring ito ay nagaganap sa kahit anong antas ng lipunan at nararanasan sa buong mundo.

Sa harap ng kaganapang ito, may tatlong uri ng tugon ang mga bansa ukol sa pandarayuhan ng kanilang mamamayan. Maaaring hayaan at himukin, pigilin at hadlangan, o tanggapin ang pandarayuhan ng mamamayan. Maaari itong himukin ng isang bansa dahil sa mga padalang pera ng mga nandarayuhan na tumutulong sa pag-unlad ng ekonomiya. Maaari itong hadlangan kung ang bansa ay nawawalan ng mga dalubhasa at bihasang manggagawa. Maaari ring tanggapin ang pandarayuhan bilang isang pangyayaring hindi mapipigilan at bilang pamamagitan ay humanap ng mga pamamaraan upang ang mga nandarayuhang mamamayan ay mabigyan ng sapat na proteksyon at tulong. Sa kabilang dako, ang mga bansang pinupuntahan ng mga dayuhan ay maaari ring pigilin ang pagpasok sa kanilang bansa, maging mapili sa pagtanggap ng uri ng dayuhan bilang manggagawa o maninirahan, o dili kaya ay tiyakin na maayos ang proseso ng pandarayuhan at makatao ang kanilang karapatan.


Ang pandarayuhan sa ibang bansa ay patuloy na magaganap — habang naroon ang pag-aakala na higit na makakamit sa ibang bansa ang minimithing pag-unlad at kaginhawahan sa buhay; habang inaakala na kulang ang pagkakataong magtagumpay sa sariling bansa; at habang sa paningin ng mga mamamayan, ang mga pangangailangan ay hindi sapat na matutugunan ng mga programa at serbisyo ng pamahalaan. Sa karanasan ng Pilipinas, ang paghahangad ng higit na maginhawang pamumuhay para sa sarili at pamilya ang nagtutulak sa mga Pilipino na umalis ng bansa. Ang tanging sandata na dala sa bansang patutunguhan ay ang kanilang sariling kaalaman, talino, kasanayan at kasipagan.

Dahilan sa mga pagbabago at mga kaunlarang nagaganap sa mundo, abot-kamay na lang ang mga bagay gaano man kalayo ito. Maging ang relasyon ng mga bansa ay pandaigdigang na ang saklaw at malaya ang pakikipag-ugnayan ng bawat isa sa halos lahat ng larangan - pulitika, ekonomiya, at kultura. Kabilang na rito ang pandarayuhan o migrasyong panlabas — isang masalimuot na kaganapan at katotohanang nararanasan ng buong mundo. Bilang penomenon at reyalidad, ang pandarayuhan ay may mga kaakibat na mga suliranin na dulot sa mga indibidwal at mga kasangkot na pamahalaan. Higit sa lahat, kailangan ang sama-samang pagharap ng mga bansa upang tugunan ang penomenon at reyalidad na ito.


### A. Kabuuang Bilang ng mga Pilipinong Nandarayuhan

Sa bawat panig ng mundo ay matatagpuan ang Pilipino. Ayon sa tala ng *Commission on Filipinos Overseas* (CFO), mayroong 6.97 milyong Pilipino na naninirahan at naghahanapbuhay sa mahigit na 149 na bansa. Maaaring siya ay permanenteng naninirahan, nakapag-asawa ng dayuhan, naghahanapbuhay, o nag-aaral at nagsasanay sa kanyang propesyon.


**Bilang ng mga Migranteng Pilipino sa Ayon sa Kategorya:**




**Kabuuang Bilang ng Permanenteng Naninirahan sa Ibang Bansa**




**Kabuuang Bilang ng mga Manggagawang Pilipino sa Ibang Bansa mula noong taong 1975 hanggang 1997.**



**Kabuuang Bilang ng mga Pilipinong Immigrante ayon sa Bansang Kanilang Pinuntahan**




**Bilang ng mga Pilipinong Manggagawa Ayon sa Bansang Kanilang Pinagtatrabahuhan**




Mayroon ding mga Pilipino na tumutungo sa ibang bansa bilang asawa ng mga dayuhan. Ayon sa tala ng CFO, mula ng 1989 hanggang 1997, mayroong 147,815 Pilipino ang umaalis upang manirahan sa ibang bansa bilang asawa ng dayuhan.

**Kabuuang Bilang ng mga Pilipinong Kasintahan o Asawa ng Dayuhan**



## Destinasyong Bansa ng mga Pilipinong Kasintahan o Asawa ng Dayuhan



## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Napapatunayan na ang pandarayuhan ay isang penomenon o reyalidad

#### B. Tiyak

1. Nailalahad ang mga estadistika kaugnay ng pandarayuhan
2. Nasusuri ang mga datos kaugnay ng pandarayuhan
3. Naituturo sa mapa ang mga bansang karaniwang dinadayo ng mga Pilipino

### II. Paksa: Pandarayuhan: Penomenon at Reyalidad

Sanggunian	:	Teksto ng Aralin
Kagamitan	:	Mapa ng Asya
Takdang Panahon	:	2 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Talasalitaan

Ipagamit sa pangungusap ang mga sumusunod: penomenon, reyalidad, pakikihalubilo, migrante

#### B. Paglinang ng Aralin

Lunsaran: Ipaskil sa pisara ang mapa ng Asya. Ipaturo ang mga bansang madalas na dinadayo ng mga Pilipinong mandarayuhan/permanenteng naninirahan/asawa ng dayuhan.

#### C. Gawain

1. Ilahad sa mga bata ang mga datos kaugnay ng pandarayuhan. Ipasuri ito. Itanong:
  - a. Anong masasabi ninyo sa bilang? Magpapatuloy pa kaya ang pagdami nito?
  - b. Mapipigilan pa kaya ang pandarayuhan ng mga Pilipino? Bakit?
  - c. Kung hindi, ano ang dapat gawin ng pamahalaan? Ng mga tao?
2. Ano ang epekto ng pandarayuhan ng mga Pilipino sa Asya?

D. Paglalahat

Batay sa mga talakayan na ginawa natin, anong paglalahat ang mabubuo ninyo ukol sa pandarayuhan?

E. Pagpapahalaga

1. Ang mga Asyano ay sanay o may kakayahan upang makihalubilo sa anumang lahi. Bagaman, may nagaganap pa ring kapariwaraan sa kanila sa dinadayong bansa.
2. Ikaw, mandarayuhan ka pa ba?

F. Pagtataya

Ilagay ang titik "T" kung ang pangungusap ay tama at titik "M" kung ang pangungusap ay mali.

- \_\_\_ 1. Halos 10% ng populasyon ng Pilipinas ay nandarayuhan.
- \_\_\_ 2. Ayon sa tala ng POEA, sa Hongkong pumupunta ang pinakamaraming bilang ng manggagawang Pilipino.
- \_\_\_ 3. Ayon sa tala ng CFO, sa Japan pumupunta ang karamihan sa mga Pilipinong nag-aasawa ng dayuhan.
- \_\_\_ 4. Walang pagkakaiba ang kultura ng mga bansa sa Asya.
- \_\_\_ 5. Ang pandarayuhan ay isang reyalidad sa buhay ng mga Pilipino.

IV. Takdang Aralin

- A. Hanapin sa mapa ang mga bansa sa Europa na madalas puntahan ng mga Pilipino.
- B. Gumawa ng hinuha kung bakit dinadayo ang mga bansang ito.

**MUNGKAHING ISTRATEHIYA**

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

**A. Slow**

1. Magbasa ng isang kasaysayan o istorya ukol sa isang Pilipino na mahilig magbiyahe.
2. Ituro ang aralin ng 3 hanggang 4 sesyon para sa mahihinang mag-aaral.
3. Tutuntunin ang mga bansa na madalas dinadayo ng mga Pilipino.
4. Medyo mahaba ang taning na panahon na ilaan sa pagkamit ng layunin ng paksa. Sa halip na 2 sesyon, malamang na matatapos ito sa loob ng 4 na sesyon.
5. Ang Pagtataya ay angkop sa mga *slow learners*.

**B. Middle**

1. Anyayahan ang isang *resource person*. Magsagawa ng isang mainit na talakayan tungkol sa napag-usapan.
2. Magdagdag ng mga gawain kung ano ang impluwensiya ng patuloy na pandarayuhan ng mga Pilipino sa ibang bansa.



### C. Bright

1. Magsagawa ng *role playing*.
2. Ihanay ang resulta ng *interview* ng mga estudyante at talakayin.
3. Gamitin ang mga salitang ito habang ipinakikita ang *drama* o naihahanay ang resulta ng *interview*:
  - a. migrante
  - b. penomenon
  - c. reyalidad
  - d. pakikihalubilo
4. Ano ang implikasyon o epekto ng patuloy na pandarayuhan ng mga Pilipino sa ibang bansa? Ipaliwanag.
5. Magdagdag ng gawain upang matalakay kung ano ang implikasyon ng patuloy na pandarayuhan ng mga Pilipino sa ibang bansa.
6. Layunin:
  - a. Panlahat: Napatutunayan na ang pandarayuhan ay isang penomenon o reyalidad
  - b. Tiyak:
    - Naituturo sa mapa ang mga bansang karaniwang dinadayo ng mga Pilipino
    - Nailalahad ang mga estadistika kaugnay ang pandarayuhan
    - Nasusuri ang mga datos kaugnay ng pandarayuhan
    - Nakapagbibigay ng puna sa epekto ng pandarayuhan ng Pilipino sa Asya
7. Paksa: Pandarayuhan: Penomenon o Reyalidad  
Sanggunian: Teksto ng Aralin  
Kagamitan: Mapa ng Asya  
Takdang Panahon: 1 sesyon
8. Pamamaraan:
  - a. Talasalitaan: Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod: penomenon, reyalidad, pakikihalubilo, migrante.
  - b. Lunsaran: Ipaskil sa pisara ang mapa ng Asya. Ipaturo ang mga bansang madalas na dinadayo ng mga Pilipinong mandarayuhan, permanenteng naninirahan, asawa ng dayuhan.
  - c. Paglinang ng aralin: Hatiin ang klase sa walong pangkat at bigyan ang bawat isa ng datos na susuriin. Hayaan ang grupo na magpakitang kuro hinggil sa ibinigay na datos. Ipaulat ang nabuong reaksyon sa bawat pangkat. Bigyang puna ang epekto ng pandarayuhan ng mga Pilipino sa Asya.
  - d. Pangwakas na Gawain: Hayaan ang mga mag-aaral na bumuo ng paglalahat batay sa paksang tinalakay.
  - e. Pagpapahalaga: Kung mabigyan ng pagkakataon na mandayuhan sa ibang bansa pupunta ka ba? Pangatwiranan ang mga sagot.
  - f. Pagtataya: Gumawa ng sanaysay na may paksang "Sumasang-ayon ba kayo na ang pandarayuhan ay isang reyalidad sa buhay ng mga Pilipino?" Ipaliwanag ang sagot.

## ANG MGA PILIPINONG NANDARAYUHAN SA ASYA

*core message:* Ang bawat bansa ay may sariling kultura, tradisyon at batas na dapat igalang at sundin.

*learning competency:* Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga katangian ng sistemang pampulitika, lipunan, pangkabuhayan at kultura ng mga bansa sa Asya sa pagdaraan ng panahon

Ang Pilipinas ay nasa Timog Silangang Asya kasama ng Indonesia, Malaysia, Singapore, Thailand, Brunei, Vietnam, Laos, Cambodia at Myanmar. Sa Silangang Asya matatagpuan ang Japan, South Korea, North Korea, China, Hongkong at Taiwan. Sa Timog Kanlurang Asya naman nakalugar ang mga bansang tulad ng Kingdom of Saudi Arabia, Oman, Qatar, Bahrain, Kuwait at Iraq.

Subalit kahit na kasama ng Pilipinas ang mga naturang bansa sa Asya, malaki pa rin ang pagkakaiba ng kultura, tradisyon at batas nito sa nasabing mga bansa. Ang paggalang at pagsasa-alang-alang sa mga pagkakaibang ito ay nagsisilbing tagapagbuklod ng mga bansang Asyano.

Ang Asya ay sinasabing isa sa may pinakamayabong na ekonomiya sa mundo. Dito rin matatagpuan ang marami sa mga Pilipinong mandarayuhan. Ayon sa tala ng *Philippine Overseas Employment Administration* (POEA), ang unang sampung lugar na kung saan naka-deploy ang mga Pilipinong manggagawa sa ibang bansa noong 1996 ay ang mga sumusunod: Japan, Taiwan, Hongkong, South Korea, United Arab Emirates, Malaysia, Kingdom of Saudi Arabia, Singapore at Jordan. Makikita na pawang lahat ng mga bansang ito ay nasa Asya. Ayon naman sa tala ng *Commission on Filipinos Overseas*, ang karamihan sa Pilipinong nag-aasawa ng dayuhan ay patungo sa Japan, South Korea at Taiwan.

**Bilang Ng Mga Pilipinong Permanenteng Naninirahan Sa Mga Bansa sa Asya (1981-1997)**

Bansa	Bilang
Japan	36,261
Taiwan	1,270
Hongkong	387
South Korea	655
United Arab Emirates	288
Malaysia	253
Saudi Arabia	199
Singapore	152
Jordan	111

*Sanggunian: Tala ng Commission on Filipinos Overseas*

A. Ilang mga bansa sa Asya at ang kanilang kultura/tradisyon

### JAPAN

Pambansang Kapitolyo	:	Tokyo
Gobyerno	:	Parliamentary Democracy
Relihiyon ng nakararami	:	Buddhism, Shintoism
Wika	:	Niponggo

Ang bansang Japan ay isa sa pinakamaunlad at industriyalisadong bansa, hindi lamang sa Asya kundi pati na rin sa buong mundo. Sa harap ng makabagong teknolohiya at pamumuhay ng mga naninirahan sa bansang ito, ang kultura at mga tradisyong Hapon ay nananatiling buhay sa lipunan tulad ng pagdiriwang ng mga importanteng araw sa kanilang kasaysayan at paniniwala. Kabilang dito ang pagdiriwang ng Bagong Taon sa pamamagitan ng pagdalaw sa mga *Shinto* shrines at mga malalapit na kaibigan; ang pag-alala tuwing buwan ng Agosto sa mga minamahal na pumanaw na; pagpapahalaga sa mga nakatatanda sa buwan ng Setyembre; at pagdiriwang ng kaarawan ng Emperador tuwing ika-23 ng Disyembre.

Kasama rin sa kultura ng mga Hapon ang paggalang sa Emperador at sa *Royal Family*, ang pagpapahalaga sa kapaligirang pisikal, pakikiisa at pagsisilbi sa komunidad kaysa sa indibiduwalismo, at ang paggamit ng wikang Hapon o Niponggo sa pamahalaan, edukasyon, media, at pang-araw-araw na gawain. Ang modernisasyon at tradisyon sa lipunan ay nakikita sa istruktura ng mga gusali at bahay. Sa Tokyo at ilang mga lungsod ay makikita ang mga naglalakihan at nagtataasang mga gusali, samantalang makikita rin ang ilang mga bahay at istrukturang gawa ng kahoy at gumagamit ng disenyong tradisyonal.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga mahahalagang bagay na dapat alamin sa pakikitungo sa mga Hapones: Ang paggamit ng *San* sa hulihan ng pangalan ng Hapones kung sila ay kinakausap; ang pagyuko tuwing sila ay binabati; at ang pag-alis ng sapatos bago pumasok sa bahay. Ilan sa mga pagkaing Hapon na kinagigiliwan ng mga Pilipino ay ang *sushi, sashimi, tempura, teriyaki, noodles, miso soup*, kanin, at *nori* na kinakaing ginagamitan ng *chopsticks*.

### SOUTH KOREA

<b>Pambansang Kapitolyo</b>	: Seoul
<b>Gobyerno</b>	: <i>Republic, Presidential</i>
<b>Relihiyon ng nakararami</b>	: <i>Taoism, Confucianism, Buddhism</i>
<b>Wika</b>	: Koreano

Tulad ng bansang Hapon, ang bansang South Korea ay isa sa pinakamaunlad at industriyalisadong bansa sa Asya. Subalit, kahit na sila ay nangunguna sa larangan ng makabagong teknolohiya at pamumuhay sa rehiyon, nanatiling buhay ang kulturang Koreano. Ilan sa mga mahahalagang bahagi ng kultura ng Korea ay ang pagdiriwang ng mga araw na makahulugan sa kanilang paniniwala at kasaysayan tulad ng pagdiriwang ng *Sol*, sa unang bahagi ng taon na kung saan ang buong pamilya ay nagsasalo upang gunitain ang kanilang mga ninuno; ang kaarawan ni *Buddha* tuwing buwan ng Abril; at ang *C'husok*, tuwing buwan ng Agosto upang magpasalamat sa masaganang ani.

Ang wikang Koreano ang ginagamit sa pamahalaan, edukasyon, media, at pang-araw-araw na gawain at pakikipag-ugnayan. Ilan sa mga pangkaraniwang apelyido sa Korea ay *Kim, Yi, Pak, An, Chang, Cho, Ch'oe, Chong, Han, Kang, Yu and Yun*. Hindi ginagamit ng mga Koreano ang kanilang mga unang pangalan, kundi ang kanilang apelyido, kapag sila ay nakikipag-ugnayan sa isa't-isa. Kapag ang isang babaeng Koreana ay nag-asawa, hindi niya pinapalitan ang kanyang apelyido.

Ang *kimchi* at *bulgogi* ay ilan sa mga pagkaing Koreano na popular sa mga Pilipino.

### SAUDI ARABIA

<b>Pambansang Kapitolyo</b>	: Riyadh
<b>Gobyerno</b>	: Monarkiya
<b>Relihiyon ng nakararami</b>	: <i>Islam</i>
<b>Wika</b>	: <i>Arabic</i>

Ang kultura ng bansang Saudi Arabia ay umiikot sa relihiyong Islam kung saan ang pagsuway sa itinatakda nitong mga alituntunin ay may nakapataw na mabigat na kaparusahan. Halimbawa, may mga *mutafah* o pulis na nagbabantay sa mga mamamayan upang matiyak ang kanilang masusing pagsunod sa mga alituntuning Islam. Makabubuti ring alalahanin ang mga bagay-bagay na bawal tulad ng pagbanggit ng anumang komentaryo tungkol sa relihiyon, pagsuot ng *shorts, sleeveless*, o anumang damit na nakasakit ng damdamin sa konserbatibong pananaw ng mga Arabyano.

Ang mga taga-Saudi Arabia ay hindi kumakain ng baboy, o ano mang pagkain na may sangkap na baboy, pati na ang mga pagkaing nahalo o niluto sa kagamitang pinaglutuan ng baboy.

## SINGAPORE

Pambansang Kapitolyo	: Singapore
Gobyerno	: Republic
Relihiyon ng nakararami	: Buddhism, Confucianism, Taoism, Islam
Wika	: Chinese (Mandarin), Ingles, Malay, Tamil

Halos pitumpu't-limang porsiyento (75%) ng populasyon ng Singapore ay binubuo ng mga Intsik, at ang nalalabing dalawampu't-limang (25%) porsiyento ay mga Malay at Bombay (Tamil). Dahil dito ay masasabi nating *multi-cultural society* ang Singapore na kung saan ang bawat grupo at kulturang bumubuo sa lipunang ito ay binibigyang halaga ng pamahalaan. Ang ganitong pagpapahalaga ay naipakikita sa pamamagitan ng representasyon sa pamahalaan, ang paggalang sa relihiyon, paniniwala, tradisyon at wika ng bawat isa.

Ang sinumang magpunta sa Singapore ay matutuwa sa pagdiriwang ng bawat grupo ng etnikong Intsik. Ang *Chinese New Year* ang pinakamalaki at pinakamakulay na pagdiriwang sa taon para sa mga Intsik, samantalang ang *Id'ul Fitri*, ang pagdiriwang pagkatapos ng halos isang buwan na pag-aayuno, ang araw na pinakahihintay ng mga Muslim. Ang mga Bombay/Tamil ay nagdiriwang din ng kanilang sariling araw na may kahulugan sa kanilang paniniwala katulad ng *Deepavali* o *Festival of Lights* tuwing buwan ng Oktubre.

### B. Epekto ng pagkakaiba at pagkakatulad ng mga bansa sa Asya

Sa mga bansang may pagkakaiba, dapat alamin ng mga manggagawa ang bawat kultura, relihiyon at patakaran ng pamahalaan na kung saan sila ay maninilbihan. Kailangang matuto ang mga manggagawa na makiangkop o makisayaw sa tugtog ng dinadayong bansa. Isang mainam na ugali ng mga Pilipino ang pagiging marunong makibagay at makisama sa lahat ng lahi ng tao.

Sa kabilang banda, ang pagkakatulad ng kultura ng mga bansa sa Asya ay nagiging daan tungo sa maayos na pag-uugnayan ng mga ito. Naiiwasan ang suliraning dulot ng di pagkakaunawaan. Hindi na kinakailangang mag-adjust ang isang manggagawa sapagkat ang kultura, relihiyon at pamahalaan ay magkakatulad. Gayunpaman, ipinapayo pa rin ang masusing pag-iingat upang huwag nang humantong pa sa di pagkakaunawaan.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Napahalagahan ang mga angking kakayahan ng mga Asyano sa pakikihalubilo at pakikitungo sa mga bansa sa Asya

#### B. Tiyak

1. Naituturo sa mapa ang mga bansa sa Asya na dinadayo ng mga Pilipino
2. Natatalakay sa pamamagitan ng talahanayan ang iba't-ibang aspetong kultural ng mga bansang Asyano
3. Napaghahambing ang kultura ng mga bansang Asyano
4. Nasusuri ang mga epekto ng pagkakaroon ng iba't-ibang kultura sa nandarayuhan at dinarayong bansa
5. Nakapagpapahayag ng paghanga sa kakayahan ng mga Pilipinong iangkop ang sarili sa kultura ng dinayong bansa

## II. Paksa: Ang mga Pilipinong Nandarayuhan sa Asya

Sanggunian	:	Teksto ng Aralin
Kagamitan	:	Talahanayan Mga larawan tungkol sa paraan ng pananampalataya ng Asya gaya ng Islam, Budhismo, Taoismo
Takdang Panahon	:	2 sesyon

## III. Pamamaraan

### A. Pagsasanay

Sa pamamagitan ng *flash cards*, pasagutan ang mga sumusunod (Ipaturo ito sa mapa, pagkatapos ay banggitin kung saang rehiyon ito kabilang):

- |              |                |
|--------------|----------------|
| 1. Japan     | 5. Indonesia   |
| 2. Brunei    | 6. Vietnam     |
| 3. Malaysia  | 7. China       |
| 4. Singapore | 8. South Korea |

### B. Paglinang ng Aralin

1. Lunsaran: Gumupit sa mga magasin o diyaryo ng mga larawan na nagpapakita ng pambansang kasuotan ng mga bansang nabanggit o kaya ay pambansang watawat ng mga bansa sa Asya.

2. Mga Gawain

- a. Papunuan ang talahanayan kaugnay ng kultura ng piling mga bansa sa Asya:

Bansa	Pamahalaan	Relihiyon	Wika
Japan South Korea Singapore Brunei Indonesia Vietnam Malaysia China			

- b. Ipasuri ito sa mga bata sa pamamagitan ng mga sumusunod na gabay na tanong.
  - b.1 Anu-ano ang mga aspetong kultural ng mga Asyano na pinaghahambing?
  - b.2 Anu-anong mga bansa ang nagkakatulad/nagkakaiba sa relihiyon, sistemang pampamahalaan at wika?
  - b.3 Ano ang epekto ng pagkakaiba o pagkakatulad ng kultura ng mga bansa?
  - b.4 Paano makikibagay ang isang Pilipinong mandarayuhan sa mga dayuhang kultura at kaugalian sa Asya?
  - b.5 Anu-ano ang mga suliraning maaaring maidulot ng pagkakaiba ng kultura at paniniwala sa mga mandarayuhang Pilipino?

### C. Paglalahat

Ang bawat bansa sa Asya ay natatangi sa kanilang kultura at paniniwala.

### D. Pagpapahalaga

Kung kayo ay mandarayuhan sa Asya, ano ang dapat ninyong tandaan?

#### E. Pagtataya

Isulat sa sagutang papel ang sagot sa mga sumusunod:

- \_\_\_\_\_ 1. Bansa sa Asya na pagyuko ang kinagisnang porma ng pagbati sa kapwa. (Isa lang)
- \_\_\_\_\_ 2. Ano ang karaniwang sistema ng pamahalaan ng mga bansa sa Asya?
- \_\_\_\_\_ 3. Ano ang karaniwang relihiyon ng mga bansa sa Timog Kanlurang Asya?
- \_\_\_\_\_ 4. Anong mabuting dulot sa nandarayuhan kung marunong siyang makibagay sa kultura ng bansang nais niyang dayuhin? (3 puntos)
- \_\_\_\_\_ 5. Anu-ano ang mga dapat gawin para maiwasan ang mga suliranin kaugnay ng pagkakaiba ng kultura? (4 puntos)
- \_\_\_\_\_ 6. Pinakamalaking bansa sa Asya.
- \_\_\_\_\_ 7. Bahagi ng Asya kung saan matatagpuan ang bansang Pilipinas.

#### IV. Takdang Aralin

A. Makipanayam sa mga kakilala ninyong nandarayuhan. Itanong sa kanila ang kaibahan ng kultura ng mga bansang kanilang narating sa ating bansa. Gawing gabay ang sumusunod:

1. Pagtingin sa kababaihan at bata
2. Pagtingin sa matatanda
3. Mga libangan
4. Mga batas

B. Iulat ang resulta ng pakikipanayam sa klase.

### MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### A. *Slow*

1. *Story-telling* o kaya isang *guided silent* o *oral reading*
2. Padalhin ang mga mag-aaral ng larawan ng kanilang kamag-anak o kaibigan na nasa ibayong dagat. Itanong sa kanila kung ano ang kanilang nakikita at nararamdaman tungkol sa mga larawan.
3. Pagtataya:  
Pagtapat-tapatin ang kolum A sa kolum B. Isulat lamang ang letra ng wastong sagot:

A	B
1. Lokasyon ng Pilipinas sa Asya	a. Islam
2. Pambansang kapitolyo ng South Korea	b. <i>Parliamentary democracy</i>
3. Relihiyon ng nakararami sa Saudi Arabia	c. <i>Multi-cultural</i>
4. Uri ng lipunan ng Singapore	d. Timog Silangan
5. Uri ng gobyerno ng Japan	e. Seoul

4. Unang Sesyon:
  - a. Ipaturo ang mga bansa ng Asya sa mapa.
  - b. Ipabasa ang Talahanayan na may nakatalang Pambansang Kapitolyo, Gobyerno, Relihiyon at Wika ng Japan, South Korea, Saudi Arabia at Singapore.
  - c. Talakayin ang bawat isang bansa sa Talahanayan.
5. Ikalawang Sesyon:
  - a. Pagbabalik-aral: Ipasabi ang gobyerno, relihiyon at wika ng Japan, South Korea, Saudi Arabia at Singapore.

- b. Ipabasa at talakayin ang nilalaman ng araling "Ang mga Pilipinong Nandarayuhan sa Asya".
  - c. Papunuan ang talahanayan kaugnay ng kultura ng piling mga bansa sa Asya sa pahina 31.
6. Pagtataya: Baguhin ang tanong bilang 4 at 5.
  7. Lunsaran: *Parade of costumes. Flags of different countries in Asia*
  8. Ipagamit at ipapaskil ang talahanayan na naglalaman ng mga datos ukol sa pamahalaan, wika, at relihiyon ng ilang piling bansa.
  9. Ipabasa ng isa-isa ang teksto at talahanayan.
  10. Ipasagot ang mga gabay na tanong.

### B. Middle

1. *Lecture method role playing.*
2. Unang Sesyon:
  - a. Ipaturong sa mapa ang apat na bansa: Japan, South Korea, Saudi Arabia at Singapore.
  - b. Ipakita ang Talahanayan ng Japan, South Korea, Saudi Arabia at Singapore na may nakatalang Pamahalaang Kapitolyo, Gobyerno, Relihiyon at Wika.
  - c. Talakayin ang kultura ng bawat bansa na nasa talahanayan.
3. Ikalawang Sesyon:
  - a. Pagsasanay: Sabihin ang relihiyon, wika, gobyerno at ipasagot kung sa anong bansa ito matatagpuan.
  - b. Ipabasa at talakayin ang nilalaman ng aralin. Ipasagot ang titik B sa pahina 31 (1-5).
  - c. Pagpapahalaga: Ipasagot ang katanungang "Kung kayo ay mandarayuhan sa Asya ano ang dapat ninyong tandaan?"
4. *Parade of costumes*
5. Ipagamit at ipapaskil ang talahanayan na ginagamitan ng hinalong mga pira-pirasong papel na naglalaman ng mga datos ukol sa pamahalaan, kultura, relihiyon at wika ng ilang piling bansa.
6. Ipabasa ang teksto sa modyul.
7. Ipaayos sa mga mag-aaral ang mga pira-pirasong papel ayon sa binasang teksto ukol sa pamahalaan, relihiyon, at wika ng ilang piling bansa.

### C. Bright

1. *Buzz session brainstorming.*
2. Magtalaga ng mga mag-aaral na maglilikom ng mga artikulo tungkol sa mga Pilipinong naging huwaran sa ibang bansa. Ipaulat at hingin ang kanilang nararamdaman sa tagumpay ng kanilang kababayan. Pagkatapos ng ulat, ipunin ang pinakamagandang artikulo at gawing isang *album* sa LRC (*Library Resource Center*) bilang sanggunian.
3. Pagtataya:
 

Tukuyin ang mga nagawa ng mga sumusunod ayon sa kanilang *achievements* sa ibang bansa o ang tinutukoy ng mga sumusunod:

a. Michael Patrick Guingona	d. 2.15 milyong
b. Benjamin Cayetano	e. Estados Unidos
c. Lilia Clemente	
4. Unang Sesyon:
  - a. Ipananap sa mapa ang bansang Japan, South Korea, Saudi Arabia at Singapore.
  - b. Sa pamamagitan ng *video tape*, ipakilala ang mga mamamayan at kultura ng bansang Japan, South Korea, Saudi Arabia at Singapore.

c. Talakayin ang kultura ng bawat mamamayan sa ipinakitang *video tape*.

5. Ikalawang Sesyon:

- a. Pagbabalik-aral: Ipabigay ang gobyerno, relihiyon, wika ng bansang Japan, South Korea, Saudi Arabia at Singapore.
- b. Ipabasa at talakayin ang nilalaman ng aralin.

Ipasagot ang B sa pahina 31 (1-5).

Maaaring pangkatin ang klase sa 4 at ipaulat ang kultura ng bawat bansa. Ipatala ang mga mahahalagang datos sa pisara.

- c. Paghambingin ang kaibhan ng gobyerno at relihiyon ng bawat bansang nakatala.

6. *Mock radio interview*



## MAY "K" KA NGA BA?

*core message: Ang manggagawang Pilipinong nandarayuhan ay may mga karapatan at mga tungkulin/pananagutan bilang mamamayang Pilipino at bilang banyaga sa bansang kanilang pinaroroonan.*

*learning competency: Naipaliliwanag ang mga anyo ng paglabag sa mga karapatang pantao  
Naipaliliwanag kung bakit umiiral ang mga paglabag sa karapatang pantao  
Nasusuri ang mga epekto ng paglabag sa karapatang pantao  
Naimumungkahi ang mga paraan ukol sa pagtataguyod ng karapatang pantao*

Ang karapatan ay laging may kakambal na pananagutan. Sa bawat tinatamasang karapatan ay may kaukulang tungkulin o pananagutan na dapat gampanan. Bilang isang mag-aaral, may karapatan tayo sa isang mahusay na uri ng edukasyon at may tungkulin tayo na mag-aral na mabuti at sundin ang mga alituntunin ng ating paaralan. Bilang isang manggagawa, may karapatan tayo na tumanggap ng sahod at benepisyong katumbas ng ating paglilingkod sa kumpanyang ating pinapasukan at ayon sa kontratang napagkasunduan. At may pananagutan tayo na pagbutihin ang ating trabaho at sundin ang mga patakaran ng kompanya.

Bilang isang malayang mamamayang Pilipino, mayroon tayong mga karapatan na pinangangalagaan ng pamahalaan ayon sa nakatakda sa Saligang Batas at mga batas na kaugnay dito. Halimbawa, may karapatan tayo sa paglalakbay at pagbabago ng tirahan. Mayroon din tayong karapatang pangkabuhayan na magkaroon ng pagkakakitaan at pagkakataong tumuklas ng kaginhawahan. Samantala, may tungkulin tayo na igalang at sundin ang mga itinalagang batas ng pamahalaan upang mapanatili ang kapayapaan at maging maayos ang pamumuhay.

Kahit saan mang bansa, bawat isa ay may mga karapatan at tungkulin batay sa mga batas at patakaran na pinairal at pinatutupad nito. Ang uri at lawak ng mga karapatan, maging katutubong mamamayan o dayuhan man ay napapaloob sa mga batas na tumutukoy dito. Ang mga dayuhan ay itinuturing na panauhin sa bansang kanilang kinaroroonan. Sila ay inaasahan na kikilos nang wasto at ayon sa batas nito.

Dapat alamin at paghandaan ng isang Pilipino na mangingibang-bansa bilang isang manggagawa ang mga karapatan at tungkulin na kakambal ng pandarayuhan niya sa napiling bansa. Sa sandaling sumuway sa batas ang isang nandarayuhan, ang parusang ipapataw sa kanya ay naaayon sa batas ng bansang kinaroroonan. Dapat ring malaman ng isang migranteng manggagawa na may mga bansang ang kultura ay lubhang kakaiba sa ating kinasayanan dito sa Pilipinas. Dapat asahang mayroong mga asal, kilos at pag-uugali ng Pilipino na hindi tanggap at maituturing na hindi kaaya-aya sa paningin ng bansang patutunguhan. Bilang isang banyaga sa bansang kinaroroonan, tungkulin niyang alamin kung anu-ano ang kanyang mga karapatan at pananagutan pati na rin ang mga tanggap na pamantayan ng pag-uugali at pagkilos upang matiyak na magiging maayos ang kanyang pakikitungo sa kanyang mga paglilingkuran at ibang mga kasamahan.

### A. Mga Karapatang Pantao ng Migranteng Manggagawa

#### 1. Karapatang malaman ang lahat ng nilalaman ng kontrata ng paggawa

Ang kontrata ay kasunduan sa pagitan ng *employer* at manggagawa. Dito ay sumasang-ayon ang manggagawa na maglingkod sa kanyang *employer* sa itinakdang panahon. Isinasaad din sa kontrata ang panahong saklaw ng *probation* ng isang manggagawa. Ito ay hindi maaaring kanselahin o mapawalang bisa ng *employer* ng walang paunang sabi sa manggagawa. Hindi rin ito kayang pahabain (*contract period extension*) kung walang pagsang-ayon ng manggagawa. Nakasaad rin sa kontrata ang karapatang mabigyan ng *daños perwisyo* (*workmen's compensation benefits*) kung sakaling ang manggagawa ay maaksidente sa trabaho. Tinutukoy rin sa kontrata ang mga benepisyong maaaring matanggap kung sakaling mamatay ang isang manggagawa.

## 2. Karapatan sa Sahod at *Indemnities*

Lahat ng mga manggagawang nangibang bansa ay may karapatang tumanggap ng sahod batay sa itinakda sa kasunduan. Walang kinakailangang ibawas sa sahod ng manggagawa liban sa:

- a. perang kinuha o hiniram niya o anumang bagay na babayaran niya kung ito ay may nakasulat na pahintulot ng manggagawa;
- b. *Social Insurance Premiums*; at
- c. multa sa paglabag sa mga alituntunin.

Maaaring atasan ang *employer* na ibalik sa manggagawa ang perang di dapat ibawas, o dili kaya ay bayaran ang manggagawa bukod sa sahod.

## 3. Karapatang hindi matanggal sa trabaho nang walang sapat na batayan

Hindi sapat na dahilan sa pagtanggap sa manggagawa ang pagtanggap nito na ilipat sa ibang lugar kung ito'y magdudulot ng personal na perwisyo sa kanya. Maaaring ipag-utos na ibalik ng *employer* ang manggagawa sa kanyang orihinal na pinagtatrabahuhan at bayaran ang naatrasong sahod mula sa kanyang pagkatiwalag hanggang sa pagbabalik sa kanya sa trabaho, at ituturing na tuloy-tuloy ang kanyang serbisyo.

## 4. Karapatang marinig ang mga hinaing at sumbong ukol sa paggawa (*Grievance Procedure*)

Dapat ay alam ng manggagawa na anumang hinaing o sama ng loob na mayroon siya laban sa kanyang pinaglilingkuran ay dapat idaan sa isang maayos at legal na proseso ng pagdinig at paglutas (*grievance procedure*).

## 5. Karapatang magpadala ng pera sa pamilya

May mga bansang may sariling batas tungkol sa *remittance* o takdang halagang dapat ipadala sa sariling bansa. Ito ay maaaring higit na mababa sa 70 porsyento ng sahod. Halimbawa ng mga bansang ito ay Iraq, Libya, at Nigeria. Mayroon ding mga bansang may batas tungkol sa halaga ng salapi na maaaring dalhin ng OFW paglabas niya. Halimbawa sa Greece, hindi maaaring maglabas ng salapi ang OFW ng higit sa US\$1,000.00. May sistema rin tulad ng pagbubukas ng *bank account* sa Pilipinas bago umalis at pagpapalit ng *money order*.

Hindi lamang ang pamilya at kamag-anak ng mga manggagawa ang matutulungan ng perang galing sa pagtatrabaho sa ibang bansa, kundi pati na rin ang bayan.

## 6. Karapatang makipag-ugnayan sa pamilya

Mahalagang madama ng pamilya ang pagmamahal at suporta sa pamamagitan ng madalas na pagsulat. Makapapawi ng kalungkutan at pag-aalala ang mga sulat na nagbabalita tungkol sa kalagayan ng manggagawa.

## B. Ilan sa Mga Pananagutan ng mga Nandarayuhan

1. Pag-ibayuhin at pagbutihin ang nakaatang na gawain;
2. Alamin ang mga isinasaad sa kanyang *job description*;
3. Alamin ang batas na itinatadhana ng bansang darayuhin.

## C. Mga Anyo ng Paglabag sa Karapatan ng mga Nandarayuhan

1. Paglabag ng *employer* sa mga napagkasunduan sa kontrata;
2. Hindi sapat na bayad sa suweldo o hindi pagpapadala ng bahagi ng suweldo ng manggagawa sa pamilya;
3. Pagmamaltrato o pagbubuhat ng kamay ng *employer* sa manggagawang napariwara o di sumusunod sa alituntunin ng kompanya;
4. Hindi pagpapauwi ng *employer* sa manggagawa kahit tapos na ang kontrata; at
5. Hindi pagbibigay o pagtatago ng mahahalagang dokumento ng *employer* sa manggagawa halimbawa ay ang pasaporte.

#### D. Mga Ahensiya ng Pamahalaan na Tumutulong sa Pagtatanggol ng mga Karapatan ng mga Nandarayuhang Manggagawa

1. Ang *Department of Labor and Employment* (DOLE) ay isang ahensiya ng gobyerno na siyang nangangasiwa sa lahat ng aspeto ng paggawa sa Pilipinas. Pangunahin sa kanilang tungkulin ay tiyak na ang mga karapatan at kagalingan ng manggagawang Pilipino ay napangangalagaan at naitataguyod sa mga batas at mga polisiya ng bansa.
2. Ang *Philippine Overseas Employment Administration* (POEA) ay isang ahensiya sa ilalim ng DOLE na siyang nagtitiyak na napangangalagaan ang mga karapatan ng mga manggagawang Pilipino bago sila tumulak patungo sa ibang bansa. Ang POEA ang pangunahing ahensiya na may kinalaman sa pagbalangkas at pagpapatupad ng mga patakaran ukol sa *Overseas Employment Program* ng bansa.

May mga serbisyong ipinagkakaloob ang POEA mula sa pangangalap hanggang sa pagpapadala, pagpapatrabaho sa ibang bansa, at pagpapabalik sa Pilipinas ng manggagawa. Tumutulong ang POEA sa kaso ng paglabag sa *employment contract* na pinirmahan ng manggagawa at *employer* sa pamamagitan ng mga lisensiyadong pribadong ahensiya na nagpaalis sa manggagawa. Nagbibigay rin ito ng mga kinakailangang impormasyon sa isang papaalis na manggagawang Pilipino.

3. Ang *Overseas Workers Welfare Administration* (OWWA) ang nangangalaga sa interes, kapakanan, at karapatan ng manggagawang Pilipino habang siya ay nagtatrabaho sa ibang bansa. Binibigyan siya ng tulong pinansyal at ligal upang maipaglaban niya ang kanyang mga kaso o suliranin bilang OFW sa ibang bansa. Ang OWWA ay maraming mga programang pangkabuhayan, pabahay, at pangkalusugan upang matulungan ang OFW sa kanyang muling pagbabalik sa Pilipinas. Marami ring mga benepisyong maaaring makuha ang OFW bilang kapalit ng kanyang mga kontribusyon sa OWWA tulad ng *insurance benefits*, *educational scholarships*, at iba pa.
4. Ang Kagawaran ng Ugnayang Panlabas o *Department of Foreign Affairs* (DFA), sa pamamagitan ng mga embahada o konsuladong nakatalaga sa labas ng bansa, ay may nakalaan na programa para sa mga manggagawang naroon sa labas ng bansa.

### MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

#### I. Layunin

##### A. Panlahat

Naipapaliwanag ang mga anyo ng paglabag sa mga karapatang pantao

##### B. Tiyak

1. Naibibigay ang mga pananagutan at karapatang pantao ng mga migranteng manggagawa
2. Nasasabi ang mga anyo ng paglabag sa mga karapatang pantao
3. Naihahanay ang mga ahensiya ng pamahalaan na nagtatanggol sa karapatang pantao ng mga migranteng manggagawa
4. Napahahalagahan ang mga programa ng pamahalaan na nagtatanggol sa karapatang pantao ng mga migranteng manggagawa

#### II. Paksa: May “K” Ka Nga Ba?

Sanggunian	:	Teksto ng Aralin, RA 8042, <i>Overseas Filipino Workers Handbook</i> (Module Annex)
Kagamitan	:	Mga ginupit na titik
Takdang Panahon	:	1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Balik-aral/Pagsasanay

#### B. Paglinang ng Aralin

##### 1. Lunsaran

Ipasadula sa isang grupo ng mga mag-aaral ang hinggil sa ginagawang pagmamaltrato ng mga *employer* sa mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat.

##### 2. Mga Gawain

###### a. Gabay na Tanong

- a.1. Paanong lumalabag ang mga *employer* sa karapatan ng mga manggagawa sa ibayong dagat?
- a.2. Anu-ano ang mga karapatan at pananagutan ng mga nandarayuhan?

b. Magbuo ng dalawang (2) pangkat sa klase. Idikit ang mga ginupit na titik sa pisara na di nakayayos. Ang unang pangkat ay bubuo ng tamang *acronyms* ng mga ahensiya ng pamahalaan at ang sumunod na pangkat ang magsasabi ng katuturan at ang gawain ng mga ito. Magpalitan ang dalawang pangkat kung tama ang sagot nila at kung hindi ay uulit ang unang pangkat sa pagbuo ng *acronyms*. Ipagpatuloy ang gawain hanggang matukoy ang lahat ng mga ahensiya ng pamahalaan na may kinalaman dito.

#### C. Paglalahat

Ang manggagawang Pilipino sa labas ng bansa ay nahaharap sa mga karahasan at pang-aabuso, kung kaya't mahalagang malaman nila ang kanilang tungkulin at karapatan upang mapangalagaan ang kanilang kapakanan.

#### D. Paglalapat

Anu-ano ang mga batas ng iba't-ibang bansa sa Asya na nararapat sundin ng mga dayuhan sa mga bansang ito?

#### E. Pagtataya

1. Ibigay ang mga karapatang pantao ng mga migranteng manggagawa.
2. Ibigay ang kahulugan ng mga *acronyms* at kanilang mga ginagawa sa pangangalaga sa mga karapatan ng mga migranteng manggagawa.
  - a. POEA
  - b. DFA
  - c. DOLE
  - d. OWWA

#### F. Pagpapayaman ng Aralin

Sa pagtalakay sa aralin, akayin ang mga mag-aaral na mapahalagahan ang mga programa ng mga ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa karapatan ng mga manggagawa sa ibayong dagat, sa pamamagitan ng pagsulat ng isang talata na tutugon sa paksang "Tulong ng Pamahalaan sa mga Pilipinong Mangingibang-bansa".

### IV. Takdang Aralin

Magsagawa ng panayam sa isang migranteng manggagawa tungkol sa mga karapatan at tungkulin ng bansang kanilang pinuntahan.

## MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

### **A. Slow**

1. Kailangang dagdagan ang pagpapaliwanag sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa at sitwasyon (*tangent examples/situations*) nang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Kailangan din ang sapat na materyal o babasahin tungkol sa paksa.
2. Ang aralin ay maaaring maisagawa sa 3 hanggang 5 sesyon.
3. Magpabasa ng mga artikulo hinggil sa mga hindi magandang kaganapan sa mga nandarayuhang manggagawa sa labas ng bansa.
4. Magpalabas ng isang *video tape* at maghanda ng gabay na tanong batay sa *video tape*.

### **B. Middle**

1. Kailangan ng masusing paggabay sa mga paksang kinakailangang gawin.
2. Maaaring ituro ang aralin sa loob ng 3 hanggang 4 sesyon.
3. *Collage making*: Ipakita ang mga magagandang epekto ng pandarayuhan ng manggagawa sa pamilya at bansa.

### **C. Bright**

1. Linangin ang kakayahan na pagkikilala at pagpapaliwanag sa isyu o paksa.
2. Ang aralin ay maaaring maisagawa ng 2 hanggang 3 sesyon.
3. Gumamit ng dagdag na materyal o sanggunian upang higit na maunawaan ang paksa.
4. *Panel discussion*
5. *Debate*: Dapat ba tayong mandayuhan bilang manggagawa?

**ANG MGA PILIPINONG NANDARAYUHAN  
SA AMERIKA AT EUROPA**

*core message: Ang bawat bansa ay may sariling kultura, tradisyon at batas na dapat igalang at sundin.*

*learning competencies: Naipamamalas ang mapanuring pag-aaral sa mga isyu at suliraning pandaigdig sa kasalukuyan*

**A**ng bawat bansa ay may sariling kultura at paniniwala na hinubog ng pinagdaanang kasaysayan. Bawat bansa ay may sariling tradisyon na halaw sa angking kultura. May sarili rin itong batas na sinusunod upang mapanatili ang kaayusan ng lipunan pati na rin ang kapayapaan at galaw ng kanyang mamamayan.

Tayo ay namumulat sa iba't-ibang kultura dahil sa ating nakikita sa telebisyon at sine, sa ating nababasa sa mga pahayagan at libro, at lalung-lalo na sa ating paglalakbay sa ibayong dagat bilang turista, mangangalakal, estudyante, manggagawa, asawa ng dayuhan, at upang makasama ang pamilya na permanente nang naninirahan sa ibang bansa.

Ayon sa estadistika ng gobyerno, may 2.15 milyong Pilipino na ang naninirahan ng permanente sa ibang bansa hanggang noong Disyembre 1997. Kasama rito ang mga Pilipinang nakapag-asawa ng mga banyaga. Nangangahulugan na halos tatlong porsyento ng buong populasyon ng Pilipinas ang naninirahan ng permanente sa ibang bansa. Karamihan sa mga ito ay nasa United States of America (78.7%), Canada (14.3%), Australia (3.7%), Japan (1.7%), Germany (0.30%) at United Kingdom (0.2%).

Maraming mga pananaliksik ang nagawa na tungkol sa sitwasyon ng mga Pilipino sa ibang bansa. May ibang mga Pilipino sa Amerika at Europa ang nakakaranas ng paghihirap. Mayroong nagkakaproblema sa paghanap ng trabaho dahil sa hindi angkop ang napag-aralan sa Pilipinas sa pinapasukang trabaho o kaya naman ay walang sapat na karanasan sa pagtatrabaho dito sa Pilipinas na karaniwang hinahanap sa bansang dayuhan. Mayroon din namang nakakaranas ng matinding kalungkutan dahil sa pagkawalay sa pamilya na nasa Pilipinas. Isa ring kahirapan ang pakikibagay sa naiibang klima, kultura, ugali at pamamaraan ng buhay sa ibang bansa.

Subalit marami rin namang naging matagumpay sa hinahangad na pagbabago ng buhay.

- a) Sa larangan ng pangangalakal, nariyan si Lilia Clemente, na nagtaguyod at presidente ng Clemente Capital sa Estados Unidos, isang kompanyang nangangasiwa ng kapital; Loida Nicolas-Lewis, tagapangulo ng *TLC Beatrice International Holdings, Inc.*, isa sa pinakamalaking kompanya ng pagkain sa Europa; at si Josie Cuz-Natori, presidente ng *Natori Co.*, isang kompanya na kilala sa Estados Unidos bilang tagagawa ng mga kasuotang pambabae.
- b) Sa larangan ng gobyerno at pampublikong serbisyo, nariyan si Benjamin Cayetano, anak ng mag-asawang mandarayuhan na tubong Pangasinan at hinalal na Gobernador ng Hawaii noong 1994; Michael Patrick Guingona, may ninuno na tubong Batangas, at ngayon ay punong bayan ng Daly City sa San Francisco, California.

Ilan lamang sila sa mga katutubong Pilipino na nanirahan na sa ibang bansa at nakilala dahil sa kanilang angking talino, galing at sipag.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Nasusuri ang isyu kaugnay ng paninirahan ng mga Pilipino sa Amerika at Europa

#### B. Tiyak

1. Naituturo sa mapa ng mundo ang mga bansang may pinakamaraming Pilipinong permanente nang naninirahan
2. Nasusuri ang estadistikang nagsasabi ng dami ng mga Pilipinong nagpasyang manirahan sa mga bansang nabanggit
3. Natatalakay ang epekto sa Pilipinas ng paninirahan ng mga Pilipino sa ibang bansa
4. Natatalakay ang mga tagumpay at kabiguan ng mga Pilipinong naninirahan na sa mga bansang yaon
5. Napahahalagahan ang katotohanang likas na marunong makisama ang mga Pilipino sa iba't-ibang lahi

### II. Paksa: Ang mga Pilipinong Nandarayuhan sa Amerika at Europa

Sanggunian	:	Teksto ng Aralin
Kagamitan	:	Mapa ng Daigdig
Takdang Panahon	:	2 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Balik-Aral

Noong nasa ikalawang taon kayo, pinag-aralan ninyo ang mga bansa sa Asya na kadalasang dinadayo ng mga Pilipino. Anu-ano ang mga iyon? Bakit nga ba sila pinupuntahan?

#### B. Paglinang ng Aralin

1. Lunsaran: May kilala ka bang kabarangay o kamag-anak na nakapag-asawa ng dayuhan? Nasaan na sila ngayon?
2. Gawain
  - a. Ipaskil ang mapa ng daigdig at ipaturo ang mga sumusunod:
    - US
    - Germany
    - Australia
    - Canada
    - UK
    - Japan
  - b. Ipaskil ang estadistika tungkol sa mga Pilipinang nakapangasawa ng dayuhan sa iba't-ibang bansa sa Europa at Amerika.  
Itanong: Saang bansa may pinakamarami, pinakakaunting Pilipino? Bakit kaya? Ano ang epekto nito sa Pilipinas?
  - c. Ipaskil ang estadistika tungkol sa mga pamilya/taong nag-*migrate* sa mga bansang tinukoy.  
Itanong: Ano kaya ang dahilan ng kanilang pag-*migrate* doon? Saang bansa may pinakamarami at pinakakaunting Pilipino? Bakit kaya?
  - d. Ipaulat ang mga kasaysayan ng mga Pilipinang nagtagumpay sa pag-aasawa ng dayuhan at ang ilang malungkot na karanasan ng ilang Pilipinang di nagkaroon ng maayos na kapalaran.

### C. Paglalahat

Anu-ano ang mga katangian ng mga Pilipino na siyang dahilan kung bakit nagtatagumpay sila sa Amerika at Europa?

### D. Pagpapahalaga

1. Pangkatin ang klase sa dalawa. Ipatalakay sa pangkat ang mga sumusunod:
  - a. Unang Grupo: Mga dahilan kung bakit kami ay magma-*migrate* sa ibang bansa (halimbawa ay Estados Unidos o Canada) at doon na permanenteng maninirahan.
  - b. Ikalawang Grupo: Mga dahilan kung bakit hindi kami magma-*migrate* sa ibang bansa kahit may pagkakataon.
2. Ipaulat ang pagpapasya ng pangkat.

### E. Pagtataya

1. Sa isang kapat (*one-fourth*) na bahagi ng papel, ipatukoy ang mga sumusunod:
  - \_\_\_\_\_ a. Bansang may pinakamaraming nag-*migrate* na Pilipino
  - \_\_\_\_\_ b. Bansang may pinakamaraming Pilipinang nakapag-asawa ng banyaga
  - \_\_\_\_\_ c. Pilipinang nagtagumpay sa larangan ng pangangalakal sa Amerika
  - \_\_\_\_\_ d. Pilipinong naging pinuno ng pamahalaan sa Hawaii
2. Ipaliwanag:

Magtala ng tatlong dahilan kung bakit nagpupunta ang mga Pilipino sa ibang bansa upang doon manirahan.

## IV. Takdang Aralin

- A. Sino ang mga tinatawag na *Amerasians*?
- B. Sa Pilipinas, saan sila kadalasang matatagpuan? Bakit?

## MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

### A. Slow

1. Ang aralin ay kailangang ituro ng tatlong sesyon dahil mayroong pangkatan at maraming talakayan. Kailangan bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral para makahanap ng mga sinasabing lugar sa mapa at makapagbigay ng sariling opinyon.
2. Dula-dulaan
3. *Collage*

### B. Middle

1. Dalawang sesyon ang kailangan.
2. Pag-uulat
3. *Collage*

### C. Bright

1. Pagsasaliksik
2. *Collage*
3. *Brainstorming*



## MATAMIS AT MAPAIT NA BUNGA NG PANDARAYUHAN

**core message:** *May mga mabuti at di-mabuting naidudulot ang pangigingibang-bansa. Ang mga Pilipinong nasa ibayong dagat ay tumutulong sa pag-unlad ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapadala ng kinitang salapi, pagbabayad ng buwis, pagpapadala ng donasyon, direktang serbisyo at pagsalin ng angking kaalaman at taglay na teknolohiya. Sa isang banda, ang pangigingibang-bansa ay may katumbas na sakripisyo tulad ng panganib sa indibidwal, paglabag sa karapatang pantao, ang pagkawasak ng pamilya, at iba pang mga bagay na nakaapekto sa damdamin at kaisipan ng Pilipino.*

**learning competency:** *Nasusuri ang bahaging ginagampanan ng pamahalaan sa ekonomiya. Natatalakay ang mga napapanahong isyung pambansa at pangdaigdigang tungo sa pag-unlad.*

**H**indi lahat ng bunga na pinipitas sa puno ay matatamis. Mayroon ding mapapait at maaasim lalo na kung ang mga ito ay hilaw pa at pilit ang pagkahinog. Tulad ng pandarayuhan sa ibang bansa, mayroon itong mga mabubuti at di-magagandang epekto sa indibidwal at sa lipunan.

Ikinararangal natin ang ating mga kababayang Pilipino na nasa ibang bansa dahil sa kanilang sakripisyo at paghihirap. Ayon sa tala ng *Commission on Filipinos Overseas*, mayroong 6.97 milyong Pilipino na nasa mahigit na 149 na bansa. Iba't-iba ang kalagayan ng Pilipino na nasa ibang bansa: mga permanenteng naninirahan, mga nakapag-asawa ng dayuhan, mga nagtatrabaho o nagsisilbi bilang manggagawa, at mga estudyante at nag-aaral o nagsasanay sa kanilang propesyon. Bagamat malayo sa kanilang pamilya at bansa, sila ay nagsasakripisyo upang guminhawa ang kanilang buhay, mabigyan ng mabuting kinabukasan ang mga anak at pamilya, at paunlarin ang kanilang sariling kakayahan.

Sa pagtungo sa ibang bansa, dala ng Pilipino ang kanyang angking talino, katangian at kasanayan na ipinagkaloob ng kanyang bansa at lipunan. Dahil sa mga ito, ang Pilipino ay nananatiling matatag at nagsisikap na magbunga ng matamis ang kanyang pinagpaguran sa dayuhang bansa. Anuman ang kalagayan ng Pilipino sa bansang kinaroroonan, nararapat lang na ipagpatuloy niya ang kanyang pakikipag-ugnayan sa bansang sinilangan. Anuman ang dulot ng paninirahan o pagtatrabaho ng mga Pilipino sa ibang bansa, hindi maikakaila ang kanilang malaking kontribusyon sa kaunlaran ng ekonomiya ng bansa.

May matamis na bunga ang pandarayuhan. Ang mahigit na anim na milyong Pilipino na naninirahan at naghahanapbuhay sa ibang bansa ay malaki ang naitutulong sa pag-unlad ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapadala ng kinitang salapi, pagbabayad ng buwis, pagpapadala ng donasyon, direktang serbisyo at pagsalin ng angking kaalaman at taglay na teknolohiya. Kung atin pang susuriin, ang pandarayuhan ay isa ring kasagutan sa pagkabawas ng kakulangan ng trabaho sa bansa o "unemployment". Mapapansin ang pagbabago sa bawat pamilyang may kamag-anak na nagtatrabaho sa ibang bansa - bagong kasangkapan, damit, masasarap na pagkain, pagpapaaral sa mga anak, pagpapagawa o pagpapaayos ng kanilang mga tahanan.

Ngunit mayroon ding mapait na bunga ang paninirahan at pagtatrabaho sa ibang bansa. Ang pangigingibang-bansa ay may katumbas na sakripisyo tulad ng personal na panganib sa indibidwal, paglabag sa karapatang pantao, ang pagkawasak ng pamilya, at iba pang mga bagay na nakaapekto sa damdamin at kaisipan ng Pilipino. Naroroon ang panganib sa bawat indibidwal sa harap ng bagong kultura at kapaligiran. Naroroon din ang mga naiwang pamilya na kailangang bigyan ng moral o emosyonal na suporta. Ang pamilya na siyang pundasyon ng lipunan ay unti-unting nababago dulot ng pagkawala ng isa o parehong magulang sa piling ng mga anak.

Paano ba nasusukat ang tamis o pait ng mga bunga ng pandarayuhan sa ibang bansa? Ang pagsukat nito ay hindi lamang tungkulin o pananagutan ng pamahalaan. Higit sa lahat, ang pagsukat ay nasa indibidwal na siyang nagpapasya. Sa ganitong mga pangyayari, ang ating pamahalaan ay nagsasagawa ng mga patakaran at mga programa upang ang mga mandarayuhang Pilipino ay mabigyan ng tulong di lamang emosyonal kundi ligal at pinansyal din. Isa

sa pangunahing patakaran ng ating ugnayang panlabas ay ang mga programa at serbisyo para sa kapakanan ng mga Pilipinong nasa ibayong dagat. Nariyan ang ating mga embahada at konsulado sa mga lugar na dinarayuhan ng mga Pilipino na tumutugon sa kanilang pangangailangan.

Bukod dito ay may mga sangay ng gobyerno na siyang nangangalaga sa karapatan ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa tulad ng *Department of Labor and Employment* (DOLE), na nangangasiwa sa pangkalahatang isyu at kaganapan ukol sa paggawa at paghahanapbuhay. Sa ilalim nito ay ang *Philippine Overseas Employment Administration* (POEA) na siyang may pananagutan sa pagbabalangkas at pagpapatupad ng mga patakaran ukol sa pagtatrabaho ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa; at ang *Overseas Workers Welfare Administration* (OWWA), na siyang nangangalaga sa interes, kapakanan at karapatan ng manggagawang Pilipino habang siya ay nagtatrabaho sa ibang bansa.

Para naman sa mga Pilipinong maninirahan na ng permanente sa ibang bansa at maging ang mga Pilipinong nakakapag-asawa ng dayuhan, ang *Commission on Filipinos Overseas*, isang ahensiya ng pamahalaan sa ilalim ng *Department of Foreign Affairs*, ang nagpapatupad ng mga programang makapagtataguyod sa mga kapakanan at kagalingan ng mga mandarayuhang Pilipino.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Mapangangatuwiran na may matamis at mapait na bunga ang pandarayuhan

#### B. Tiyak

1. Maiisa-isa ang mga benepisyong dulot sa bansa ng pandarayuhan ng mga Pilipino
2. Natutukoy ang mga nagiging suliranin ng mga Pilipinong nandarayuhan
3. Naipapaliwanag ang mahalagang papel ng pamahalaan upang matulungan ang mga nandarayuhan
4. Natutukoy ang mga isyung pambansa at pandaigdig kaugnay ng pag-unlad
5. Napahahalagahan ang paghihirap ng mga Pilipino sa ibayong dagat para sa kaunlaran ng pamilya at bayan

### II. Paksa : Matamis at Mapait na Bunga ng Pandarayuhan.

Sanggunian : Teksto ng Aralin  
Takdang Panahon : 1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Balik-aral

1. Ano ang ibig sabihin ng pandarayuhan?
2. Isa-isahin ang mga uri ng pandarayuhan.

#### B. Paglinang ng Aralin

1. Lunsaran: Sino ang may kamag-anak, kaibigan ng pamilya o kakilalang nagtatrabaho o naninirahan na sa ibang bansa.
2. Gawaing Pagtatalakay: *Debate*  
**Lutasin: Pandarayuhan, Dapat Ba?**
  - a. Bumuo ng 2 pangkat na magtatalo.
  - b. Gawing batayan ang mga sanggunian.
  - c. Pagtalunan ang paksa sa loob ng 10 minuto.
  - d. Pagkatapos ng *debate*, papunuan ang talahayan sa pisara.

## PANDARAYUHAN

Mga Aspeto ng Pandarayuhan	Matamis na Bunga	Mapait na Bunga
Pang-Ekonomiya Pang-Sosyal Pampisikal		

### 3. Gabay na Tanong

- Suriin ang talahanayan. Alin ang nakahihigit, ang matamis ba o mapait na bunga ng pandarayuhan?
- Sa mga suliraning nararanasan ng mga nandarayuhan, ano ang tulong na ginagawa ng pamahalaan?
- Ipabanggit ang mga tungkulin ng mga embahada at konsulado sa ibang bansa.
- Ano ang mga kasalukuyang isyung pambansa at pandaigdig kaugnay ng pandarayuhan?

### C. Paglalahat

Ano ang dulot ng pandarayuhan?

### D. Paglalagom

Itala ang mga ahensiya ng gobyerno na nangangalaga sa mga mandarayuhan at ang mga tungkulin/serbisyo nito.

### E. Pagpapahalaga

- Paglaki mo, mandarayuhan ka ba? Bakit?
- Ano ang maipapayo mo sa mga mandarayuhan?

### F. Pagtataya

Sa kalahating bahagi ng papel sagutin ang sumusunod na tanong:

- Isa-isahin ang mabuti at di-mabuting dulot ng pandarayuhan.
- Itala ang mga ahensiya na tumutulong na malutas ang mga suliranin ng mga nandarayuhan.
- Sa tapat ay isulat ang mga pangunahing tungkulin.

## IV. Takdang Aralin

Mag-interbyu ng mga Pilipinong nagtagumpay sa ibang bansa at nabigo sa pakikipagsapalaran. Iulat sa klase ang kanilang naranasan.

## MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategya na maaaring isaalang-alang ng mga guro sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

### A. *Slow*

- Hatiin ang layunin sa dalawa hanggang tatlong sesyon.
- Dapat magkaroon ng taimtim na pananaliksik ang mga mag-aaral tungkol sa paksa upang mabisa ang pagdedebate ng bawat pangkat.

3. Paghahambing
4. Mga angkop at kaugnay na larawan hinggil sa karanasan ng mga Pilipinong nandayuhan
5. *Film showing*, halimbawa ang buhay nina Flor Contemplacion at Sarah Balabagan
6. Mag-anyaya ng mga *resource speakers* na may karanasan na sa nasabing paksa
7. Gumamit ng *deductive reasoning* sa pagtalakay ng paksa.

**B. Middle**

1. Gawing tatlong sesyon ang talakayan sa aralin.
2. *Role play*

**C. Middle at Bright**

Pangkatin at bigyan ang mga *middle at bright pupils* ng takdang aralin upang makipanayam sa mga taong nakapunta na sa ibang bansa. Ipasulat ito sa klase.

**D. Bright**

1. Gawing dalawang sesyon ang talakayan sa aralin.
2. Pagkukwentuhan
3. *Role playing*

PAGPAPAHALAGA

EDUKASYON

## INIIBIG KO ANG PILIPINAS

**core message:** *Kailangan ng ating bansa ay mga mag-aaral na balang araw ay magdudulot ng pagkakakitaan o mga may sariling kalakalan at mga mag-aaral na maghahangad ng hanapbuhay na angkop sa kanilang pinag-aralan/talino at likas na kakayahan.*

**learning competency:** *Naipamamalas ang mga pagpapahalagang dapat taglayin ng isang entrepreneur  
Naipakikita ang tiwala sa sariling kakayahan  
Nagagamit ang mga pansariling kakayahan (talento at talino)  
Nakalalahok sa mga gawaing pangkabuhayan na abot ng kakayahan upang mapaunlad ang sariling buhay*

Sa isang pag-aaral na isinagawa ay nalaman na sa ngayon, ang kulturang migrante ay umiiral sa karamihan ng ating mga kababayan. Kahalintulad ng terminong *colonial mentality* na tumutukoy sa ating higit na pagkalugod sa mga kilos, gawi at produktong banyaga, ang pagkakaroon ng kulturang migrante ay tumutukoy naman sa matinding pag-asam at higit na pagpapahalagang ikinakabit ng ating mga kababayan sa mga oportunidad ng pangkabuhayan na naroroon sa labas ng bansa. Tinitingnan ang pagtungo sa ibang bansa bilang isang tahaking tiyak at mabilis na makapagdudulot ng ginhawa sa buhay na hindi alintana ang mga kaakibat na balakid o negatibong karanasang maaaring harapin.

Masasabi nating tunay na ang mga bansang higit na nakaririwasa kumpara sa Pilipinas ay mas higit na malawak ang pangkabuhayang oportunidad na kayang ialok. Tunay rin na kaya nitong magbigay ng mas malaking pasahod at magandang benepisyo. Subalit, dapat isaalang-alang ng bawat nagnanais maghanapbuhay sa ibang bansa ang kabuuang epekto ng tahaking ito, hindi lamang ang dolyar na maaaring kitain, kundi maging ang mga bagay-bagay na hindi kayang tapatan o sukatin ng salapi at materyal na bagay tulad ng epekto nito sa kanyang sarili, pamilya at sa lipunang kanyang ginagalawan.

Ang patakaran ng ating pamahalaan sa ngayon ay binigyan ng bagong hubog at bihis sa pamamagitan ng pagpapatupad at pangangasiwa ng *Overseas Employment Program* ng bansa. Noong 1993, ay naibalangkas ang "*Philippines 2000 - Social Reform Agenda*". Bahagi nito ay ang panuntunang ang *Overseas Employment Program* ay bahagi ng pangkalahatang istratohiyang pang-ekonomiko o pangkabuhayan. Isinusulong nito ang pananaw na ang pagtatrabaho sa ibang bansa ay isa lamang sa maaaring tahakin at hindi ang natatanging paraan ng paghahanapbuhay. Sa pamamagitan ng pagluluwag ng mga batas ukol sa *foreign investment* o pamumuhunan ng mga banyaga, ay naghihikayat ang pamahalaan ng mga dayuhan na magtayo ng mga negosyo sa bansa na sa dakong huli ay inaasahang lilikha ng mga trabaho para sa ating mga kababayan. Ang ating aktibong partisipasyon sa mga nagkaisang lupon ng mga bansa tulad ng *Asia Pacific Economic Cooperation, Brunei, Indonesia, Malaysia, Philippines-East Asia Growth Area* (BIMP-EAGA), at iba pa ay nagkakaroon ng positibong epekto sa sitwasyong pang-ekonomiko ng bansa.

Ang matinding hangarin ngayon ng pamahalaan ay makalikha ng maganda at kaaya-ayang kondisyong ekonomiko o pangkabuhayan sa loob ng bansa upang mahikayat ang mamamayan na manatili rito at gamitin ang kanilang angking kakayahan at talino sa pag-unlad ng bansa. Bukod pa sa mga hakbang na isinasagawa upang patuloy na makakita at makalikha ng mga oportunidad na pangkabuhayan o trabaho para sa malaking bilang ng *workforce* ng bansa, ay nagpapatupad na rin sa ngayon ng mga insentibong pagganyak upang mahimok ang ating mga kababayan na maging *entrepreneur*, lumikha at maging may-ari ng sarili nilang negosyo at sa bandang huli ay makalikha at makapagbigay ng trabaho para sa iba.

Sa ilalim ng *Republic Act 8042*, naibalangkas ang paglikha ng mga *Migrant Workers and Overseas Filipinos Resource Centers* at *Replacement and Monitoring Centers* para sa ating mga mandarayuhang Pilipino partikular na ang ating mga manggagawa na hindi permanenteng mananatili sa labas ng bansa at inaasahang babalik sa bansa pagkatapos ng kanilang kontrata. Ito ay upang mahikayat silang gamitin ang pondong naipon para magtayo ng mga negosyo sa Pilipinas.

Ngunit higit pa sa aspetong pangkabuhayan ay dapat din nating maipabatid at mapukaw sa ating mga kababayan ang kabuluhan ng paglalaan ng kanilang kasanayan at kakayahan dito sa loob ng bansa. Kulang na ang mga doktor dito sa Pilipinas. Kung karamihan sa kanila ay nasa ibayong dagat, sino na ang gagamot sa ating mga maysakit? Malaking bilang ng ating mga guro ay nasa labas na rin ng bansa. Sino na ang magtuturo sa atin? Ang ating mga inhinyero at iba pang mga manggagawa sa konstruksiyon at imprastruktura ay nasa ibang bayan na rin. Paano na ang ating mga tulay, daan, at mga gusali?

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Nakalalahok sa mga gawaing pangkabuhayan na abot ng kakayahan upang mapaunlad ang sariling buhay

#### B. Tiyak

1. Nakapagpapahalaga sa mga pagkakataong pangkabuhayan sa loob ng bansa
2. Naipamamalas ang pag-ibig sa bayan sa pamamagitan ng paglahok sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa

### II. Paksa: Iniibig Ko Ang Pilipinas

Sanggunian	:	Mga lathalain ng DOLE at POEA
Kagamitan	:	Mga <i>clippings</i> mula sa mga pahayagan hinggil sa pagtatrabaho sa ibayong dagat
Takdang Panahon	:	1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Gawain

1. Magpaskil sa apat na bahagi ng silid-aralin ng mga *Wanted Classified Ads* para sa pagtatrabaho sa loob at labas ng bansa. Pagpangkatin ang mga mag-aaral sa apat upang suriin ang mga patalastas.
2. Magtanong sa mga mag-aaral kung aling gawain ang nais nilang aplayan at bakit. Bigyang pansin ang mga pumili ng mga trabaho dito sa bansa at doon sa mga pumili ng trabaho sa ibang bansa.
3. Tanungin ang mga bata kung anu-ano ang mga kakayahan o kinakailangan para sa mga gawaing ito. Tanungin kung ano ang tingin nilang mga katangian o kakayahan na dapat taglayin ng mga nais na magtrabaho sa ibang bansa at kung nakikita nilang taglay nila ang mga ito.
4. Tanungin ang mga bata kung may nagnanais sa kanila na magtayo ng sarili nilang negosyo. Tumawag ng mga batang magbabahagi ng kanilang nais na trabaho o negosyo at ang mga kinakailangang gawin nila upang mapaunlad ang sarili at matutunan ang mga kakayahan o katangiang kinakailangan dito upang makita ang pagkaakma ng piniling gawain.

#### B. Pagtatalakay

1. Bakit ninyo napili ang gawain? Ipaliwanag.
2. Saan ninyo nais magtrabaho? Bakit?
3. Ano ang kabutihang dulot ng pagtatrabaho sa Pilipinas? sa ibang bansa? sa pagtatayo ng sariling negosyo?

#### C. Paglalahat

Maraming pagkakataong pangkabuhayan sa Pilipinas para sa mga Pilipino na may talino, kakayahan at kasanayan. Ang pagiging makabansa ay maisasabuhay kung sasamantalahin ng mga Pilipino ang mga pagkakataong ito.

D. Paglalapat

Paano ninyo magagamit ang inyong talino at kakayahan sa ikabubuti ng bayan?

E. Pagtataya

Lagyan ng tsek (✓) kung sang-ayon at (X) kung di sang-ayon.

- \_\_\_\_\_ 1. Maraming pagkakataong pangkabuhayan sa Pilipinas para sa mga Pilipino.
- \_\_\_\_\_ 2. Malaki ang pagkakataong lumahok sa mga gawaing pangkabuhayan ang mga Pilipinong may talino, kakayahan at kasanayan.
- \_\_\_\_\_ 3. Makabansa ang mga Pilipinong naghahanapbuhay sa Pilipinas sa halip na sa ibang bansa.
- \_\_\_\_\_ 4. Maganda para sa bayan na dito makapaghanap-buhay ang mga Pilipino.
- \_\_\_\_\_ 5. Tungkulin sa sarili at sa bayan ang linangin ang talino, kakayahan at kasanayan para mapakinabangan sa sariling bansa.

**IV. Takdang Aralin**

Gumawa ng isang sanaysay tungkol sa hanapbuhay na nais ninyong umpisahan at ano ang mga maaaring idulot nito sa sarili, pamilya at bansa. Isulat ang mga katangian at kakayahan na kinakailangan upang magtagumpay.

**MUNGKAHING ISTRATEHIYA**

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

**A. Slow**

1. Paglalahat

Gumamit ng mga larawan na makakatulong upang maipaliwanag ang kahalagahan para sa mga Pilipino na may talino, kakayahan at kasanayan na magkaroon ng pangkabuhayan sa sariling bayan.

2. Takdang Aralin

Magpakolekta sa mga mag-aaral ng iba't-ibang larawan ng mga pangkabuhayan sa Pilipinas na maaari nilang umpisahan.

3. Para sa *slow*, *middle* at *bright*:

- a. *Film showing* tungkol sa pagtatatrabaho sa sariling bansa o sa labas
- b. Magpakuwento sa mga mag-aaral tungkol sa mga karanasang nakikita at nababasa nila.
- c. *Role playing*
- d. Talakayin ang mga isyung pambansa at pandaigdig. Halimbawa: Flor Contemplacion, Pang-aabuso ng amo sa mga katulong

4. Pagtataya: Ang Pagtataya sa mungkahing banghay aralin ay nararapat lamang sa mga mag-aaral na *slow learner*.

**B. Middle**

Paglalahat

- a. Magbigay ng maraming halimbawa upang maunawaan ng mga mag-aaral.
- b. Bilang Pilipino, maipapakita ang pagiging makabansa kung lalahok tayo sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng sariling buhay tulad ng pagtangkilik sa sariling produkto ng bansa.



### C. Bright

#### 1. Paglalahat

- a. *Brain storming* at *role playing*/pagsasadula.
- b. Pumili ng isang hanapbuhay na pinapangarap mo at isulat ang mga katangian at kakayahan mo sa pangarap na iyon.

#### 2. Pagtataya:

Kailangang malalim ang antas ng pagtatanong upang mahikayat ang mga mag-aaral na nabibilang sa pangkat na ito.

Halimbawa: Ipahayag ang sariling opinyon o ideya tungkol sa mga maaaring pangyayari sa manggagawang Pilipino sa loob o labas ng bansa. Bakit mo ito nasasabi?

3. Maaaring isaalang-alang ang pamagat na "Kakayahan ko, laalay sa Pilipinas" para sa module na ito.
4. Maaari ring mag-imbata ng *speaker* na galing sa ibang bansa na makikipagpalit ng kuro-kuro sa mag-aaral pagkatapos.

## **“MAIL-ORDER BRIDE” RECRUITER: IWASAN!**

**core message:** *Mag-ingat sa mga taong nangangalap ng “mail-order bride”.*

**learning competency:** *Naisasabuhay ang katapatan at integridad tungo sa pag-aangat ng dignidad ng tao  
Nabubuo ang kamalayan sa tama at mali batay sa pangkalahatang pamantayang moral*

Ang *mail-order bride scheme* ay isang pamamaraan na ginagamit ng mga ahensiya o indibidwal upang maipareha ang isang babaeng Pilipina sa isang dayuhan upang mapangasawa. Sa *mail-order bride scheme*, itinuturing na isang kalakal o paninda ang isang babae sapagkat pinagbabayad ang dayuhang lalaki, at kung minsan ay maging ang babae, kapalit ng pagpapareha sa kanila sa isa't-isa.

Sa *mail-order bride scheme*, kadalasan ay wala o hindi sapat ang pagkakakilala ng babae sa dayuhang kanyang pakakasalan. Ang sitwasyong ito ay lubhang mapanganib para sa mga kababaihan, sa kadahilanang maaari silang maabuso at dumanas ng hirap at pasakit sa kamay ng mga napangasawang dayuhan.

Dahil dito, nagpasa ng isang batas ang Pilipinas upang pigilin at ituring na isang krimen ang pagpapareha sa isang Pilipina at isang dayuhan upang magpakasal. May kaukulang parusa na iginagawad sa sinumang tao o ahensiya na mapapatunayang nagsasagawa ng *mail-order bride scheme*. Ayon sa RA 6955, ipinagbabawal ang mga sumusunod na gawain:

- 1) ang magtayo o magkaroon ng negosyo na ipinagtatambal ang mga babaeng Pilipino sa dayuhan upang ikasal sa paraang *mail-order*;
- 2) ang magpaanunsiyo, magpalathala o mamigay ng mga *brochure, poster, flier*, o kahit anong nilimbag na materyal na nagnanais na ipakilala o ipaalam sa mga tao ang *mail-order bride scheme*;
- 3) ang i-rekrut o ganyakin ang isang babaeng Pilipino na maging miyembro ng isang *club* o asosasyon na nagtatambal sa kanya sa mga dayuhan sa paraan ng *mail-order*, kapalit ng kabayaranang pinansyal; at
- 4) ang gamitin ang koreo o *postal service* upang maisakatuparan ang mga gawaing ipinagbabawal ng RA 6955.

Ayon sa RA 6955, pagkabilanggo at pagbayad ng multang umaabot sa P20,000.00 ang parusa para sa sinumang mapatunayang nagsasagawa ng *mail-order bride scheme*. Bagamat ipinagbabawal sa Pilipinas ang *mail-order bride scheme*, hindi ito labag sa batas ng ibang bansa. Idagdag pa ang paggamit ng *Internet* para ianunsiyo ang paghahanap sa Pilipina bilang asawa. Ito ang mga dahilan kung bakit kailangang mag-ingat sa pamamaraang *mail-order*.

Sa tala ng *Commission on Filipinos Overseas (CFO)*, may 147,815 na ang mga Pilipino na umalis patungo sa ibang bansa mula 1989 hanggang 1997 bilang mga katipan o asawa ng dayuhan o higit-kumulang sa 16,423 Pilipino bawat taon, kung saan mahigit sa 90 porsyento ang babae. Karamihan sa kanila ay pumupunta sa bansang Estados Unidos, Japan, Australia, Inglatera, at Alemanya. Bagamat kulang sa 1 porsyento sa bilang na ito ang mga babaeng nakilala ang kanilang kasintahan o asawa sa paraan ng *mail-order bride scheme*, kailangan silang pagtuunan ng pansin dahil sa maaari nilang maranasan ang masaklap na kapalaran sa kamay ng kabiyak na hindi nila gaanong kakilala.

Ang babaeng nag-aasawa ng dayuhan ay kailangang maghandang lubos at kilalang ganap ang kanyang mapapangasawa. Kailangan niyang isaisip na hindi lamang siya makikibagay sa dayuhang kultura at batas ng bansang kanyang titirhan, kundi pati rin sa pag-uugali at pamamaraan ng kanyang dayuhang asawa.

Bagamat may ganap na kalayaan ang tao na makapangasawa ng sinumang nais niyang makatuwang sa panghambang-buhay, nangangailangan din ng ganap na kaalaman at pagkakakilala sa taong kanyang pakakasalan. Hangga't maaari ay maging maingat lalo na kung ang taong napipisil na pakasalan ay nakilala sa paraang *mail-order scheme*, at sa lahat ng pagkakataon, iwasan na maging biktima ng sistemang ito.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

1. Naisasabuhay ang katapatan at integridad tungo sa pag-aangat ng dignidad ng tao
2. Nabubuo ang kamalayan sa tama at mali batay sa pangkalahatang pamantayang moral

#### B. Tiyak

1. Nailalarawan ang angking katangian at dignidad ng isang Pilipina at pamantayan nito sa pagpili ng kabiyak ng dibdib
2. Naipadadama ang damdamin na sinapit ng ibang mga Pilipinang nag-asawa ng dayuhan
3. Nagkapagpapasya ng tama sa pamamagitan ng masusing pag-iisip at pagtitimbang sa pangyayari na nananatili ang dignidad bilang tao

### II. Paksa: *Mail-Order Bride Recruiter: Iwasan!*

Sanggunian : Teksto ng Aralin  
Takdang Panahon : 1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Lunsaran

Ipabasa ang susunod na sanaysay.

#### **Paano Matuturuang Magpatawad ang Puso?**

Si Myrna ay isang dalagang-ina na may katipang dayuhan. Isang linggo na lamang at siya ay aalis na patungo sa Amerika upang magpakasal sa katipang si John. Bagamat aalis na hindi kasama ang anak, inaasahan nitong sa lalong madaling panahon ay susunod din ang pinakamamahal na anak na si Bobby sa tulong ni John.

Si John ay nakilala ni Myrna sa pamamagitan ni Rowena, isang kaibigan na nakapag-asawa ng dayuhan. Kaibigan ng asawa ni Rowena si John. Ipinakilala ni Rowena si John kay Myrna sa pamamagitan ng pagsusulatan. May anim na buwan na silang nagsusulatan nang yayain ni John si Myrna na pumunta sa Amerika. Bagamat iilan pa lamang tungkol dito ang kanyang nalalaman, itinalaga ni Myrna ang sarili sa isang buhay na kapiling si John kasama ng kanyang anak sa pagkadalaga. Sa kanyang paniniwala, si John ang pinakamabait at pinakamaunawaing lalaking nakilala niya dahil nakahanda nitong tanggapin ang kanyang anak.

Hindi iisang beses lamang nabigo si Myrna sa pag-ibig. Dahil sa mga lalaking nagdaan sa kanyang buhay at sa pagkakamaling naranasan sa pagmamahal sa mga ito, itinakwil siya ng kanyang mga magulang. Nabuhay siyang mag-isa sa tulong lamang ng kaibigang si Vivian na siya ring tumutulong sa pag-aaruga sa kanyang anak. Sa piling ni John inaasahan niyang makararamdam ng pagmamahal ng isang ama ang anak. Higit sa lahat, inaasahan niyang malasap ang isang mariwasang pamumuhay. Si John ay isang minero at ito ang inaasahan niyang mag-aahon sa kanilang mag-ina sa kahirapan. Ang karangyaang ito ay naramdaman niya nang panandaliang bumisita sa Pilipinas si John.

Subalit sa pagdating niya sa Amerika, marami siyang natuklasang iba sa kanyang inaasahan. Sa airport pa lamang ay nagulat na siya sa pagtambad sa kanyang harapan ng isang luma at kakarag-karag na jeep na pag-aari ni John. Pagdating sa bahay nito, siya ay nabigla rin sa tanawing kanyang inabutan. Malaki lamang ng kaunti ang bahay nito sa tirahan niya sa Pilipinas. Subalit higit ang kanyang pagkamangha ng matuklasang may dalawang anak na si John. Malalaki na ang mga ito at hindi siya kinikilala. Bagamat nabigo sa inaasahan, minabuti ni Myrna na harapin na lamang ang katotohanang naratnan. Nakisama na lang siya sa mag-aama at pinagsilbihan ang mga ito.

Tatlong linggo ang nakalipas at ikinasal nga si Myrna kay John. Pagkatapos nito ay sinimulan na niyang himukin si John upang mapasunod na sa kanya ang anak. Subalit noon din nagsimulang ipakita ni John ang totoong damdamin nito para sa kanyang anak. Ayaw pala nitong pumunta si Bobby sa Amerika. Nagsimula na rin siyang makatikim ng pananakit at labis na kalupitan mula kay John. At ito ay naulit ng naulit.

Habang tumatagal ay lalong tumitindi ang pananakit sa kanya ni John. Minsan ay binubugbog siya ni John nang magselos ito sa pag-asikaso niya sa mga kaibigan. Dahil sa patuloy na hirap na dinaranas nito sa asawang dayuhan, nagplanong tumakas si Myrna.

Isang araw nang magkaroon siya ng pagkakataon ay tinangka niyang tumakas, subalit inabutan siya ni John. Nanlaban si Myrna subalit higit na malakas si John at tuluyan siyang nawalan ng ulirat. Napatay si Myrna. Ang kanyang anak na si Bobby ay patuloy na naghihintay sa pangako na ito ay magbabalik upang sila'y magkasamang muli, at mabuhay ng mariwasa sa Amerika.

#### B. Talakayan

1. Ano ang mga magandang katangian ng babae sa kuwento? Ano ang mga katangian ng pangarap niyang mapangasawa? Tugma ba ito sa pamantayan ng babaing Pilipina? Bakit?
2. Paano siya nakapag-asawa ng dayuhan? Ano ang natuklasan niya sa asawang banyaga? Ano ang nangyari sa kanya?
3. Sa palagay ninyo, ano ang binigyang pagpapahalaga ng babae: salapi o karangalan? Pangatwiranan ang kasagutan.
4. Paano kaya maiiwasan ang katulad na pangyayari?

#### C. Paglalahat

Ang pag-aasawa ay di-biro. Nararapat na maging matalino sa pagpili ng makakasama habang buhay.

#### D. Paglalapat

Nais ninyo bang makapag-asawa ng dayuhan? Bakit?

#### E. Pagtataya

Sagutin ng Sang-ayon o Di Sang-ayon.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang Pilipina ay may angking talino at dangal.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang pag-aasawa ng banyaga ay katiyakan ng pag-unlad at kaligayahan.
- \_\_\_\_\_ 3. Kailangang kilalaning mabuti ang mapapangasawa.
- \_\_\_\_\_ 4. Tungkulin ng Pilipina na buhayin ang kanyang pamilya kung kaya't dapat na mag-asawa ito ng dayuhan.
- \_\_\_\_\_ 5. Kapahamakan ang mangyayari kung ang pag-aasawa ay di pag-iisipang mabuti.

#### IV. Takdang Aralin

Sumulat ng sanaysay na may pamagat na "Ang Pangarap Kong Kabiyak sa Buhay".

### MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### A. *Slow*

1. Layunin:

Naipadadama ang damdamin at pagmamalasakit na sinapit ng ibang mga Pilipinong nag-asawa ng dayuhan

2. Lunsaran:

- a. Gawing takdang aralin
- b. Ipaliwanag

3. Talakayan:  
*Flash Picture: Wanted Mail-Order Bride*
4. Paglalahat:  
Ang pag-aasawa ay di biro. Nararapat na maging matalino...
5. Paglalapat:  
Nais ninyo bang makapag-asawa ng dayuhan? Bakit?
6. Takdang Aralin:  
Ano ang mabuti at di-mabuti sa pag-aasawa ng dayuhan?
7. Hatiin ang aralin sa 2 sesyon upang higit na maunawaan at madama ng mga mag-aaral ang tunay na kahulugan ng paksa.

Halimbawa:

- a. Ibigay muna ang kahulugan ng *Mail Order Bride* at ng salitang *recruiter*.
- b. Talakayin ang kahulugan ng *colonial mentality*.

### **B. Middle**

1. Layunin:  
Nabubuo ang kamalayan ng tama at mali tungkol sa pag-aasawa batay sa pangkalahatang pamantayang moral
2. Lunsaran:  
Gawing takdang aralin at sagutin ang mga katanungan.
3. Talakayan:  
Talakayin ang apat na katanungan (Re: Pamamaraan p.53).
4. Paglalahat:  
Ang pag-aasawa ay isang *vocation*.
5. Paglalapat:  
Maganda ba ang makapag-asawa ng dayuhan? Bakit?
6. Takdang Aralin:  
Ano ang masama sa pag-aasawa ng dayuhan?

### **C. Bright**

1. Ang aralin na ito ay angkop para sa lahat na taon ngunit mas mabuti kung ibibigay sa ikatatlo o ikaapat na taon dahil sila ay may sapat na edad at kaalaman tungkol sa pag-aasawa.
2. Layunin:  
Naipaliliwanag ang tunay na kahulugan o kadahilanan ng pag-iisang dibdib tungo sa pag-aangat ng dignidad ng tao
3. Lunsaran:
  - a. Ipabasa ang Gintong Patnubay, Vol. 2, No. 2.
  - b. Ipasadula sa mga mag-aaral
4. Talakayan:
  - a. *Brainstorming*: Anu-ano ang mga magandang aral na ating makukuha sa kuwento?
  - b. Pagdedebate
5. Paglalahat:  
Ipaliwanag: Bakit ang pag-aasawa ay di-biro

6. Paglalapat:
  - a. Kabutihan at di-kabutihan ng pag-aasawa ng dayuhan
  - b. Kahalagahan ng pag-aasawa
  
7. Pagtataya:  
*Reaction Paper: 100-150 words "Ang Pag-aasawa ay di-Biro"*
  
8. Takdang Aralin:  
Sumulat ng sanaysay na may pamagat na "Ang Pangarap kong Kabiya sa Buhay."

## PAGHAHANAP BUHAY SA IBAYONG - DAGAT: HANDA KA BA?

*core message:* Ang paghahanapbuhay sa ibayong dagat ay kailangang paghandaang mabuti ng sinumang magnanasang mangibang bansa, tulad ng kalusugang pisikal at pangkaisipan, talino at taglay na kakayahang angkop sa posisyong ninanasa, matatag na kalooban at matibay na pananalig sa Diyos upang mapaglabanan ang anumang pagsubok na kaakibat ng paghahanapbuhay sa ibayong dagat.

*learning competency:* Nakapagpapamalas ng kagitingan at lakas ng loob sa mga pagkakataong kailangan ito

Ang paghahanapbuhay sa ibayong-dagat ay nangangailangan ng isang masusing pagpapasiya at paghanda. Ang nasabing paghanda ay hindi lamang sa aspeto ng kalusugang pisikal, kundi pati na rin sa pangkaisipan, talino at lakas ng loob sa gitna ng mga pagsubok na kaakibat ng pandarayuhan. Sa madaling salita ay kailangang pag-isipang mabuti ang bagay na ito sapagkat ang pandarayuhan ay makakaapekto hindi lamang sa taong aalis kundi pati na rin sa kanyang iiwanang pamilya at sa lipunang kanyang ginagalawan.

Magmula pa noong 1983 ay ipinatutupad na ng *Philippine Overseas Employment Administration* (POEA), isang sangay ng *Department of Labor and Employment* (DOLE) at siyang pangunahing ahensiyang bumabalangkas at nagpapatupad ng mga patakaran ukol sa paghahanapbuhay sa labas ng bansa, ang *mandatory* na *Pre-departure Orientation Seminar* (PDOS). Ang rekisitong ito ay kinakailangang daanan ng bawat papaalis na migranteng manggagawa upang mabigyan siya ng wastong kaalaman ukol sa katotohanan ng paghahanapbuhay sa bansang patutunguhan.

Sa pagsasabatas ng *Republic Act 8042* o ang *Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995* ay nakita ng pamahalaan ang kakulangan at kahinaan ng nasabing mekanismo. Sinasabing ang PDOS ay isinisagawa sa puntong huli na para sa isang manggagawang mandarayuhan na iurong ang kanyang pasyang mangibang-bansa, dahil ito nga'y ginaganap sa panahong ang manggagawa ay nakapirma na ng kontrata at nakapaglabas na ng malaking halaga. Bilang tugon ay isinasakutuparan na ngayon ang tinatawag na *Full-Disclosure Policy* kung saan sa pamamagitan ng isang bukas, balanse at tapat na pagsisiwalat ng mga katotohanan ukol sa pangigingibang bayan, ang isang nagnanais pa lamang mag-aplay ay mabibigyang-gabay upang masuri niyang mabuti ang kanyang personal na kakayahan at kahinaan sa pagharap sa mga reyalidad ng paghahanapbuhay sa ibang bansa.

Simula noong taong 1997, bukod pa sa PDOS, ay kailangan na dumaan sa isang *Pre-Employment Orientation Seminar* (PEOS) ang isang manggagawa bago pa man ito mag-aplay sa anumang trabaho sa labas ng bansa. Ang ginaganap na PEOS ay kinapapalooban ng mga paksa ukol sa mga bagay-bagay na dapat isaalang-alang at paghandaan ng isang manggagawa tulad ng kultura at batas ng bansang pupuntahan, at ang mga balakid o mga negatibong karanasan na posible niyang harapin. Ang mga halimbawa ng mga paksa na tinatalakay ay ang mga sumusunod:

- a) ang mga damdamin ng isang malayo sa mga mahal sa buhay;
- b) ang posibleng pagbabagong magaganap sa pamilyang iiwanan;
- c) ang kakaharapin bago at banyagang paligid at ang pakikiakma at pakikibagay (*adjustment/adaptation*) na dapat isagawa;
- d) ang pakikitungo o pakikisalamuha sa mga taong paglilingkuran pati na rin ang mga kasamahan sa trabaho (*fellow workers*), Pilipino man ito o banyaga;
- e) ang pag-ayon sa kakaibang etikong paggawa (*work ethic*);
- f) ang mga kaukulang tulong-mekanismo na maaaring asahan mula sa pamahalaan;
- g) ang mga paraang maaaring gamitin sa oras ng pangangailangan (*coping skills*); at
- h) ang kanyang mga kakaharapin - pamilya, lipunan, bansa - sa kanyang pagbabalik.

May inilaan ding sesyon ukol sa ilegal na pangangalap ng mga manggagawa (*illegal recruitment*) upang mabigyang gabay ang mga ito sa mga wasto at ligal na proseso ng pangigingibang-bansa bilang manggagawa.

Bilang pagpapatupad din sa itinakda ng RA 8042, ang POEA ay kasapi ng mahahalagang *inter-agency committees* na may kinalaman sa pandarayuhan tulad ng *Migrant's Advisory and Information Network (MAIN)* at *Shared Government Information System For Migration*. May labing dalawang (12) ahensiya ng pamahalaan ang bumubuo ng MAIN sa bisa ng isang *Memorandum of Agreement (MOA)* na nilagdaan ng mga kasaping-ahensiya noong May 28, 1997. Liban sa POEA, ang iba pang mga kasapi ng MAIN ay ang *Bureau of Immigration, Commission on Filipinos Overseas, Commission on Human Rights, Department of Foreign Affairs, Department of Interior and Local Government, Department of Labor and Employment, Department of Social Welfare and Development, National Bureau of Investigation, National Commission on the Role of Filipino Women, Overseas Workers Welfare Administration, at Philippine Information Agency.*

Ang POEA, CFO, DFA, OWWA, *Department of Tourism, Department of Justice, BI, NBI, at National Statistics Office* ay inaasahang mag-uugnay, magkakaisa at magtutulong-tulong upang makabuo ang ating pamahalaan ng isang komprehensibong sistema ng impormasyon tungkol sa pandarayuhan. Saklaw ng *Shared Government Information System* o SGIS ang mga isyung bumabalot sa pagkalahatang pandarayuhan hindi lamang para sa ating mga migranteng manggagawa, kundi pati na rin sa mga kasintahan o magiging asawa ng isang dayuhan, o iyong mga tuluyang maninirahan sa ibang bansa sa bisa ng petisyon ng kanilang pamilya o kaanak sa labas ng bansa. Ang hakbang na ito ay upang palawigin pa ang kamalayan ng lipunan ukol sa pandarayuhan at una sa lahat, ay upang maipamalas ng ating pamahalaan na ito'y sama-sama at nagkakaisa sa pagharap sa mga isyu at kaganapan ukol sa pangangibang bansa.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Nakapagpapamalas ng kagitingan at lakas ng loob sa mga pagkakataong kailangan ito

#### B. Tiyak

1. Naisasa-damdamin ang kahalagahan ng masusing pagpapasya, tapat na kaalaman at wastong kamalayan ukol sa paghahanapbuhay sa ibang bansa
2. Nakagagawa ng paraan upang makaiwas sa kapahamakan sa lugar na pinagtatrabahuan

### II. Paksa : Paghahanapbuhay sa Ibayong-Dagat: Handa Ka Ba?

Sanggunian	:	Teksto ng Aralin, <i>MAIN Reference Manual, RA 8042, "Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995</i> , mga balita hinggil sa manggagawang Pilipino sa ibang bansa
Kagamitan	:	<i>butcher paper, pentel pen</i>
Takdang Panahon	:	1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Balik-aral: Pandarayuhan/Pangingibang bansa

#### B. Pagganyak

Iparinig sa mga bata ang awiting "Dito Ba" ni Kuh Ledesma. Pagkatapos mapakinggan ang awitin, tanungin ang mga bata kung ano ang mensahe ng awit; ano ang kanilang naramdaman habang nakikinig.

#### C. Gawain

Pangkatin ang klase sa tatlo (3). Bumilang ng 1 hanggang 3. Ang magkakatulad na bilang ay bubuo ng isang pangkat at pipili ng lider. Bigyan ng isang paksang tatalakayin ang bawat pangkat sa loob ng 20 minuto.

1. Mga damdamin ng isang manggagawang malayo sa pamilya
2. Mga posibleng pagbabagong magaganap sa pamilyang iiwanan



- Mga kakaharaping bago o mga panganib na maaaring kakaharapin ng manggagawa sa bansang patututunguhan

Isulat sa *butcher paper* ang mga natalakay at napagkasunduan.

#### D. Talakayan

Mag-uulat ang bawat lider ng grupo.

Gabay na tanong:

- Ano ang mga katangiang dapat taglayin ng isang mandarayuhan sa ibang bansa?
- Ano ang inyong gagawin upang makaiwas sa mga problema pagdating sa ibang bansa?

#### E. Gawaing Pagpapahalaga

Tanungin ang mga mag-aaral kung sila ay handa pa ring pumunta sa ibang bansa sa kabila ng mga natuklasan nilang problema at panganib sa pangingibang bansa. Bigyang pagkakataon na makapangatwiran. Pansinin ang bilang ng Oo at Hindi.

#### F. Paglalahat

Gabayang klase na mabuo ang konseptong ito:

Ang paghahanapbuhay sa ibayong dagat ay kailangang paghandaang mabuti ng sinumang magnanasang mangibang bansa. Kailangan niya ang kalusugang pisikal at pangkaisipan, talino at taglay na kakayahang angkop sa posisyong ninanasa, matatag na kalooban at matibay na pananalig sa Diyos upang mapaglaban ang anumang pagsubok na kaakibat ng paghahanapbuhay sa ibayong dagat.

#### G. Pagtataya

Punan ang talahanayan.

Panganib sa Pangingibang-bansa	Paano Malulutas
hal. pang-aabuso ng <i>employer</i> /paglabag sa kontrata na nilagdaan	- sumangguni sa POEA - pumunta sa pinakamalapit na embahada o konsulado

### IV. Takdang Aralin

Makipagpanayam sa isang OFW. Tanungin ang panganib na sinuong nito habang nasa ibang bansa. Paano niya ito nalutas?

### MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### A. *Slow*

- Mahirap ipaliwanag ang mensahe sa pamamagitan ng pakikinig ng isang awit.
- Pamamaraan:  
Gawain: Marahil ay kulang ang isang sesyon dito. Kaya kahit 2 o 3 o iilan ay puwede na. Tulungan ang mag-uulat upang tuloy ang leksyon at matapos sa takdang panahon.

3. **Pagtataya:**  
Magbigay ng ilang halimbawa bago isagawa ang Pagtataya at talakayin ang "panganib sa pangingibang bansa." Ang "Paano Malulutas" ay sasagutin ng mga mag-aaral.
4. *Film showing, picture story telling*
5. **Dagdag na katanungan:** Bakit mo masasabing handa o hindi ka pa handa para mangibang bansa?
6. **Lunsaran/Pagganyak:** Sino sa inyo ang may mga kamag-anak na naghahanap-buhay sa ibang bansa?
7. *Visual technique/Situational guides*

**B. Middle**

1. **Pamamaraan:** Bigyang diin ang pagpili ng mahusay na lider.
2. *Role playing, News reporting*
3. *Visual techniques*
4. *Moral dilemma*

**C. Bright**

1. *Script writing*
2. *Role playing*
3. *Research/Interview*
4. **Maghanda ng kaalamang teknikal ng isang manggagawa.**
5. **Mga napapansing kalagayan ng mga OFWs sa kasalukuyan**
6. *Brainstorming*
7. *Buzz session*

## NASAAN KA INAY?

*core message:* **May mga mabuti at di-mabuting naidudulot ang pangingibang-bansa. Ang mga Pilipinong nasa ibayong dagat ay tumutulong sa pag-unlad ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga padalang kinitang salapi, pagbabayad ng buwis, pagpapadala ng donasyon, direktang serbisyo, at pagsalin ng angking kaalaman at taglay na teknolohiya.**

**Sa isang banda, ang pangingibang-bansa ay may katumbas na sakripisyo tulad ng panganib sa indibidwal, paglabag sa karapatang pantao, ang pagkawasak ng pamilya, at iba pang mga bagay na nakaapekto sa damdamin at kaisipan ng Pilipino.**

*learning competency:* **Napahalagahan ang pamilya bilang pangunahing instrumento sa paghubog ng pagkatao**

Lubos na naapektuhan ang mga naiwanang anak sa pag-alis ng isa o dalawang magulang na nakikipagsapalaran lupang magtrabaho sa ibang bansa. Ayon sa isang pagsisiyasat ng *Scalibrini Migration Center* na sinuportahan ng *Catholic Bishops Conference of the Philippines-Episcopal Commission for the Pastoral Care of Migrants and Itinerant People (CBCP-ECMI)*, batid ng mga batang ito na ang pagtungo ng kanilang mga magulang sa ibang bansa ay upang mapabuti ang pampamilyang pamumuhay at upang sila ay magkaroon ng magandang pinag-aralan at kinabukasan. Napapahalagahan din nila ang pandarayuhan dahil sa mga materyal na dulot nito na makikita sa mga pasalubong, *imported* o mamamahaling mga gamit, at masasarap na pagkain.

Subalit, sa pagkawalay nila sa kanilang mga magulang, ang mga anak ay nakararamdam din ng pagkalungkot at pagkapabaya. Dahil dito, sila ay maaaring magkaroon ng problema sa maayos na pakikipagrelasyon sa kapwa nila bata. Maaari silang maging palaaway, magalitin, may pagkawalang bahala sa mga bagay-bagay, o masyadong mailap sa kapwa bata. Sa isang banda naman, may mga batang nagiging mas responsable at nakakayang tumayo sa sarili dahil sa pagkawalay sa kanilang mga magulang.

Pagdating sa paaralan naman, binigyang pansin ng nasabing pag-aaral na ang mga batang ang mga magulang ay nasa ibang bansa ay nakatatanggap ng mas mababang ranggo o grado sa kanilang mga leksyon kumpara sa mga kaklase na ang dalawang mga magulang ay narito sa Pilipinas. Mas kakaunti rin ang napapanalunang mga medalya o mga *academic awards* lalo na ng isang bata na ang ina ang nagtatrabaho sa ibang bansa. Madalas rin na matawag sa opisina ng punong-guro ang mga tagapangalaga o *guardian* ng mga batang ito upang pag-usapan ang magulong pag-uugali sa klase.

Kalimitan, ang mga kamag-anak (lola o tiya) ang siyang tumatayong kapalit ng mga magulang ng bata. Subalit ang pag-aarugang ito ay maaaring di sapat para sa ispirituwal at moral na paghubog sa bata.

Importante samakatuwid ang patuloy na pagbibigay ng patnubay at magandang halimbawa ng mga magulang sa kanilang mga anak kahit na sila ay nasa ibang bansa. Maaari nilang magawa ito sa pamamagitan ng malimit na pagtawag o pagsulat sa bata, pangungumusta sa kalagayan nila, pagbibigay pangaral kahit na sa sulat, sa telepono o kahit sa *voice tape* na kinahihiligang ipadala sa Pilipinas. Ipatatid sa lahat ng pagkakataon ang pagmamahal at pangungulila sa naiwang anak. Sa paraang ito, maiihsan ang kalungkutan at gagaan ang damdamin na dulot ng pagkakawalay nila sa isa't-isa.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Napahalagahan ang pamilya bilang pangunahing instrumento sa paghubog ng pagkatao

## B. Tiyak

1. Natutukoy ang mga mabuti at di-mabuting epekto ng pandarayuhan ng mga magulang sa mga naiwanang anak
2. Naipaliliwanag kung paano maaaring harapin o tanggapin ang mga paghamong dala ng pagkawalay sa mga magulang

## II. Paksa: Nasaan Ka Inay?

Sanggunian	:	Teksto ng Aralin
Kagamitan	:	Larawan ng sariling pamilya
Takdang Panahon	:	1 sesyon

## III. Pamamaraan

### A. Pagganyak

Ipabasa ang sanaysay.

### *ANG DALANGIN KO PARA KAY MARY GRACE*

Animnapung tulog na lamang pala at Pasko na. Dapat masaya si Mary Grace pero ang kalungkutan ay bakas sa kanyang mukha. Si Mary Grace ay 11 taong gulang na bata at nasa ika-anim na baitang sa isang pampublikong paaralan sa Tondo. Hindi pa siya nag-aaral ng *kinder* nang magsimulang mag-*abroad* ang kanyang ina. Iniwan sila ng kanilang tatay kaya napilitan ang inang maghanap ng trabaho sa *Middle East*.

Noong una ay hindi pansin ni Mary Grace ang paglalayong ito. Hindi niya hinanap ang ina, kasi, tuwing Pasko ay tumatanggap siya ng *imported* na laruan mula rito. Kadalasan, ang laruan ay napakagandang manika. Noong una, ang manika niya ay pumipikit at dumidilat lamang. Ang pinakahuling manika niya ay hindi lamang nagsasalita ng "*mommy, mommy, mommy*" kundi humahagikhik pa! Ngayon, siya ay nasa ika-anim na baitang na at nasasabik siya sa isang ina. May kakulangan sa buhay nilang magkapatid.

Mahirap maging isang Mary Grace. Kapag siya ay may sakit o may nararamdaman, sinasarili na lamang niya. Walang nagpupunas ng kanyang pawis kung siya ay may sakit. Hindi niya maiasa ito sa kanyang matandang lola. Ganoon din sa kanyang tiya na may sarili ring pamilya.

Wala siyang nanay na mapagsusumbungan kung may kagalit siyang kaklase... kung kinagalitan siya ng kanyang titser... kung siya ay sinisigawan ng masungit nilang kapitbahay. Hindi alam ng nanay niya ito. Hindi alam ng nanay niya ang paborito niyang ulam... ang kanyang paboritong artista... dahil ang nanay niya ay nasa malayong United Arab Emirates. Umuwi lamang ito tuwing ikalawang taon.

Datapwa't isang bagay ang natutuhan ni Mary Grace sa paglisan ng ina — ang maging responsable. Ang kanyang mga damit, sapatos, at gamit ay maayos niyang sinasalansan sa kanyang aparador. Hindi siya kumakain nang hindi tinatawag ang kapatid na si Kevin na nasa unang baitang na sa mababang paaralan. Lagi silang sabay na kumakain. Hindi siya natutulog hangga't hindi niya natsetsek ang *homework* ni Kevin. Inihahanda rin niya ang isusuot nito kinabukasan.

Nangako ang nanay ni Mary Grace na sa kanyang pagtatapos sa Marso ay uuwi ito. At pag-uwi niya ay mamamalagi na siya rito. Sinabi rin sa kanya na sapat na marahil ang dalawang lote na nabili niya. Isa ay sa Pasay at ang isa ay sa Alabang. May naipon din siyang kaunting pera na gagamitin niya sa maliit na tindahan. Sana, magkatotoo ang pangako ng nanay ni Mary Grace sa kanya. Kasi, sabi ni Mary Grace, hindi na siya pabibili ng kung anu-anong laruan o damit. Basta ang kapalit noon ay ang init ng pagmamahal ng isang ina...

## B. Pagtatalakay

Tanungin ang mag-aaral:

1. Saan nagtatrabaho ang nanay ni Mary Grace? Bakit siya nagtatrabaho sa ibang bansa?
2. Ilang taon si Mary Grace nang nagsimulang magtatrabaho ang nanay niya sa ibang bansa?
3. Ano ang mga mabubuting dulot ng pag-alis ng nanay ni Mary Grace? Ano ang di mabuting dulot sa kanilang magkakapatid ng paghahanap-buhay ng nanay nila sa ibang bansa?
4. Nanaisin ninyo rin bang maghanap-buhay sa ibang bansa ang inyong mga magulang? Bakit?
5. Kung maghahanap-buhay ang inyong magulang sa ibang bansa, paano ninyo mapangangalagaan ang inyong sarili?
6. Ano ang maaari ninyong gawin upang maibsan ang kalungkutan sa sarili at kalungkutan ng magulang na nasa ibang bansa? Paano makakatulong ang ibang kapamilya sa sitwasyong ito?

## C. Paglalahat

Anu-ano ang mga paghamon na kakaharapin bunga ng pagkawalay ninyo sa inyong magulang? Paano ninyo haharapin ang mga ito?

## D. Pagpapahalaga

Ipabuo sa mga mag-aaral ang kaisipang ito:

Ang pagkawalay sa magulang dahil ang mga ito ay naghahanap-buhay ay kapwa may kabutihan at di-kabutihang dulot. Mahalagang tama at mabuti ang pagharap sa paghamong dulot ng paghihiwalay na ito.

Anu-ano ang maaaring mangyari sa bata kung hindi nito makayanan ang paghamong ito?

## E. Pagtataya

Gumawa ng isang sanaysay na nagpapakita ng mga mabuti at di-mabuting dulot ng pagkawalay sa mga magulang at kung paano haharapin ang mga pagsubok o hamon na dulot nito.

## IV. Takdang Aralin

Maghanap ng isang batang may magulang na nasa ibang bansa. Tanungin ang epekto nito sa kanya at ang kanyang ginagawa sa pagharap sa mga hamong dulot nito.

## MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

### A. *Slow*

1. Pumili ng isa lamang na layunin.
2. Pagganyak:  
Awitin(*Lullaby*)
3. Paglalahad:  
*I-role play* ang "Dalangin Ko Para Kay Mary Grace."
4. Pagpapahalaga:  
Isang kaisipan lang

5. Pagganyak:  
Mas makabubuti kung mag-a-assign ng ilang mga mag-aaral na *i-role play* ang kuwento ni Mary Grace bago talakayin ang aralin. Magbigay ng mga gabay na katanungan bago isagawa ang *role playing*.
6. Pagtatalakay:  
Pagkatapos ng *role playing*, pangkatin ang mga mag-aaral at ipatalakay sa kanila ang mga sagot sa katanungan.
7. Paglalahat:  
Anu-ano ang mga paghamon na kakaharapin bunga ng pagkawalay ninyo sa inyong magulang? Paano ninyo haharapin ang mga ito?
8. Pagpapahalaga:  
Ipabuo sa mga mag-aaral ang kaisipang ito: Ang pagkawalay sa magulang dahil ang mga ito ay naghahanapbuhay ay kapwa may kabutihan at di-kabutihang dulot. Mahalagang tama at mabuti ang pagharap sa paghamong dulot ng paghihiwalay na ito.  
  
Anu-ano ang maaaring mangyari sa bata kung hindi nito makayanan ang paghamong ito?
9. Pagtataya:  
Gumawa ng isang sanaysay na magpapakita ng mga mabuti at di-mabuting dulot ng pagkawalay sa mga magulang at kung paano haharapin ang mga pagsubok o hamon na dulot nito.
10. Ang aralin ay maaaring matalakay sa 3 sesyon.

#### **B. Middle**

*Picture discussion skit*

## MGA ORGANISASYONG SANGKOT SA PANDARAYUHAN

*core message: Itinataguyod ng pamahalaan at ng iba't-ibang mga organisasyon ang kagalingan at kapakanan ng mga Pilipino sa ibang bansa.*

*learning competency: Natutukoy ang wastong pagpapasiya batay sa katotohanan ng mga narinig, nabasa, naranasan at nasaliksik*

Dahil sa kasalukuyang sitwasyong kinakaharap ng mga Pilipinong mandarayuhan, may iba't-ibang mga sangay ng gobyerno, kasama ng mga organisayong lokal at internasyunal, pati na rin ng simbahang Katoliko, ang nagsasagawa ng mga programa at serbisyo upang matulungan ang mga mandarayuhang Pilipino.

### Mga Ahensya ng Pamahalaan

#### 1. *Department of Labor and Employment (DOLE)*

Ang *Department of Labor and Employment (DOLE)* ang sangay ng pamahalaan na nangangasiwa sa pangkalahatang isyu at kaganapan ukol sa paggawa at paghahanapbuhay. Ito ang ahensiyang naatasan sa pagbubuo at pamamahala ng lahat ng mga patakaran kaugnay sa proteksiyon, kapakanan at pagsulong ng interes ng mga manggagawang Pilipino.

Ang DOLE ang siyang nagtataguyod ng panlipunang hustisya at nangangalaga sa karapatang pantao at paggalang sa dangal pantao ng manggagawa sa pamamagitan ng pagtiyak sa kanilang proteksiyon, pagtataguyod sa kaseguruhan ng paghahanapbuhay sa harap ng mga pagbabago sa sektor ng paggawa, pagpapanatili ng kaayusan sa industriya at pagpapabuti sa partisipasyon ng mga manggagawa sa pagbuo ng mga patakaran sa paggawa.

Mga pangunahing programa:

- a. pagtataguyod sa paghahanapbuhay at pagpapaunlad sa lakas paggawa;
- b. pagsusulong sa kapakanan at proteksiyon ng mga manggagawa; at
- c. pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa industriya ng paggawa.

Sa ilalim ng DOLE ay may mga sangay na nilikha upang tumugon sa partikular na pangangailangan ng manggagawang Pilipino sa ibayong dagat:

#### \* *Philippine Overseas Employment Administration (POEA)*

Ang POEA ay isang sangay ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* na nilikha noong 1982 sa bisa ng *Executive Order No. 797*. Ito ang ahensiyang naatasang magbuo, magpatupad at mangasiwa ng programa ukol sa pagluluwas ng mga manggagawa sa ibayong dagat o ang *Overseas Employment Program* bilang isa sa mga pangunahing paraan sa paglutas ng pambansang suliranin sa kakulangan ng hanapbuhay.

Sa pamamagitan rin ng mga *regional centers at extension units* na naitalaga nito sa iba't-ibang panig ng bansa ay naipaabot nito ang kanyang mga serbisyo sa mga malalayong rehiyon.

Kabilang sa kanyang mga serbisyo at programa ay ang mga sumusunod:

- a. pagbabalankas at pagpapatupad ng mga pamantayan sa akreditasyon ng mga banyagang *employer (foreign principal)*;
- b. pangangalap (*recruitment*) ng mga manggagawang Pilipino sa pamamagitan ng mga pribadong lisensiyadong ahensiya (*private recruitment agencies*);

- c. pagmamatyag sa mga gawain at pagkilos ng mga pribadong lisensiyadong ahensiya at pati na rin ang mga indibidwal o grupong nasasangkot sa mga ilegal na paraan ng pangangalap (*illegal recruitment*);
- d. pagpapatupad ng mga kondisyon na nasa kontrata ng paggawa (*enforcement of contractual obligations to the worker and/or employer*);
- e. pagtatala at pagrerehistro ng mga manggagawang may kakayahan at pagnanais (*manpower registry*) na maghanapbuhay sa labas ng bansa at ang pagpapabatid at pagpapalaganap ng mga kaalaman at impormasyon ukol sa pagtatrabaho sa ibang bansa;
- f. Pakikipag-ugnayan sa mga embahada at konsuladong nakatalaga sa labas ng bansa, OWWA at iba pang sangay ng pamahalaan sa paglutas ng mga suliranin ukol sa paghahanapbuhay sa ibayong dagat;
- g. Pagsasaliksik at pag-aaral ng mga datos at impormasyon na kakailanganin sa pagbubuo ng patakaran at pagsasagawa ng mga programa ukol sa mga OFW; at
- h. Paghubog at pagsasagawa ng mga *information at education programs* para sa mga manggagawang Pilipino.

\* *Overseas Workers Welfare Administration (OWWA)*

Ang OWWA ang siyang nangangasiwa sa kagalingan (*welfare*) at proteksiyon ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat pati na rin ng kanilang mga kaanak (*dependents*). Ang mga pangunahing programa ng OWWA para sa mga manggagawang Pilipino ay ang pamamahagi ng pangkabuhayang tulong at benepisyo, pagkakaloob ng tulong para sa kanilang seguridad at kagalingan lalo na sa bansang kinaroroonan, at mga programang makakatulong sa kanilang maayos na pagbabalik at pamumuhay sa Pilipinas.

Ang OWWA ay binigyan ng kapangyarihan na mamahala ng mga pondo para sa mga OFWs, partikular ang *OWWA Fund* at iba pang mga pondong inilaan para sa manggagawa upang mabigyan sila ng mga *soft loans, scholarship, medical, at insurance benefits*.

Ilan pa sa kanilang mga serbisyo ay ang mga sumusunod:

- a. pagbibigay ng *social and welfare services* sa mga OFWs, kabilang na ang *insurance coverage, social work assistance, serbisyon pangkultura, placement assistance, serbisyo ukol sa pagpapadala ng kanilang kinikita sa kanilang mga pamilya, at iba pang mga serbisyon kaugnay nito;*
- b. pagsasagawa ng mga pag-aaral at pananaliksik para sa pagpapabuti ng kanilang panlipunan at pang-ekonomiyang kagalingan; at
- c. pagbubuo, pagsuporta at pagtustos sa mga proyektong makabubuti sa mga Pilipinong manggagawa.

\* *Bureau of Local Employment (BLE)*

Ang BLE naman ay may aktibong papel ring ginagampanan. Ang BLE ang siyang nakikipag-ugnayan sa lahat ng mga lokal na pamahalaan (*local government units*), sa siyudad man o sa may kanayunan, na naglalayong mapabuti ang talaan ng mga may kakayahan akma sa mga hanapbuhay na iniaalok ng mga nakariribasang bansa (*job matching*).

2. *Department of Foreign Affairs (DFA)*

Ang *Department of Foreign Affairs (DFA)* ay isang kagawaran ng gobyerno na nagbibigay ng payo at tulong sa Presidente ng Pilipinas sa pagpapalano, pamamahala, pagdidirekta, pag-aayos at pagpapahalaga sa pakikipag-ugnayang panlabas ng Pilipinas. Ang mga programa at serbisyo ng DFA ay maaaring lagumin sa mga sumusunod:

- a. *National Security*  
Ang DFA at ang ugnayang panlabas ng Pilipinas ay ang unang hanay na pananggalang ng bansa. Alinsunod sa malayang kasarinlan, itinataguyod ng Pilipinas ang diplomasya sa harap ng panlabas na banta at panganib.
- b. *Economic Diplomacy*  
Ang diplomasyang pang-ekonomiya ng Pilipinas ay nakatuon sa *country-specific work-program for trade representation, market intelligence gathering, at pagtaguyod ng kalakal na panlabas, pamumuhunan, turismo, at kooperasyong pang-ekonomiya.*
- c. *Assistance-to-Nationals*  
Ang R.A. 8042, na kilala rin sa tawag na *Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995* ay nagsisilbing gabay sa programang *Assistance-To-Nationals* ng DFA. Ayon sa batas, ang pagbibigay ng proteksyon sa mga Pilipinong mandarayuhan, pati na rin ang pagtataguyod sa kanilang kagalingan, at



lalong-lalo na ang pagpapahalaga sa dignidad at pangunahing karapatan at kasarinlan, ang siyang pangunahing tungkulin ng Kalihim ng Ugnayang Panlabas at ng mga Embahada at Konsulado ng Pilipinas.

\* *Commission on Filipinos Overseas (CFO)*

Ang *Commission on Filipinos Overseas* ay isang ahensiya ng pamahalaan sa ilalim ng *Department of Foreign Affairs*. Ito ay nilikha sa pamamagitan ng Batas Pambansa Blg. 79 noong Hunyo 1980 upang itaguyod at pagtibayin ang kagalingan at kapakanan ng mga Pilipino na naninirahan sa ibayong dagat, mga Pilipinong papaalis pa lamang at mga Pilipinong nag-aasawa ng dayuhan.

Ang CFO ay itinatag upang gampanan ang mga sumusunod na pangunahing gawain:

- a. Magbigay payo at tulong sa Pangulo ng Republika ng Pilipinas at Kapulungan ng Kongreso sa pagbuo ng mga batas at patakaran na makakaapekto sa mga mandarayuhang Pilipino;
- b. Bumuo at magpatupad ng mga programang makapagtataguyod sa mga kapakanan at kagalingan ng mga mandarayuhang Pilipino;
- c. Magsilbing isang paraan upang mapangalagaan, mapanatili at mapaunlad ang panlipunan, pang-ekonomiko at pangkulturang ugnayan ng mga mandarayuhang Pilipino sa bansang Pilipinas; at
- d. Maglaan ng mga serbisyo tungo sa patuloy na ugnayan ng mga mandarayuhang Pilipino sa mga angkop na pribado at pampublikong ahensiya sa kanilang pakikipagkalakalan at iba pang nahahalintulad na transaksyon sa Pilipinas.

Upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa pandarayuhan, ang pamahalaang Pilipinas, sa pamamagitan ng kanyang mga ahensiya ay nagsasagawa ng mga programa ukol dito. Isang halimbawa ng programang ito ay ang *Migrants' Advisory and Information Network (MAIN)* na nilagdaan ng labing-dalawang (12) ahensiya ng Gobyerno noong May 28, 1997. Ang pangunahing layunin ng MAIN ay ang magbigay ng wasto at lubos na impormasyon sa bawat mamamayang Pilipino tungkol sa pandarayuhan at sa mga programa at serbisyo ng pamahalaan upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Naniniwala ang pamahalaan na sa pamamagitan ng pagbibigay ng wasto at lubos na impormasyon ay higit na makakapag-isip at makakapagpasiya ng maayos ang ating mga kababayan kung sila ay nagbabalak na mangibang bayan bilang mga manggagawa, mga kasintahan o asawa ng dayuhan, o *emigrants* o iyong mga tuluyan nang maninirahan sa ibang bansa dahil pinetisyon sila ng kanilang pamilya o kamag-anak.

Kabilang sa MAIN ang *Department of Foreign Affairs (DFA)*, *Department of Labor and Employment (DOLE)*, *Department of Social Welfare and Development (DSWD)*, *Department of Interior and Local Government (DILG)*, *Philippine Information Agency (PIA)*, *Commission on Human Rights (CHR)*, *Philippine Overseas Employment Administration (POEA)*, *Overseas Workers Welfare Administration (OWWA)*, *National Bureau of Investigation (NBI)*, *National Commission on the Role of Filipino Women (NCRFW)*, *Commission on Filipinos Overseas (CFO)*, at *Bureau of Immigration*.

Iba pang mga Ahensiya

1. *International Organization for Migration (IOM)*

Ang IOM ay naniniwala sa prinsipyo na ang makatao at maayos na pandarayuhan ay pakikinabangan ng mga nandarayuhan at ng lipunan. Bilang isang *inter-governmental body*, ang IOM ay nakikipagtulungan sa iba pang mga internasyunal na komunidad upang:

- a. tumulong sa pagharap sa penomenon ng pandarayuhan;
- b. mapaunlad ang kasalukuyang paniniwala sa mga talakayan ukol sa pandarayuhan;
- c. maghikayat ng panlipunan at pang-ekonomiyang pagbabago sa pamamagitan ng pandarayuhan; at
- d. magtrabaho tungo sa epektibong paggalang sa karapatang pantao at dignidad ng mga mandarayuhan.

2. *International Catholic Migration Commission (ICMC)*

Ang ICMC ay itinatag ng *Holy See* noong 1951 upang magsaayos ng mga gawaing pang-Katoliko para sa mga mandarayuhan, mga *refugees* at iba pang mga *displaced people* sa buong mundo. Kasapi sa ICMC ang lokal at

pambansang ahensiya ng may 78 na bansa sa buong mundo. Layunin nitong bigyan ng pagkakataon ang mga taong naging biktima ng digmaan, pagsasamantala sa pulitika (*political oppression*) at iba pang krimeng panlipunan na magbagong buhay.

Itinataguyod din ng ICMC ang pagbibigay ng proteksiyon sa karapatang pantao ng mga mandarayuhang manggagawa, partikular yaong mga *repatriated workers* na pinababalik na sa bansa nila.

#### Non-Government Organizations (NGOs)

Maraming mga NGOs sa Pilipinas ang kumakalinga sa mga pangangailangan ng mga manggagawang mandarayuhan, mga manlalakbay sa dagat at ng kanilang mga pamilya. Kabilang dito ang mga sumusunod:

1. *Episcopal Commission for the Pastoral Care of Migrants and Itinerant People* (ECMI), sa ilalim ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines* (CBCP); at
2. *Scalabrini Center for People on the Move* (SCPM), sa ilalim ng *Scalabrini Missionaries*.

## **MUNGKAHING BANGHAY ARALIN**

### **I. Layunin**

#### **A. Panlahat**

Napaghahandaan ang pandarayuhan

#### **B. Tiyak**

1. Naipaliliwanag ang kabutihang dulot kung tama ang paghahandang gagawin ng mandarayuhan
2. Natatalakay ang papel na ginagampanan ng mga sangay ng pamahalaan at ng iba't ibang organisasyon sa mga paghahanda sa pandarayuhan
3. Napahahalagahan ang mga papel na ginagampanan ng mga ahensiya ng pamahalaan na naghahanda para sa pandarayuhan

### **II. Paksa: Mga Organisasyong Sangkot sa Pandarayuhan**

Sanggunian	:	Teksto ng Aralin
Kagamitan	:	Logo ng mga ahensiya ng DOLE at DFA, POEA, CFO
Takdang Panahon	:	1 sesyon

### **III. Pamamaraan**

#### **A. Talasalitaan**

Hanguin ang kahulugan ng salitang may salungguhit batay sa pangungusap.

1. Ang pamilya ni G. Reyes ay aalis ng Pilipinas upang mag-*emigrate* sa ibang bansa.
2. Pumunta kami sa Amerika bilang *immigrants* noong 1980 at doon na kami nanirahan.
3. Ang tatay ni Pedro ay isang *OFW*. Siya ay may dalawang taong kontrata upang makapag-trabaho bilang isang konstruksyon *worker* sa Saudi.

#### **B. Paglinang ng Aralin**

##### **1. Lunsaran**

Ipakita ang logo ng DFA at DOLE. Anu-ano ang mga alam ninyong gawain nila?

##### **2. Gawain**

- a. Pangkatin ang klase sa apat. Ipatalakay sa bawat pangkat ang sumusunod na paksa: Bago mandayuhan, anu-ano ang dapat malaman at ihanda?

- b. Mga dagdag na katanungan:
  - b.1 Kung handa ang mandarayuhan, ano ang kabutihan? Kung hindi handa, ano ang posibleng maranasan?
  - b.2 Mga gawain ng POEA kaugnay ng pandarayuhan
  - b.3 Mga gawain ng CFO kaugnay ng pandarayuhan
  - b.4 Anu-ano ang iba pang ahensya na maaaring tumulong sa mga mandarayuhan?
- c. Ipaulat ang talakayan sa klase sa iba't-ibang paraan. Halimbawa:
  - c.1 - Kuwentuhan ng magkaibigan
  - c.2 - Dula-dulaan
  - c.3 - Pakikipanayam sa isang taga-POEA (Kunwa-kunwarian)
  - c.4 - Pagsasalita ng panauhing pandangal na taga CFO (Kunwa-kunwarian)

#### C. Paglalahat

Sabihin ang mga mahahalagang papel ng mga sumusunod sa pandarayuhan ng mga Pilipino?

- 1. CFO
- 2. POEA
- 3. ibang organisasyong lokal, pati na rin ang simbahan

#### D. Pagpapahalaga

Paano natin pahahalagahan ang mga ahensiya ng pamahalaan na may mahalagang papel sa pandarayuhan ng mga Pilipino?

#### E. Pagtataya

- 1. Suriin ang sumusunod na mga tungkulin. Sa sagutang papel ay isulat ang P kung tungkulin ng POEA at C kung tungkulin ng CFO.
  - \_\_\_ a. Pagbibigay ng lisensiya sa nagnanais na mangalap ng mga taong magtrabaho sa ibang bansa
  - \_\_\_ b. Nangangasiwa sa kagalingan ng manggagawa sa ibang bansa.
  - \_\_\_ c. Ang nagsasagawa ng *guidance counseling* para sa mga Pilipinong kasintahan o asawa ng dayuhan.
  - \_\_\_ d. Nagrehistro ng mga Pilipinong paalis ng Pilipinas upang manirahan ng permanente sa ibang bansa o mga pinetisyon ng kamag-anak na nasa ibang bansa.
  - \_\_\_ e. Nagmamatyag sa mga gawain at pagkilos ng mga pribadong lisensyadong ahensya.
- 2. Ipaliwanag

Anu-anong paghahanda ang nararapat bago mandarayuhan?

#### IV. Takdang Aralin

Gumupit sa pahayagan ng mga kuwento tungkol sa mga nandayuhang napariwara dahil sa walang kahandaan bago umalis.

### MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### A. Slow

- 1. Ang 2.a ay angkop.

2. Ang 2.c na gawain ay ipagpatuloy sa susunod na araw dahil masyado nang mataas.
3. Pagtataya: Angkop
4. Bigyan ng pinakamadaling *assignment* ang pangkat na ito.
5. Kailangan ang 5 sesyon na pagtalakay ng leksyon.
6. Pagsasalita ng panauhing pandangal (*Resource speaker*)
7. Upang lalong maunawaan ng mga mag-aaral gumamit ng mga paglalarawan ng mga tungkulin ng iba't-ibang ahensiya upang maging pamilyar sila sa DOLE, DFA at iba pang ahensiya. Isalarawan.
8. *Film showing*
9. Magsagawa ng *field trip* sa mga ahensya ng pamahalaan na may kaugnayan sa pandarayuhan.
10. Iparinig sa mag-aaral ang *lecture* na naka-tape.
11. Gumamit ng komiks *strip*.
12. Gumamit ng *puzzle*.

#### **B. Middle**

1. Gumamit ng mas maraming pagsasanay sa pangkat na ito kaysa sa unang pangkat.
2. Pakikipanayam (*Interview*)
3. Gumamit ng mga sumusunod naistratehiya tulad ng pagpapangkat ng mag-aaral, paggamit ng *drama*, *interview* o *resource speaker* at ganoon din ang paggamit ng *brainstorming*.
4. Pagsasatao
5. *Talk show* ukol sa paksa
6. *Film showing*
7. Magdaos ng isang pagtatalo (*debate*) ukol sa paksang may kaugnayan sa pandarayuhan.

#### **C. Bright**

1. Itala ang mga tungkulin at layunin ng POEA at CFO.
2. Ibigay ang mas mahirap na paksa sa pangkat na ito.
3. Tatlong sesyon ang kakailanganin sa pagtalakay ng aralin.
4. *Case study*
5. *Brainstorming*
6. Maaaring mag-organisa ng isang *educational trip* sa iba't-ibang ahensiyang nabanggit na tumutulong sa mga Pilipinong nandarayuhan sa ibang bansa at maaaring gumawa/magsagawa ng isang *documentation* ng mga karanasan o naranasan ng mga Pilipinong nandarayuhan na maaaring kunin nila o ibatay sa kanilang pamilya, pamayanan, data ng mga ahensiyang may hawak ng ganitong mga kaso at sa mga Pilipinong nandarayuhan na rin.

## TAO: HALIGI NG KAUNLARAN

**core message:** *May mga mabuti at hindi mabuting naidudulot ang pangigingbang-bansa. Ang mga Pilipinong nasa ibayong dagat ay tumutulong sa pag-unlad ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga padalang kinitang salapi, pagbabayad ng buwis, pagpapadala ng donasyon, direktang serbisyo, at pagsasalin ng angking kaalaman at taglay na teknolohiya.*  
*Sa isang banda, ang pangigingbang-bansa ay may katumbas na sakripisyo tulad ng panganib sa indibidwal, paglabag sa karapatang pantao, ang pagkawasak ng pamilya, at iba pang mga bagay na nakaapekto sa damdamin at kaisipan ng Pilipino.*

**learning competency:** *Naipahahayag ang kahalagahan ng yamang tao sa pambansang kaunlaran*

May tatlong dekada na ang nakalilipas magmula nang pormal na inilunsad ng pamahalaan ang *Overseas Employment Program*, ang patakaran tungkol sa pagtatrabaho ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat. Matatandaang ito'y unang itinalaga bilang pansamantala at panandaliang tugon sa krisis na noon ay kinakaharap ng bansa, partikular ang *surplus* o sobrang suplay ng lakas paggawa kumpara sa bilang ng mga trabahong pwedeng pasukan.

Sa paglipas ng maraming taon at sa kabila ng pag-usad ng ekonomiya at pulitikal na kalagayan ng bansa ay patuloy pa rin nating nasasaksihan ang pagdami at pagdagsa ng bilang ng mga Pilipinong manggagawa sa ibang bansa.

Ang sumusunod na estadistika ng POEA ay naglalarawan ng lumalaking bilang ng manggagawang Pilipino sa ibang bansa.

**Number of Deployed Overseas Filipino Workers, 1990-1997**

Area of Destination	1990	1991	1992	1993	1994	1995	1996	1997	Total
Middle East	218,110	302,825	340,604	302,975	286,387	234,310	221,224	221,047	2,127,482
Asia	90,768	132,592	134,776	168,205	194,120	166,774	174,308	235,129	1,296,672
Europe	6,853	13,156	14,590	13,423	11,513	10,279	11,409	12,626	93,849
Americas	9,557	13,373	12,319	12,228	12,603	13,469	8,378	7,058	88,985
Africa	1,273	1,964	2,510	2,425	3,255	3,615	2,494	3,517	21,053
Trust Territories	7,380	11,409	11,164	8,890	8,489	7,039	4,869	5,280	64,520
Oceania	942	1,374	1,669	1,507	1,295	1,398	1,577	1,970	11,372
Unspecified	-	-	-	-	-	-	-	4	4
<b>Total Land-Based</b>	<b>334,883</b>	<b>476,693</b>	<b>517,632</b>	<b>509,653</b>	<b>517,662</b>	<b>436,884</b>	<b>424,259</b>	<b>486,631</b>	<b>3,703,937</b>
<b>Total Sea-Based</b>	<b>111,212</b>	<b>125,759</b>	<b>136,806</b>	<b>145,758</b>	<b>154,376</b>	<b>165,401</b>	<b>175,469</b>	<b>188,469</b>	<b>1,203,250</b>
<b>Grand Total</b>	<b>446,095</b>	<b>602,452</b>	<b>654,438</b>	<b>655,411</b>	<b>672,038</b>	<b>602,285</b>	<b>599,728</b>	<b>675,100</b>	<b>4,907,187</b>

source: POEA

Ang posibleng pakinabang mula sa pandarayuhan ay hindi maitatatwa. Ang kita ng ating mga manggagawa sa ibang bansa ay nakapagpapapasok ng milyun-milyong dolyar taun-taon sa Pilipinas na malaking tulong sa pag-unlad ng ating ekonomiya. Ayon sa estadistika ng Bangko Sentral ng Pilipinas, umaabot sa 25 bilyong dolyar ang *remittances* ng mga mandarayahang Pilipino mula 1989 hanggang 1997 o humigit kumulang sa 2.7 bilyong dolyar bawat taon. Ang halagang pinapasok ng mga Pilipinong mandarayuhan noong taong 1997 ay bumubuo ng halos 5% ng kabuuang kita ng bansa (*GNP*).

Ang buwis na nagmumula sa mga Pilipino sa ibang bansa ay umaabot sa P1.8 bilyong piso mula 1989 hanggang 1996. Bagamat hindi na magbabayad ng buwis ang mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa (ayon sa RA 7042) malaki rin ang naitulong nito sa kabang yaman ng bansa.

### Total Foreign Currency Remittance (1989-1997)

Region	1989	1990	1991	1992	1993	1994	1995	1996	1997	Total
Asia	74,918	75,321	89,427	111,941	172,935	388,493	462,250	535,959	454,791	2,366,035
Americas	474,532	799,823	1,274,573	1,161,337	1,424,429	1,980,205	2,763,188	2,579,942	4,127,656	16,585,685
Oceania	24,544	19,673	8,804	7,565	10,393	54,304	70,638	67,873	19,396	283,190
Europe	48,310	92,677	111,413	145,343	176,552	253,380	250,490	574,062	436,050	2,088,277
Middle East	129,362	105,362	104,787	152,644	173,278	131,688	41,483	39,188	25,375	903,167
Africa	33	25	18	6	1	10	-	-	-	93
Others	221,327	88,194	39,252	623,546	271,994	132,329	280,329	509,617	678,567	2,845,155
<b>Total</b>	<b>973,026</b>	<b>1,181,075</b>	<b>1,628,274</b>	<b>2,202,382</b>	<b>2,229,582</b>	<b>2,940,409</b>	<b>3,868,378</b>	<b>4,306,641</b>	<b>5,741,835</b>	<b>25,071,602</b>

Source: *Bangko Sentral ng Pilipinas*

### Top Ten Major Sources of Tax Revenue by Country (1990-1996)

Country	Tax Collection (in pesos)	Percentage Rate of Total Revenue
United States	559,102,081.79	30.73
Saudi Arabia	453,977,620.25	24.95
Hongkong	118,260,051.63	6.50
Canada	104,987,776.19	5.77
Japan	54,997,729.31	3.02
Italy	51,939,592.98	2.85
Indonesia	44,361,630.26	2.44
Singapore	43,514,248.51	2.39
United Arab Emirates	42,311,466.76	2.32
Germany	34,484,264.57	1.90
OTHERS	311,718,375.11	17.13
<b>TOTAL</b>	<b>1,819,654,837.36</b>	<b>100.00</b>

Source: *International Tax Affairs Division Bureau of Internal Revenue*

Ang pamilya naman ng mga Pilipinong manggagawa sa ibang bansa ay nakararanas rin ng kaginhawaan. Nakapagpupundar sila ng bahay at lupa, nakapagpapaaral ng mga anak, nakabibili ng mga kagamitan, at nakalilikom ng sapat na puhunan para sa sariling negosyo.

Sa isang banda naman, nakakatulong rin ang mga Pilipino sa ibang bansa sa pamamagitan ng pagsalin ng angking kaalaman at taglay na teknolohiya. May mga Pilipino sa ibang bansa na dalubhasa sa *information technology* (modernong teknolohiya sa paggamit ng *computer*), agham at medisina at iba-iba pang mga larangang propesyunal. Sila ay patuloy na tumutulong sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng serbisyo sa mga mahihirap at nangangailangang sektor sa bansa.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Naipahahayag ang kahalagahan ng yamang tao sa pambansang kaunlaran

B. Tiyak

Naibibigay ang papel na ginagampanan ng mga manggagawa sa ibayong dagat sa pagpapaunlad ng bansa

**II. Paksa : Tao: Haligi ng Kaunlaran**

- Sanggunian : *"Month of Overseas Filipinos", Commission on Filipinos Overseas, December 1994, Teksto ng Aralin*
- Kagamitan : Mga larawan ng manggagawa
- Takdang Panahon : 1 sesyon

**III. Pamamaraan**

A. Balik-Aral

Itanong sa mga bata ang mga balitang nabasa tungkol sa mga manggagawa.

B. Paglinang ng Gawain

1. Pagganyak

Paligsahan: Unang Yugto

Ang klase ay hatiin sa 2 pangkat: pangkat ng babae at lalaki. Paramihan sila ng babanggiting mga Pilipinong naging tanyag sa ibayong dagat at nagbigay ng karangalan sa Pilipinas. Isulat sa pisara ang mga babanggitin. Palakpakan ang mananalo.

2. Paglalahad

Paligsahan: Ikalawang Yugto

Ang dalawang pangkat ay magpapaligsahan sa pagbibigay ng dahilan/katwiran kung bakit tinaguriang "Bagong Bayani" ang mga OFWs.

Pangkat B	Pangkat L
hal. tumutulong sa ekonomiya ng bansa	dumaranas ng paghihirap upang mabigyan ng magandang kinabukasan ang pamilya

3. Pagtatalakay

Matatawag nga bang "Bagong Bayani" ang mga OFWs? Bakit?

C. Paglalahat

Ang tulong ng mga dolyar o salaping ipinadadala ng mga OFWs sa Pilipinas ay nakadadagdag sa pananalapi ng pamahalaan upang gamitin sa pagpapaunlad ng kalakal, industriya, pagawaang bayan at serbisyong pampubliko.

D. Pagpapahalaga/Paglalapad

Gawing halimbawa ang isang komunidad na may mga OFW. Ano ang mga nakikitang itinulong ng mga ito sa pag-unlad ng lugar.

E. Pagtataya

Magbigay ng mga dahilan kung bakit ang OFWs ay sinasabing haligi ng pambansang kaunlaran.

#### IV. Takdang Aralin

Mangalap ng balita sa pahayagan tungkol sa OFWs at kung paano sila nakatutulong sa bansa.

### MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### *A. Slow*

1. Anu-ano ang mga maitutulong ng mga OFW sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng Pilipinas?
2. Paligsahan:  
Ang klase ay hatiin sa dalawang pangkat. Paramihan sila ng babanggiting mga kamag-anak, kapitbahay na OFWs.
3. Itanong ang mga sumusunod:
  - a. Sinu-sino ang tinaguriang mga "Bagong Bayani"?
  - b. Anu-ano ang kanilang nagagawa sa ating bansa?
  - c. Bakit kaya sila tinaguriang mga "Bagong Bayani"?
4. Ang OFWs ay tinaguriang "Bagong Bayani" sa sakripisyo at paglinang ng kanilang mga talento. Sa ganito ring pamamaraan, sila ay nakadadagdag sa pananalapi ng pamahalaan upang gamitin sa pagpapaunlad ng kalakal, industriya, pagawaang bayan at serbisyong pampubliko.
5. Gawing halimbawa ang isang pamilya o komunidad na may OFWs. Ano ang mga makikitang itinulong ng mga ito sa kani-kanilang pamilya, komunidad, at sa pag-unlad ng bayan.
6. Magbigay ng unang tatlong bansang pinagdarayuhan ng ating mga OFWs.
7. Kailangan ang *objective type* na pagtataya.
8. Pagganyak:  
Magbigay ng sipi/basahin ang sipi na inihanda ukol sa mga tanyag na Pilipinong nagtrabaho o nagbigay karangalan sa ating bansa.
9. Pagtataya:  
Magbigay ng *check list questions*.

#### *B. Middle*

1. Paano makatutulong sa pagpapaunlad ng bansa ang mga Pilipinong manggagawa sa ibayong dagat?
2. Pagganyak:  
Maaaring magpakita ng larawan ng mga Pilipinong nagbigay karangalan sa ating bansa. Papiliin o banggitin ang mga pangalan nila.
3. Maaaring magbigay ng tanong na mapagpipilian (*Multiple choice*).

#### *C. Bright*

1. Itala ang mga positibo at negatibong resultang naidudulot ng OFW sa sarili, pamilya at bansa.
2. Pwedeng dagdagan ng *modified true or false* ang Pagtataya.



## ILLEGAL RECRUITER: IWASAN

*core message:* Mag-ingat sa mga iligal na nangangalap ng mga manggagawa para sa ibang bansa.

*learning competency:* Nahihikayat ang kapwa sa paggawa ng kabutihan

Ang *illegal recruitment* ay labag sa batas. Ito ay gawain ng mga tao o ahensiya na walang lisensiya at walang pahintulot na makapag-*canvass*, makapangalap o makapanguntrata ng mga manggagawa para sa ibang bansa. Ang *illegal recruiter* ay hindi maaaring magbigay ng *referral* sa aplikante o magpabayad ng serbisyo sa pag-aayos ng dokumento, o magpaanunsiyo. Hindi rin siya pwedeng humingi ng kabayaran bilang *processing fee*, magpalabas ng dokumento at impormasyon ukol sa pagtatrabaho sa ibang bansa, at makapangalap ng manggagawa kahit siya ay ahente ng isang lisensiyadong ahensiya lalo pa at walang *Special Power of Attorney* na aprobadong sa *Philippine Overseas Employment Administration* (POEA).

Sa ilalim ng R.A. 8042 o *Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995* ay nabigyan ng mas malawak na depinisyon ang *illegal recruitment*. Sinasaklaw na ng batas na ito ang lahat ng mga iligal na aktibidad at gawain hindi lamang ng mga indibidwal at ahensiyang walang awtorisasyong mangalap ng tao kundi kasama na rin ang mga mapanlinlang na gawain ng mga lisensiyadong pribadong ahensiya tulad ng:

1. Paniningil ng *placement fee* o bayarin mula sa aplikante na higit sa itinalaga ng batas;
2. Pagtanggap ibigay sa isang aplikante ang kanyang mga kakailanganing dokumento at papeles sa pag-alis dahil sa hindi nito pagbayad ng mga bayaring hindi isinasaad sa batas;
3. Pag-aanunsiyo o pagsisiwalat ng mga impormasyong walang katotohanan at di-wasto ukol sa inaalok na trabaho at iba pang mga bagay tungkol sa *recruitment*; at
4. Hindi pagpapaalis sa manggagawa sa nakasaad o itinakdang panahon sa kanyang kontrata (*failure to deploy*) at iba pa.

Binigyang linaw rin sa batas ang kaukulang parusa sa mga indibidwal o mga korporasyong mapapatunayang lumabag sa mga tamang alituntunin. Hindi bababa sa anim na taong pagkabilanggo at higit pa sa dalawang-daang libong pisong (P200,000.00) multa ang parusang naghihintay sa pinakamababang uri ng paglabag sa probisyong ito hinggil sa *illegal recruitment*.

Mahusay sa panloloko ang mga *illegal recruiter*. Ang pamamaraang ginagamit ay ang mga sumusunod:

1. Sa pamamagitan ng paglalakad at pag-areglo ng mga dokumento. Sinasabi niya na madali siyang makakukuha ng dokumentong makapagpapaalis agad sa manggagawa;
2. Sa panghihikayat sa mga aplikante na magpalista sa mga *training center* at *promotion company*;
3. Pagpapaanunsiyo sa peryodiko. Hinihikayat ang aplikante na ipadala ang sagot sa isang P.O. Box, kalakip ang salapi para umano sa pagsasaayos ng papeles;
4. Pangangalap sa paraang *direct hire*, bagay na di nangangailangan ng lisensiya sa POEA; at
5. Pangangalap ng mga aplikante habang ang lisensiya o pahintulot mula sa POEA ay kanselado o suspendido.

Upang maiwasang mabiktima ng *illegal recruiter*, sundin ang mga sumusunod na hakbang:

1. Makipag-ugnayan sa POEA kung may awtoridad o lisensiya ang nangangalap at kung ang mga iniaalok na trabaho ay *accredited* at may pahintulot ng POEA.
2. Huwag magbayad ng *placement fee* na hihigit sa itinakda. Ang halaga ng *placement fee* sang-ayon sa batas ay katumbas ng isang buwang suweldong nakatalaga sa kontrata. Para sa mga patungong Taiwan at South Korea, sila ay magdadagdag ng P5,000.00 na babayaran.
3. Huwag tumanggap ng *tourist visa* mula sa ahensiya. *Working visa* ang kailangan ng isang manggagawa.
4. Iwasan ang *fixers*.
5. I-report sa POEA o sa pulis ang anumang iregular na aktibidad sa pangangalap at pagpapaalis ng manggagawa.

Ang sinumang biktima ng *illegal recruiter* ay maaaring magsumbong sa POEA, NBI, PNP, PACC at iba pang sangay ng pamahalaan na may *police power* o kapangyarihan na arestuhin, kasuhan at ikulong ang salarin.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Nahihikayat ang kapwa sa paggawa ng kabutihan

#### B. Tiyak

1. Nasasabi ang mga paraang ginagamit sa panloloko ng mga *illegal recruiter*
2. Nakapagbibigay ng mga paraan upang maiwasan ang *illegal recruiter* at kung paano siya matutulungan magbago

### II. Paksa : *Illegal Recruiter*: Iwasan

Kasabihan/Slogan : “Ang Ayaw Mong Gawin sa Iyo ng Kapwa Mo, Huwag Mong Gawin sa Kanila”  
Sanggunian : *Handbook for Overseas Filipino Workers (in Annex)*  
Takdang Panahon : 1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Paglinang ng Gawain

##### 1. Lunsaran

Ipabasa o bigkasin ang kasabihan: “Ang ayaw mong gawin sa iyo ng kapwa mo, huwag mong gawin sa kanila.” Tanungin o hingan ng opinyon ang klase. Ano ang mensahe?

##### 2. Gawain: Pag-uulat tungkol sa paksang “*Illegal Recruiter*”

- a. Ibigay ang kahulugan ng *illegal recruiter* at mga pamamaraan sa panloloko.
- b. Magtala ng mga paraan sa pag-iwas sa *illegal recruiter*.

#### B. Talakayan

1. Anu-ano ang nalaman ninyo tungkol sa *illegal recruiter*?
2. Paano maiiwasan ang *illegal recruiter*?
3. Sino ang makatutulong sa mga nabibiktima ng *illegal recruiter*?

#### C. Paglalahat

Ano ang dapat tandaan kung nagbabalak na mangibang bayan?

#### D. Pagpapahalaga

Indibidwal na Gawain: Ipasagot sa mga mag-aaral ang talahanayang ito.

Damdamin tungkol sa mga <i>illegal recruiter</i>	Paano matutulungan ang biktima ng <i>illegal recruiter</i>
galit dahil sa panloloko ng kapwa	bigyan ng wastong impormasyon tungkol sa pagtatrabaho sa ibang bansa

E. Pagtataya

Gumawa ng *acrostic* para sa salitang *illegal recruiter*.

F. Pagpapayaman ng Aralin

Sumulat ng salaysay mula sa karanasan ng ka-pamilya o kapitbahay na may kinalaman sa *illegal recruiter* at kung paano maaaring makatulong upang ito ay maiwasan.

**IV. Takdang Aralin**

Mangalap ng balita sa pahayagan tungkol sa mga nabiktima ng *illegal recruiter* o mga nahuling *illegal recruiter*.

**MUNGKAHING ISTRATEHIYA**

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

**A. Slow**

1. Pamamaraan:

a. Paglinang ng Gawain:

- Lunsaran: Magpabasa ng simpleng *comic strips* ukol sa *illegal recruiter*.
- Gawain: Magtanong tungkol sa binasa. Pagsagot sa talahulugan, talasalitaan

b. Talakayan: Mga gawain ng isang *illegal recruiter* at ang magagawa upang matulungan ang biktima

c. Paglalahat: Mga dapat gawin para makaiwas sa *illegal recruiter*

d. Sanaysay: "Ang magagawa ko bilang mag-aaral upang masugpo ang *illegal recruitment*."

2. Istrategiya: *Group dynamics* at *story telling*

3. Pagtataya: *Multiple choice*

**B. Middle**

1. Pamamaraan:

a. Paglinang ng Gawain:

- Lunsaran: Maikling palabas ukol sa *illegal recruiter*
- Gawain: Pangangalap sa mga reaksiyon ukol sa palabas

2. Talakayan: Pagpapalitan ng kuro-kuro sa *pros* at *cons* ng gawaing *illegal recruitment*

3. Paglalahat: Paglinang kaugnay ng paksang "Walang maloloko kung walang magpapaloko"

4. Takdang Aralin: Balita ukol sa *illegal recruitment*

5. *Identification essay*

6. *Role playing*, magkaroon ng maikling dula-dulaan o bigyan ang mga mag-aaral ng mga pagkakataon na makagawa ng sariling salaysay

**C. Bright**

1. *Brainstorming ideas*
2. *Group discussions/panel discussion*
3. *Symposium*
4. *Scenario building and advanced organizer*
5. *Group dynamics. Halimbawa: Compañero y Compañera*
6. *Research study tungkol sa illegal recruiter*

## ANG MARINONG PILIPINO

**core message:** *Ang malawak na kaalaman ukol sa paghahanap buhay sa ibayong dagat at mapanuring kapasiyahan ukol sa pangigingbang bansa, ay huhubog ng mga manggagawang makapangyayari at di puwedeng alipustahin.*

**learning competency:** *Natatanggap na ang produkto ng paggawa ay pagpapahayag ng dignidad ng tao*

**A**lam ba ninyo na sa taong 1565 nagsimula ang pangigingbang-bansa ng mga Pilipino at hindi sa kasalukuyang panahon? At ang unang manggagawang Pilipino na lumabas ng bansa ay mga tripulante sa mga sasakyang-dagat ng mga Kastila.

Noong Hunyo 1, 1565, umalis ang *San Pablo Galleon* sa daungan ng lunsod ng Cebu papuntang Mexico. Sa kasaysayan, itinala ito bilang simula ng 250-taong pangangalakal ng sasakyang *Manila Galleon*. Ito rin ang unang paglalakbay ng mga Pilipino patungo sa ibang bansa na binubuo ng mga tripulante sa mga sasakyang-dagat ng mga kastila. Sila ay kasamang naglayag patungong Amerika at Europa dala ang mga mahahalagang produkto mula sa Silangan.

Ayon sa mga tala, karamihan sa mga Pilipinong tripulante ay hindi nakakatanggap ng kanilang sahod at nakakaranas ng pagmamalupit sa kanilang among dayuhan. Ito ang nagtulak sa mga unang marinong Pilipino na takasan at iwanan ang kanilang mga pinaglilingkurang mga barko pagdating sa Acapulco, ang dulong daungan ng mga *Manila Galleon*.

Ang pinakamaaga sa mga Pilipinong marino ay pinaniniwalaan na dumating sa Acapulco noong Pasko ng taong 1565. Ang mga marinong ito ay marunong magsalita ng Kastila at kilala sa tawag na *Manilamen* at sila ay madaling nakihalo at naki-angkop sa mga Mexicano. Ipinakilala nila ang "tuba", isang katutubong alak ng Pilipinas na mula sa niyog. Mula sa Mexico, sila ay napadpad sa timog-silangan ng Louisiana at nagtayo roon ng mga pamayanan sa mga baybay ng mga ilog at latian. At dito nagsimula ang paninirahan ng mga Pilipino sa Amerika.

Sa kasalukuyang panahon, sa pagitan ng taong 1960s hanggang 1970s, dahil sa mabilis na pag-unlad sa daigdig ng industriya ng pansasakyang-dagat ay maraming marinong Pilipino ang nakahanap ng trabaho. Sila ay kilala sa pagiging bihasa sa kanilang trabaho, mahusay sa pagiging marinero, at marunong magsalita ng Ingles. Sa kasalukuyan, ang Pilipinas ang pangunahing pinanggagalingan sa mundo ng mga marino. Mula sa talaan ng POEA, mayroon ngayong 409,117 na Pilipinong mandaragat, kung saan 188,000 dito ay kasalukuyang sakay ng iba't-ibang sasakyang-dagat na nakalibot sa buong mundo.

Mayroong dalawang uri ng mga naghahanapbuhay sa ibang bansa. Ang una ay mga nagtrabaho sa lupa (*land-based*) at ang ikalawa ay ang mga nagtrabaho sa mga sasakyang-dagat (*sea-based*). Magkaiba ang kalagayan at kapaligiran ng mga marinong Pilipino kung ihahambing sa mga ibang kababayan nating nagtrabaho sa ibang bansa. Dahilan na rin sa uri ng kanilang gawain, ang mga Pilipinong marino ay nakakaranas ng kahirapan sa kanilang gawain. Limitado ang kanilang pagkilos at masikip ang lugar na kanilang ginagalawan. Mahaba at matagal ang mga oras na pinamamalagi nila sa gitna ng laot, na tumatagal ng isa o dalawang buwan bago sila makakita ng lupa at daungan. Higit na mahaba ang oras ng kanilang trabaho at kadalasan ay siksikan ang kanilang tulugan. Ang kanilang uri ng libangan ay limitado sa isang silid na may telebisyon at *video*. Nagkakaroon din ng hindi pagkakaunawaan at mga problema sa pakikibagay at pakikisama ang mga Pilipinong marino sa kanilang kapwa tripulante. Higit na mahirap ang pakikiangkop sa mga kasamahan lalo kung ang mga ito ay galing sa iba't-ibang bansa. Kadalasan din ay nakakaramdam siya ng lungkot at pangungulila.

Bagaman sa pangkalahatan ay may sapat na proteksiyon at mainam ang mga patakaran at pamamalakad para sa mga marino at tripulante kung ihahambing sa ibang mandatarayuhang manggagawa, hindi maiiwasan na ang mga Pilipinong marino ay nagiging biktima pa rin ng pang-aabuso at katiwalian tulad ng iligal na pangangalap, pagpapalit ng kontrata, at pagtanggap ng higit na mababang sahod.

Sa lahat ng kinakaharap na mga suliranin, dito higit na kailangan niya ang tibay ng damdamin at tatag ng loob upang mapaglabanan ang mga ito. Kaakibat din ng mga suliranin sa paggawa, nariyan ang hamon sa ating mga Pilipinong marino na pagbutihin ang kanilang kasanayan, paunlarin ang kanilang kakayahan, at itaas ang antas ng kanilang kaalaman, alinsunod sa pandaigdigang pamantayan.

Ang papel na ginagampanan ng mga marinong Pilipino ay malaking tulong sa pag-unlad ng pangangalakal sa mundo. Sila ay bihasa na naglalayag at nagbibigay ng gabay sa tamang patutunguhan ng sasakyang-dagat. Nawa ay mahusay din nilang nagagampanan ang kanilang paglalayag sa karagatan ng buhay.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Nailalahad ang kalagayan sa pagtratrabaho sa ibang bansa ng mga marinong Pilipino

#### B. Tiyak

1. Napaghahambing ang dalawang uri ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa
2. Natutukoy ang mga katangian ng mga marinong Pilipino
3. Nailalarawan ang katayuan ng mga marinong Pilipino sa barko
4. Naiisa-isa ang mga proteksiyong marapat tamasahin ng mga marinong Pilipino
5. Napapahalagahan ang papel ng mga marinong Pilipino sa pag-unlad ng bansa

### II. Paksa: Ang Marinong Pilipino

Sanggunian : Teksto ng Aralin

### III. Pamamaraan:

#### A. Pagganyak

1. May kilala ba kayong marino o naging marino? (*seaman*)
2. Ilarawan sa klase ang buhay nila o ang kalagayan nila sa buhay.

#### B. Paglalahad

1. Mag-imbita ng isang dating marino o nagbabakasyong marino.
2. Ipasalaysay ang kanyang mga karanasan
  - pag-aaral bilang paghahanda
  - suweldo
  - mga naging suliranin at pambihirang karanasan
  - mga tulong sa pamilya
3. Hatiin ang klase sa 4 na pangkat at ipa-*brainstorm* ang sumusunod:
  - kasaysayan ng mga marinong Pilipino
  - paghahambing sa 2 uri ng mga nagtratrabaho sa ibang bansa
  - mga proteksiyong dapat matanggap ng mga marino sa pamahalaan
  - mahalagang papel ng mga marino sa pag-unlad ng bansa
4. Ipaulat ang resulta ng *brainstorming* sa ibat-ibang paraan

#### C. Paglalapat

Pagkatapos ninyong makilala ang mga marinong Pilipino nais rin bang maging katulad nila?

#### D. Pagtataya

Gumawa ng isang sanaysay na may pagamat na:  
"Marinong Pilipino: Bayani Kang Matatawag"

#### IV. Takdang Aralin:

Mag-*interview* ng anak ng isang marino. Itanong sa kanila ang mga sumusunod:

- masarap bang ama ang isang marino?
- kung papipiliin ka gusto mo bang dito na lang ang tatay mo? Bakit?

### MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### A. *Slow*

1. Ang layunin ay napakarami para matalakay sa isang sesyon. Hatiin ang layunin dito na siyang pagbibigyang pansin at talakayin sa isang sesyon upang lalong maunawaan ng mga bata ang aralin.
2. Bilang Pagganyak, kailangan dito ang iba't-ibang larawan ng mga marino na idinikit sa *manila paper*. (Kailangang maghanap at maghanda ng mga larawan bago talakayin ang paksang ito)
3. Sa Pagtataya, maaaring gumawa ng pagtatayang may mapagpipilian ang mga bata hinggil sa katangian ng marinong Pilipino.

Halimbawa:

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) sa tapat ng bilang na tumutukoy sa katangian ng marino at ekis (x) naman kung hindi.

- |       |    |                              |
|-------|----|------------------------------|
| _____ | 1. | Bihasa sa kanyang trabaho    |
| _____ | 2. | Marunong magsalita ng Ingles |
| _____ | 3. | Matiyaga at matiisin         |
| _____ | 4. | Hindi maaasahan              |
| _____ | 5. | Mahusay sa pagiging marinero |
4. Maaari ring magbigay ng pagtataya na tama o mali.
  5. Sa pangatlong gawain sa Pamamaraan, maaari ring gumamit ng larawan. Bigyan ang bawat pangkat ng larawan na siyang pagbabatayan ng mga katanungang kanilang sasagutin.
  6. Pwedeng ibahin ang istrategiya: una ang pagbabasa ng sanaysay at pagtatanong tungkol sa binabasa, ang pag-imbata ng isang marino at pagsasalaysay ng kanyang karanasan ay maging *reinforcement* na lamang.
  7. Paglalahad: *Lecture type*. Ipabasa ang teksto sa modyul at maghanda ng mga tanong ukol sa teksto.
  8. Pagtataya: *Short quiz* (Maaari ring gumamit ng *sentence completion*).
  9. Takdang Aralin: *Reflection*

Panuto: Isulat sa inyong *reflection notebook* ang inyong mga natutunan, reaksiyon o kuro-kuro tungkol sa ating paksa. Magbigay ng gabay na tanong.

Halimbawa: Anu-ano ang mga mahahalagang papel ng mga marino sa pag-unlad ng bansa?

## B. Middle

1. Layunin:
  - a. Nilalahad ang kalagayan at kahulugan sa pagtatrabaho sa ibang bansa ng mga marinong Pilipino
  - b. Tiyak:
    - Napaghahambing ang dalawang uri ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa
    - Napahahalagahan ang papel ng mga marinong Pilipino sa pag-unlad ng bansa
2. Paksa : Ang Marinong Pilipino  
Sanggunian : Teksto ng Aralin
3. Pagganyak:
  - a. Patnubay na tanong:
    - May kilala ba kayong marino o naging marino? (*seaman*)
    - Maganda ba ang kalagayan nila sa buhay?
  - b. Magpakita ng larawan ng dalawang uri ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa.
    - Sa lupa
    - Sa sasakyang dagat
4. Paglalahad
  - a. Magpahayag ng mga katangian ng dalawang kilalang marino at isang manggagawang hindi marino.
  - b. Ipasalaysay ang kanilang mga karanasan tungkol sa:
    - pag-aaral bilang paghahahanda
    - suweldo
    - mga naging suliranin at pambihirang karanasan
    - mga tulong sa pamilya
  - c. Hatiin ang klase sa apat na pangkat at ipahayag ng bawat pangkat ang mga mahahalagang papel ng mga marino sa pagpapaunlad ng bansa.
5. Paglalapat:

Sinu-sino pa ang inyong mga kilalang marino sa inyong lugar? Pagkatapos ninyong makilala ang mga marinong Pilipino nais ninyo rin bang maging katulad nila?

  - a. Anu-ano ang mga paghahandang gagawin at kakailanganin ninyo?
  - b. Anu-ano ang ginagampanang mahalagang papel ng mga marino?
6. Pagtataya:

Gumawa ng isang maikling sanaysay na may pamagat na: "Marinong Pilipino: Bayani kang Matatawag"
7. Takdang Aralin: Kapanayamin ang anak ng isang marino. Itanong sa kanya ang mga sumusunod:
  - a. Masarap bang ama ang isang marino?
  - b. Kung papipiliin ka, gusto mo bang dito na lang ang tatay mo? Bakit?

## C. Bright

1. Paglalapat: Mag-*debate* tungkol sa *pros and cons* ng pagiging isang marinong Pilipino.
2. Pagtataya: Sabihin sa mag-aaral na i-*rate* nila ang dalawang pangkat na nag-*debate* pati na kung paano naisagawa ang *debate*.
3. Takdang Aralin: *Reaction paper* ukol sa buhay ng isang marinong Pilipino na isinalaysay ng *guest speaker*.



4. *Research paper* ukol sa sumusunod na paksa:

- a. benepisyo, sahod at karapatan ng marinong Pilipino
- b. *social conditions*
- c. mga ahensiya ng pamahalaan na naglilingkod sa marinong Pilipino
- d. mga patakarang ukol sa marinong Pilipino

## KULTURA NILA, ALAMIN NATIN

*core message: Bawat bansa ay may sariling batas, tradisyon at kultura na dapat igalang at sundin.*

*learning competency: Naipapakita ang paggalang sa pamamagitan ng pagtanggap ng kaisipan, damdamin at paniniwala ng iba*

**M**alakas ang impluwensiya ng pangkalahatang kultura sa pang-moral at pang-isperituwal na pag-unlad ng isang tao. Hinuhubog ng mga magulang ang pagkatao ng kanilang mga anak ayon sa kanilang pananaw at paniniwala. Ang ganitong kaisipan ay higit pa nating mauunawaan kung titingnan natin ang ilang paghahambing sa iba't-ibang kultura. Ang ilang kultura tulad sa ating bansang Pilipinas ay nagtuturo sa mga kabataan na tanggapin ang kanilang pagkakasala, alam man ito ng iba o hindi. Sa ibang kultura, tulad ng bansang Hapon, hinihikayat ang mga kabataan na sundin at isagawa ang mga gawaing itinatakda ng lipunan upang maiwasan ang mapahiya sa iba. Ang pag-aaral ng kultura sa iba't-ibang bansa ay isang malaking tulong sa mga mamamayang Pilipinong may pangarap na mangibang bansa. Ituon natin ang ating pag-aaral sa bansang Oman at bansang Hapon. Anong kultura mayroon ang mga bansang ito?

### SULTANATE OF OMAN

- A. Heograpiya: Ang bansang Oman ang pangalawa sa pinakamalaking bansa sa *Arabian Peninsula*. Ito ay may sukat na 300,000 sq. kms. Ang Oman ay pinapaligiran ng Saudi Arabia at United Arab Emirates sa kanluran, ang *Strait of Hormuz* sa bandang hilaga at ng *Arabian Sea* sa silangan. Ang punong lunsod ng Oman ay Muscat.
- B. Relihiyon: *Islam*
- C. Sistema ng pamahalaan: Ang Oman ay isang *absolute monarchy*. Ang pinuno ng bansang Oman ay si Sultan Qabas bin Said. Nasa kanyang direktang pamumuno ang administrasyon ng monarkiya na binubuo ng *Diwan of the Royal Court*, *Ministers of the Diwan of the Royal Court*, ang *Ministry of Palace Office Affairs*, ang kanyang mga Ministro, ang *Secretariat* ng gabinete, ang *Specialized Council*, *Governate of Muscat*, at ang *State Consultative Council*.
- Ang *Cabinet of Ministers* ang pinakamataas na sangay ng administrasyon sa bansang Oman. Ang *Secretariat of the Council of Ministers* ang responsable para sa maayos na pagpapatakbo ng mga sangay ng gobyerno. Isa sa gawain nito ay ang tiyakin ang mga desisyon ng gabinete ay maayos na naipatutupad.
- Ang bansang Oman ay hinahati sa *walayat* o mga rehiyon. Bawat *walayat* ay nasa ilalim ng pamumuno ng *Ministry of the Interior*. Ang bawat *walayat* ay pinamumunuan ng isang gobernador o *wali*.
- D. Pananalapi: Riyal Omani
- E. Pangunahing Produkto: Langis
- F. Mga Ipinagbabawal na Gawain

Sa mga mamamayan ng Oman, mahigpit na ipinagbabawal ang mga sumusunod:

- Bawal magsuot ng walang manggas na damit at maikling palda sa publiko,
- Bawal magsuot ng *shorts* o lumabas na naka-*shorts* ang mga lalaki kahit na napakainit ng panahon,
- Huwag gamitin ang kaliwang kamay sa pakikipagkamay, pagkuha, pag-abot o pagsubo at bawal ang maupo nang nakalabas ang talampakan kung kumakain kasama ang mga Omani,
- Huwag kukuha ng litrato ng sinuman kung walang pahintulot,

- Huwag magsigarilyo sa loob ng bahay ng iba maliban kung inalok ng may-ari na manigarilyo, at
- Huwag kumain, uminom, o magsigarilyo sa harap ng Muslim habang buwan ng *Ramadan*.

## JAPAN

- A. Heograpiya: Ang bansang Hapon ay isang kapuluan na binubuo ng Hokkaido, Shikoku, Honshu, Kyushu at libu-libong maliliit at magkakalapit na isla. Ang bansang Hapon ay may sukat na 3,800 kilometro pahaba at nasa dakong silangang Asya. Ang punong lunsod ng bansang Hapon ay ang Tokyo.
- B. Relihiyon: *Shintoism at Buddhism*
- C. Sistema ng Pamahalaan: Ang bansang Hapon ay may 47 na *prefectures* na may kani-kaniyang gobyernong lokal, kung saan may kumakatawan dito sa kanilang *Diet*, isang parliyamentaryong sistema ng gobyerno ang namamahala sa bansang Hapon. Ang *Diet* ay binubuo ng dalawang kapulungan, ang *House of Representatives* at ang *House of Councilors*. Ang punong ministro ng bansang Hapon ang tumatayong pinuno ng *Diet* na hinalal mismo ng kanyang ka-miyembro. Mula rin sa *Diet* ay pumipili siya ng mga ministro upang buuin ang ehekutibong sangay ng gobyernong Hapon.
- D. Pananalapi: Yen
- E. Kultura:

Ang wikang pambansa ng Hapon ay tinatawag na Niponggo. Ito ay isang tipo ng wika na kombinasyon ng iba't ibang karakter o titik na tinatawag na *kanji*, *hiragana*, *katakana*, at maging ng mga titik Romano.

Bagamat ang bansang Hapon ay isa sa pinakamaunlad na bansa sa Asya, nananatili pa rin ang katutubong arkitektura sa kanilang mga tradisyunal na pamamahay. Ang kanilang mga pintuan at dingding ay naitutulak nang pahalang at ang sahig nito ay yari sa kahoy. Kadalasan, ang isang bisita sa bahay ng isang Hapones ay kailangang mag-alis ng sapatos o tsinelas kapag papasok. Kapag ang isang Hapones ay matutulog na, ilalabas niya ang kutson na tinatawag na *futon* at inilalatag ito sa sahig. Sa umaga, ito ay tinatago sa mga kabinet at ang kuwartong tinulugan ay maaari nang maging sala o kainan ng mag-anak na Hapones.

Ang tradisyunal na lutuing Hapones ay gumagamit ng sariwang gulay at isda na maaaring kaining hilaw. Ilan lamang sa mga sikat na pagkaing Hapones ay *sushi*, *sashimi*, *tempura*, iba't ibang klase ng *noodles*, at tsa-a. Sa halip na kutsara at tinidor, ang mga Hapones ay gumagamit ng *chopsticks* o *hashi*.

Kilala rin ang mga Hapones bilang isang magalang na lahi. Kapag sila ay ipinakikila sa mga tao, sila ay yumuyuko bilang tanda ng pagbati.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Naipapakita ang paggalang sa pamamagitan ng pagtanggap ng kaisipan, damdamin at paniniwala ng iba

#### B. Tiyak

1. Natutukoy ang mga nakagisnang paniniwala, tradisyon at pagpapahalaga ng isang bansa
2. Nasusuri ang mga paniniwala at saloobin hinggil sa mga tradisyon, kultura, at paniniwalang panrelihiyon ng bansang kalimitang pinupuntahan ng Pilipinong mandarayuhan
3. Nalilina ang mga hakbang na gagawin bilang isang mandarayuhan sa isang bansang may banyagang kultura
4. Naipapakita ang pagtanggap, paggalang at pagpapahalaga sa kultura ng iba

## II. Paksa : Kultura Nila, Alamin Natin

Takdang Panahon : 1 sesyon

Sanggunian : Teksto ng Aralin, *MAIN Reference Manual, World Map*

## III. Pamamaraan

### A. Balik-Aral

Maglaan ng limang minuto upang mailahad at maipaliwanag ng lider ng pangkat ang kanilang napagtibay na solusyon sa paksa sa nakaraang aralin.

### B. Pagganyak

Lakbay-Diwa - *Travelogue* (Oman at Japan)

Pagtukoy sa mapa ng dalawang bansang dinalaw sa *travelogue*. Gaano ba kalayo ang mga bansang ito sa Pilipinas?

### C. Paglalahad

Ang aralin ay ipakilala sa pamamagitan ng isang serye ng *tableau* o *picture frame* na magpapakita ng iba't-ibang anyo ng mga katangian at kaugalian ng mga Omani at Hapones. Pagkatapos ng pagpapakita, tanungin ang mga mag-aaral hinggil sa kanilang impresyon. Sa ganitong obserbasyon, ipakita ang iba't-ibang kaugalian, paniniwalang pang-relihiyon, at kultura ng bansang Oman at Hapon sa nakahandang *bulletin board*. Bigyan ng pagkakataon ang lahat upang malaman at maunawaan ang kultura, tradisyon at paniniwalang pang-relihiyon ng mga naturang bansa.

### D. Pagtatalakay

Mga Gabay:

1. Saang kontinente matatagpuan ang bansang Oman? Ano ang populasyon ng bansang ito? Anong klima mayroon sa bansang ito? Anong uri ng gobyerno? wika? relihiyon?
2. Ayon sa mga datos na nalaman ninyo, anu-anong kultura o tradisyon mayroon ang bansang Oman? May pagkakaiba ba ito sa kulturang Pilipino? Paghambingin ito at ipaliwanag.
3. Anu-anong bagay ang natandaan ninyo na ikinaiiba nating mga Pilipino tungkol sa uri ng kanilang pananampalataya at mga paniniwala?
4. Dapat bang igalang ang kanilang mga kultura at tradisyon? Bakit?
5. Kung kayo o ang inyong pamilya ay may pagkakataong pumunta sa Oman o sa bansang Hapon, ano sa palagay mo ang epekto ng naiibang kulturang ito sa iyong sarili, sa iyong pamilya at sa pakikitungo mo sa mga mamamayan ng mga bansang ito?

### E. Paglalahat

Dapat nating igalang at tanggapin ang kultura na iba sa atin. Ang paggalang, pagtanggap at pagpapahalaga sa kultura ng iba ay isang mapanghamong batayan ng pakikipagkapwa sapagkat nasasalamon dito ang mga karapatan, layunin, at inspirasyon ng mga tao.

### F. Pagtataya

Ipaguhit ang labindalawang bilog sa *Gawaing Pagsasanay Notebook* ng mga mag-aaral. Sa bawat *flash card* na ipakikita ay aalamin ng mga mag-aaral kung ito ay sa kulturang Pilipino, kukulayan ang bilog ng krayolang pula at asul kung ang ipakikita ay sa kultura ng bansang Oman/Hapon.

## IV. Takdang Aralin

Magsaliksik tungkol sa kultura ng iba pang bansang Asyano at itala sa inyong *Gawaing Pagsasanay* sa anyong talahanayan.

### Talahanayan (*Retrieval Chart*)

Bansa	Tradisyon	Kaugalian
Singapore Taiwan/Tsina Brunei Malaysia Indonesia Vietnam		

### MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### ***A. Slow***

1. Ang mga instruksyon ay kailangang gawing mas simple.
2. Magbigay ng *audio visual aid*.

#### ***B. Middle***

1. Magpadala sa mag-aaral ng mga larawan mula sa mga magasin, kalendaryo at *clippings/cut-outs*.
2. Magbigay ng mga sitwasyon na kung saan ang mga mag-aaral ay makapagbibigay ng kanilang mga opinyon o reaksyon tungkol sa mga pag-uugali at pagpapahalaga ng mga bansang Oman at Japan.

#### ***C. Bright***

*Role playing* na naglalarawan ng tradisyon at kultura ng dalawang bansang nabanggit

## MGA KAUGALIANG PILIPINO

**core message:** *Ang mabuting mamamayang Pilipino ay ipinagmamalaki ang kanyang sariling kultura at kalinangan bilang kasapi ng sangkatauhan.*

**learning competency:** *Napauunlad ang kamalayan sa pagtataguyod ng makatao at maunlad na bansa  
Naitatangi ang mga tradisyon, paniniwala at pagpapahalagang kinakailangan tungo sa isang maunlad at makataong lipunan*

Ang Pilipinas ay isang kaaya-ayang bansa, at ang mga mamamayan nito ay bukod-tangi. Bago pa man dumating ang mga Kastila sa ating bansa ay mayroon ng sariling kultura ang Pilipino. Subalit malaki ang naging impluwensiya ng kulturang kanluranin sa ating pamumuhay. Gayunpaman, hindi lubusang nawala ang katutubong kulturang pamana ng ating mga ninuno. Kung tinanggap man ng ating mga ninuno ang kanluraning kultura, may mga pagbabagong ginawa rito. Ang kinalabasan ay sariling ugali at masasabing kulturang Pilipino.

Ang Pilipino ay may mga asal na pamantayan ng kanilang pag-uugali. Ito ay kadalasang nai-impluwensiyahan ng iba't-ibang salik na maaaring magmula sa pamilya, sa Simbahan, at sa lipunan, at maaaring mag-iba mula pagkabata hanggang pagtanda.

May tatlong imperatibong sumusuporta sa orientasyon ng asal ng mga Pilipino na sinusuportahan naman ng mga kaugalian nito. Ang tatlong imperatibong ito ay emosyonal, moral at pang-relasyon.

1. Emosyonal - tumutukoy sa paraan ng pagbibigay-halaga ng Pilipino sa kanyang kapurihan, dignidad at *pride*. Sa kanyang sarili nakabatay ang personal na relasyon. Ito ay sinusuportahan ng mga sumusunod na pamantayan:

- a. *hiyâ* - Ang kulturang Pilipino ay isang kulturang "mahiyain." Ang kawastuhan o kamalian ng isang aksyon ay batay sa kung ito ay magdadala ng kahihyan sa isang tao at kanyang pamilya o mga kaibigan. Ang *hiyâ* ay isang hindi maayos na pakiramdam na kaakibat ng kaalaman na siya ay nasa isang hindi katanggap-tanggap na posisyon o gawain sa lipunan.

Ang isang Pilipinang nasa ibang bansa at nagtatrabaho bilang isang *domestic helper* ay maaaring sabihing siya ay isang *baby-sitter* o di kaya ay isang *tutor* ng mga bata sa kadahilananang siya ay nahihiya sa kanyang kapalaran.

- b. *bahala na* - Ito ay isa sa mga pinaka-prominenteng asal na mapapansin sa kulturang Pilipino. "Bahala na" ang sasabihin ng isang taong naghahanap ng trabaho sa ibang bansa. Ganoon din ang sasabihin ng isang babaeng mag-aasawa ng isang dayuhang hindi lubos na kilala kahit na may kamag-anak na siya na naloko o kaya'y naabuso ng asawang dayuhan.

Ipasasa-langit na lamang niya ang kanyang kapalaran sa dayuhang asawa at magsasabing "Bahala na. Hindi ako pababayaan ng Diyos."

Ang mga salitang ito ay nalalagay sa pagitan ng pagkakaroon ng pananalig at kawalan ng pag-asa. Maaaring ang taong nagsasalita nito ay mayroong lubos na pananalig sa Panginoon at umaasang may magandang maidudulot ang kanyang kalagayan, o kaya naman ay tuluyan nang nawalan ng pag-asa sa buhay.

Ang ugaling ito ay nagbuhat sa impluwensiya ng mga Kastila na nagturo sa mga Pilipino ng kaisipang ang sinumang humingi sa Panginoon ay kanyang bibigyan. Ang dasal ay dapat na may kaakibat na taimtim na paggawa.

- c. awâ - Marami sa mga Pilipino ang mayroong "sakit" na "pagka-awâ." Kapag ang isang tao ay nakakita ng isang matandang babae na nanghihingi ng limos, nakararamdam siya ng awâ. Ang mga biktima ng pagsabog ng Mt. Pinatubo, si Flor Contemplacion, si Delia Maga at ang iba pang mga manggagawang nahirap sa pagtatrabaho sa ibayong-dagat, lahat sila ay itinuturing na kaawa-awâ.

Ito ang dahilan kung bakit ang ating mga kababayan ay nagtatrabaho sa labas ng bansa: "Nakakaawâ ang pamilya ko." Subalit kapag sila ay umuwing bigo sa Pilipinas, madalas ay sila pa ang mas nakakaawâ.

Ang awâ rin ang dahilan ng tagumpay ng maraming mga makabagbag-damdaming pelikula kung saan ang bida ay inaapi. Sa katunayan, madaling kilalanin ng mga Pilipino ang mga api sa mga pelikulang ito bilang kumakatawan ng kanilang katauhan. Ang *inferiority complex* na ito ay naramdaman sa ilalim ng mga Kastila, Amerikano, Hapon, at ng dalawampu't isang taong rehimen sa ilalim ng pamumuno ng isang Pilipino.

- d. *amor propio* - Isang parirala sa Kastila na nangangahulugan ng pagmamahal sa sarili. Ito ang klase ng pagbibigay-halaga sa sarili na pumipigil sa tao upang lulunin ang kanyang *pride*. May pagkakahalintulad sa hiyâ, ang *amor propio* ay ang pagiging sensitibo sa sariling kahihyan. Gaano man kahirap ang isang tao, gaano man kababa ang kanyang pinag-aralan o gaano man ka-aba ang kanyang kalagayan, ang isang Pilipino ay gagawa ng paraan upang mapanatili ang halagang ibinibigay niya sa kanyang sarili. Tulad rin ng hiyâ, ang *amor propio* ay hindi nararamdaman sa isang insulto lamang o masakit na salita. Subalit anumang pag-atake ninuman sa kanyang katauhan, pagiging ama o sa kanyang dignidad bilang isang tao ay maaaring maging dahilan ng isang agresibo o marahas na reaksyon.

Ang *amor propio* ang siyang pumipigil sa isang manggagawa na nasa labas ng bansa upang aminin ang kanyang mga kabiguan, sa isang *entertainer* upang aminin kung hanggang saan umabot ang kanyang pagbibigay-aliw sa kanyang mga parukyano, at sa pagtanggap sa kanilang sarili na mas lamang ang mga pasakit na dulot ng pandarayuhan kaysa sa mga magandang hatid nito - isang dahilan kung bakit iilan lamang na mga pangit na kuwento ng pandarayuhan ang naririnig natin mula sa kanila.

2. Moral - Ang mga moral na asal ang nag-iimpluwensiya sa mga Pilipino upang maging mapagmasid at maging balisa sa mga moral na implikasyon ng kanyang mga gawain. Ito ay sinusuportahan ng:

- a. utang na loob - tinutukoy bilang pinakamalakas na imperatibong moral sa orientasyon ng asal ng mga Pilipino. Ito ay ang utang na loob, katapatan o pangakong ibinibigay sa isang pamilya o sakop. Mas matindi ang pagtanaw ng utang na loob sa mga taong hindi nabibilang sa kanilang grupo.

Ang utang na loob sa magulang ay nagtutulak sa mga Pilipino upang magbalak magtrabaho sa ibang bansa. At dahil sa pangangailangan sa pera na siyang gagamitin sa pagbibigay ng *placement*, lalong dumarami ang utang na loob.

- b. dangal at puri. - Ang sarili ang siyang dangal at puri na mahigpitang iniingatan. Sa seksyon sa hiyâ, ang isang Pilipinong pinagalitan ay maaaring manahimik hangga't matitiis at hanggang hindi sinasaling ang kanyang dangal o kapurihan.

Kayang balewalain ng isang babae ang mga panunuya sa kanya kapag siya ay nagpapasuso ng kanyang sanggol sa harap ng publiko subalit hindi ang pagsaling sa kanyang pagkababae. Ganito rin ang kaso sa mga kalalakihan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga manggagawang mandarayuhan ay dumaraing lamang kapag sila ay sinimulan ng pisikal na abusuhin.

- c. pananagutan - Ang isang Pilipino ay seryoso pagdating sa kanyang mga pananagutan at gagawin nito ang lahat magampanan lamang ang mga ito. Ang mga magulang ay nagtatrabaho ng mabuti mabigyan lamang ng maayos na pamumuhay at magandang edukasyon ang kanilang mga anak. Minsan, nagagawa ng mga ito ang manghiram ng salapi o di kaya'y magnakaw at mandaya. Ang pananagutan ring ito ang siyang nagtutulak sa maraming mga ama ng tahanan upang makipagsapalaran sa ibang bansa at sa mga ina upang makaya ang pagiging malayo sa kanilang mga asawa't anak.

- d. katapatan - ito ay may kaugnayan sa dangal, puri at pagka-makatotoo. Ang katapatan ay ang pagiging totoo sa binitiwang salita (*palabra de honor*). Ito ay ang pakikipaglaban sa kung ano ang tama, sa mga prinsipyo, at mga magagandang simulain.

Sa maraming kuwento ng mga Pilipinong nagtrabaho sa ibang bansa, kapansin-pansing ang dahilan sa pagtatagumpay ng marami ay ang pagiging matapat nila sa tungkulin. Ang mga Pilipinong mandaragat ay pinag-aagawan hindi lamang dahil sa kanilang angking kakayahan kundi pati na rin dahil sa kanilang katapatan.

Subalit minsan ay nagkakaroon ng maling paniniwala sa katapatan. Ang Pilipino ay nagiging tapat sa kanyang pinuno, gaano man katiwali ito, at hindi sa mga prinsipyong dapat pairalin sa kompanya.

3. Pang-relasyon - tumutukoy sa pagbibigay-halaga ng Pilipino sa kanyang mga harap-harapang engkuwentro.

- a. pakikiramay - pagtulong ng hindi inaasahan. Ang pagdalaw sa ospital, pagtulong sa biktima ng sunog, o kaya'y pagdamay sa kaibigan sa panahon ng kalungkutan ay bahagi ng pakikiramay.

Ang pakikiramay ang siyang nagtutulak sa mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibayong dagat upang magsama-sama sa araw ng kanilang pamamahinga - magbahagi ng kuwento ng kanilang kalungkutan at kasiyahan. Ang pakikiramay rin ang nagtutulak sa kanila upang tumulong sa bawat isang nasa gipit na kalagayan. Kagaya ito ng kaso ng isang Pilipinang nagtrabaho sa Gitnang Silangan na nahablutan ng kanyang bag habang siya ay namimili sa isang *stopover*. Pagbalik sa eroplano, siya ay tinulungan ng mga kapwa Pilipinong manggagawa na pauwi sa bansa para sa kanilang taunang bakasyon at nag-ambag-ambag ng kanilang mga pinaghirapang pera para lamang matulungan ang kaawa-awang kababayan.

- b. galang - ito ay ang respetong ibinibigay sa opinyon ng mga nakatatanda - magulang o mga nakatataas - o iyong mga may kapangyarihan. Hindi mahalaga dito kung sino ang nagsalita at kung para kanino. Ang pananahimik sa mga ganitong pagkakataon ay isa ng paraan ng pagbibigay ng paggalang. Walang galang ang tawag sa isang batang Pilipino o isang tauhan na sumasagot kapag pinapagalitan.

Ang pagiging magalang ay isang katangiang nagustuhan ng mga dayuhang *employer* sa mga Pilipino. Ginagawa nitong mapagkumbaba ang isang Pilipino kapag ito ay sinasanay o pinagagalitan, at matiisin sa panahon ng kahirapan.

- c. pakikisama - ang kakayahang makisalamuha sa iba upang mapanatili ang isang maganda at maayos na relasyon sa mga ito ay pinaniniwalaan na isang importanteng katangian ng lahat ng mga sektor ng lipunan. Sinasaklaw nito maging ang pagsang-ayon o simpleng pagsunod sa utos ng nakatataas, sa takot na mapag-iwanan, na mapahiya o masabihang walang pakisama.

Ang pakikisama ay siya ring nasa likod ng mga sistema ng padrino, bata-bata, lagay, at palakasan, na nakikita rin sa maraming mga ahensiya tulad ng paaralan, gobyerno, ospital, bangko at kahit na sa Simbahan.

Ang kaawa-awa nating mga kababayan na nagtatrabaho sa ibayong dagat ay gumagasta ng malaki para lamang sa pamimili ng mga pasalubong sa kanilang pamilya, mga kaibigan, kamag-anak at kapitbahay sa kadahilanan ng pakikisama. Nababawasan ang panahong iniuukol ng mga kalalaking nangingibayong-dagat sa kanilang mga pamilya kapag sila ay nagbabakasyon sa bansa at mas higit ang panahong naiuukol sa pakikipag-inuman sa mga kabarkada dahil na rin sa pakikisama. Ang asawa ng mga nangingibayong-dagat ay bihirang makatanggi sa kapritso ng pamilya ng kanilang mga asawa dahil na rin sa pakikisama.

- d. bayanihan - malaki ang maitutulong nito sa pagbubuo ng isang pangkat at ng isang bansa, sa malakihan. Ang bayanihan ay ang diwa ng pagtutulongan at pagkakaisa ng mga tao sa isang grupo o komunidad, na walang hinahangad na kapalit. Ito ay ang pagkakaisa ng layunin, pagkakaisa ng kilos, pagpapalad ng bawat isa, masigasig na paggawa, pagkilala ng malakas at pagpapalakas pa ng mahina, at ang pag-ibig at katapatan. Ito ay isang malinaw na manipestasyon ng kasabihang "kung sama-sama, kayang-kaya."

May dalawa pang mga asal na kaugnay sa bayanihan, ito ay ang batarians at balikatan. Ang una ay nangangahulugan ng "pagkakaisa para sa isang layon subalit may materyal na kapalit sa bandang huli," at ang sumunod naman ay ang "pagbabalikatan ng iisang pasanin na ang nasa isip ay ang ikatatamasa ng lahat." Samakatuwid, ang bayanihan ay ang "sama-samang paggawa, pagtulong sa mga kapitbahay at sa komunidad, pag-respeto ng dangal pantao at ang pagmamahal sa Diyos at sa bayan."

Dapat tandaan na ang ugat ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino ay matatagpuan sa kanilang kultura at kasaysayan. May mga mabuti at di-mabuting mga kaugalian ang mga Pilipino. Kailangang matuto tayong ipagpatuloy ang mga kaaya-ayang ugali, at kalimutan ang mga ugaling hindi



makatutulong sa pag-unlad ng sarili, pamilya at ng bansa.

Source: *Character Formation Program on Migration; Episcopal Commission for the Pastoral Care of Migrants and Itinerant People (CBCP) and Scalabrini Center for People on the Move*; 1996.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

1. Napauunlad ang kamalayan sa pagtataguyod ng makatao at maunlad na bansa
2. Naitatangi ang mga tradisyon, paniniwala at pagpapahalagang kinakailangan tungo sa isang maunlad at makataong lipunan

#### B. Tiyak

1. Nasusuri ang mga kaugalian ng mga Pilipino at kung paano ito nakakatulong sa bansa
2. Natutukoy ang mga kaugaliang Pilipino na nakakaimpluwensiya sa mga mandarayuhang Pilipino
3. Natutukoy ang mga katangi-tanging kaugalian ng mga Pilipino
4. Naipagmamalaki ang kulturang Pilipino

### II. Paksa: Mga Kaugaliang Pilipino

Kagamitan : Teksto ng Aralin  
Takdang Panahon : 1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Paglinang ng Gawain

##### 1. Pagganyak

Para maipamalas ang damdaming maka-Pilipino, ipaawit sa isang pangkat ng mga mag-aaral ang awiting "Ako ay Pilipino" kasabay ang pagtatanghal ng *tableau* ng isang pangkat.

##### 2. Paglalahad

Mag-assign ng dalawang *reporter* na naatasang mag-ulat tungkol sa mga kaugalian na bahagi ng kulturang Pilipino.

Magbigay ng karagdagang datos ukol sa kaugaliang Pilipino sa mga mag-aaral sa paraang *lecturette*. Maaaring maging sanggunian ang sanaysay sa unang bahagi ng araling ito.

Tatlong imperatiba na sumusuporta sa mga asal ng Pilipino

1. Emosyonal - hiya, bahala na, awa, *amor proprio*
2. Moral - utang na loob, dangal at puri, pananagutan, katapatan
3. Pang-relasyon - pakikiramay, galang, pakikisama, bayanihan

#### B. Pagtatalakay

1. Bakit kailangang malaman natin ang mga kaugaliang Pilipino? Nakatutulong ba ito sa atin kung tayo ay nasa ibang bansa?
2. Isa-isahin ang mga kaugalian nating mga Pilipino
3. Alin sa mga kaugaliang ito ang dapat nating:
  - a. pagyamanin
  - b. baguhin
  - c. itakwil
  - d. pahalagahan

4. Paano makatutulong ang pinahahalagahang ugali ng mga Pilipino sa paghubog sa sarili bilang mag-aaral? bilang propesyunal? at bilang miyembro ng lipunan?
5. Paano mo maipagmamalaki ang kulturang Pilipino lalo na kung ikaw ay nasa ibang bansa?

C. Paglalahat

Dapat tandaan na ang ugat ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino ay matatagpuan sa kanilang kultura at kasaysayan. May mga mabuti at di-mabuting mga kaugalian ang mga Pilipino. Kailangang matuto tayong ipagpatuloy ang mga kaaya-ayang ugali, at kalimutan ang mga ugaling hindi makatutulong sa pag-unlad ng sarili, pamilya at ng bansa.

D. Paglalapat

Sa inihandang *radio cassette tape*, himukin ang mga mag-aaral na pakinggan ang maikling patalastas tungkol sa *Jollibee* at ipasuri ang sitwasyon: Ang dalawang magkapatid na nagyayaya sa pinsang galing sa Amerika.

Ipasuri sa mga mag-aaral ang sitwasyon batay sa kanilang napakinggang patalastas. Sikapin na sa kanilang pagsusuri ay maipaliwanag nang mabuti ang kahalagahan ng kultura at kaugaliang Pilipino.

E. Pagtataya

Tukuyin ang kaugaliang Pilipino na naipamamalas ng mga sumusunod na mga parapo:

1. Kahit na alam ni Maria ang mapait na karanasan ng pinsan niya sa kamay ng dayuhang asawa, nais pa rin niyang pakasalan ang dayuhang katipan na hindi pa niya ganap na nakikilala. Gusto lang ni Maria na makarating sa ibang bansa. (*bahala na*)
2. Hindi malimutan ni Nardo na sina Mrs. Reyes ang tumulong sa kanya sa pagkakatanggap sa kanya bilang *seaman* sa isang barkong banyaga. Nang umuwi si Nardo, nagdala siya ng pasalubong para kina Mrs. Reyes bilang pasasalamat. (*utang na loob*)
3. Si Mang Efren ay pumunta sa Malaysia dahil alam niyang may pananagutan siyang bigyan ng mabuting kinabukasan ang kanyang pamilya at anak. (*pananagutan*)
4. Nang inuwi ang bangkay ng anak ni Aling Flor mula sa Saudi Arabia, nagtulung-tulong ang mga kapitbahay at kaanak upang maging maayos ang libing nito. (*pakikiramay*)

**IV. Takdang Aralin**

Gumawa ng sanaysay tungkol sa mga kaugaliang pinahahalagahan bilang isang Pilipino. Talakayin kung paano ito makatutulong sa kaunlaran ng bansa.

**MUNGKAHING ISTRATEHIYA**

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

**A. Slow**

Puwedeng matapos ang aralin sa loob ng tatlong sesyon lalong-lalo na sa mga paaralan na nasa barangay at sa mga malalaking klase.

**B. Middle**

Maaaring matapos ang aralin sa loob ng dalawang sesyon.

## PANDARAYUHAN: ALAM MO BA?

*core message:* Ang manggagawang Pilipinong nandarayuhan ay may mga karapatan at tungkulin bilang mamamayang Pilipino at bilang banyaga sa bansang kanilang paroroonan.

*learning competency:* Natatanggap na nakasalalay ang pagpapanatili ng minimithing lipunan sa pagsasaayos ng mga pagpapahalaga at saloobin ng bawat mamamayan

Hindi lingid sa kaalaman ng marami na itinuturing na isa sa mga pinakamagaling, pinakamahusay at maipagkakapuri sa buong mundo ang manggagawang Pilipino, maging ito man ay *skilled, semi-skilled* o *professional*. Upang mapangalagaan at mabigyan ng sapat na proteksyon ang ating mga *overseas Filipino workers*, ipinasa ang batas na RA 8042 o ang “*Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995*” upang matugunan ang anumang problema o suliranin ng manggagawang Pilipino sa ibayong dagat. Sa modyul na ginawa, matutunghayan natin kung paano at ano ang mga nararapat gawin ng mga nandarayuhang Pilipino.

### I. Mga Karapatan at Pananagutan ng Manggagawang Pilipino

#### A. Mga Ipinagbabawal na Gawain

1. *felony - any crime punishable under Philippine laws or the laws of the host country*
2. *drug addiction or drug trafficking*
3. *abandonment of family*
4. *gambling*
5. *alcoholism*
6. *leading rallies or strikes or work stoppage*
7. *violation of customs rules and regulations of the host country*
8. *leading troubles*
9. *malversation of company's funds or employees' funds*
10. *robbery*
11. *prostitution*
12. *vandalism*
13. *possession of deadly weapons*

#### B. Mga obligasyon at karapatan ng manggagawa ayon sa *Labor Code*

1. Isinasaad sa kontrata ang panahon ng paglilingkod ng manggagawa.
2. Hindi maaaring kanselahin o mapawalang bisa ang kontrata nang walang paunang pasabi sa manggagawa. Kailangang bigyan ng *termination pay* at sabihin ang dahilan ng kanyang pagkakatanggal.
3. Walang dapat mabawas sa sahod ng manggagawa liban sa *social insurance premiums, withholding tax* at perang hiniram o kinuha na kabayaran kung may pahintulot ng manggagawa.

#### C. Mga Benepisyo

Ayon sa *Master Employment Contract* ng DOLE-POEA, ang isang manggagawa ay may karapatan sa mga sumusunod na benepisyo:

1. benepisyo mula sa *Workers Compensation Act* para sa sakit, kapansanan o pagkamatay na konektado sa trabaho;
2. proteksyon sa mga *war hazards* sakaling magkaroon ng digmaan sa bansang pinagtrabahuhan;
3. *paid vacation leave* na hindi kukulangin sa 15 araw; at
4. *paid sick leave* na hindi kukulangin sa 15 araw sa bawat taong serbisyo o kaya’y katumbas na halaga nito.

- D. Ang *Employment Contract* ang pinanghahawakang proteksyon ng isang mandarayuhang Pilipinong manggagawa. Isinasaad dito ang haba ng panahon at kondisyon ng empleyo, pati na rin ang matatanggap na sahod.

- E. Maaaring sumangguni ang mga manggagawang Pilipino sa embahada o konsulado ng Pilipinas at *Labor Attaches* para ikonsulta ang kanilang mga problema.

II. Mga hakbang sa pag-aaplay ng trabaho sa ibang bansa

- A. Magpa-*authenticate* ng papeles sa iba't-ibang ahensiya ng gobyerno. Ang mga ahensiyang ito ay ang mga sumusunod:
1. *Central Records Office*, POEA
  2. *Authentication Unit*, POEA
  3. *Department of Foreign Affairs*
  4. Embahada ng bansang pupuntahan
- B. Kumuha ng Pasaporte
- C. Kumuha ng *Medical Referral Slip* para sa *medical examination*
- D. Dumalo sa *Pre-departure Orientation Seminars*

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

A. Panlahat

Natatanggap na nakasalalay ang pagpapanatili ng minimithing lipunan sa pagsasaayos ng mga pagpapahalaga at saloobin ng bawat mamamayan

B. Tiyak

1. Nailalahad ang mga tungkulin at pananagutan ng pagkamamamayan
2. Naipaliliwanag ang iba't-ibang gawain ng mga ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga tungkulin, karapatan at pananagutan ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa
3. Naisasabuhay ang sariling pagpapahalaga at saloobin na nakatutulong sa pagpapanatili ng maayos, maunlad at matiwasay na lipunan sa bansang kinaroroonan

### II. Paksa : Pandarayuhan: Alam Mo Ba?

Sanggunian	: Teksto ng Aralin
Kagamitan	: POEA <i>Brochures</i> , <i>OFW Handbook</i> , mga babasahin tungkol sa Pandarayuhan
Takdang Panahon	: 2 sesyon

### III. Pamamaraan

A. Pagganyak

Magdaos ng isang laro sa klase kung saan ang lahat ng mag-aaral ay tatayo at pipila. Magpabuo sa mga mag-aaral ng isa pang pila ang lahat nang may gustong magtrabaho sa ibang bansa pag sila'y nakatapos na ng pag-aaral.

Sa larong ito malalaman ang bilang ng mga batang may gustong magtrabaho sa Pilipinas at iyong mga may gustong magtrabaho sa ibang bansa.

1. Gawain

- a. Magpaskil ng dalawang larawan sa pisara. Mga larawang nagsasaad ng:
  - a.1 manggagawang Pilipino sa Pilipinas
  - a.2 manggagawang Pilipino sa ibang bansa
- b. Ipasagot ang halimbawa na mga gabay na tanong
  - b.1 Ano ang nakita mo sa mga nakapaskil na larawan sa pisara?
  - b.2 Paghambingin ang mga larawang ito. May pagkakaiba ba? Anu-ano ang mga ito?

- c. Pagpangkat-pangkat ang mga mag-aaral sa apat. Hayaang pumili sa limang nakabilot na papel ang lider ng bawat pangkat sa gagawing *brainstorming*, at isang tagatala sa lahat ng mga mapag-uusapan ng pangkat. Dapat tandaan na ang *brainstorming* ay naglalayong mangalap ng ideya o opinyon, gaano man karami sa maikling panahon.

Mga paksa:

- Mga kaalaman tungkol sa karapatan/pananagutan ng manggagawang Pilipino
- POEA, OWWA, DOLE, at DFA - mga pangunahing ahensiya ng pamahalaan na nagtataguyod at nagbibigay proteksyon sa mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa.
- Mga problema/pagsubok na maaaring kakaharapin ng manggagawang Pilipino. Anu-anong alternatibo o paraan ng paglutas sa mga suliraning tulad nito?
- Mga epekto ng pandarayuhan sa pamilya, sa sarili, at sa bansa

## 2. Paglalahad (Malayang Talakayan)

- Batay sa inyong kaalaman, ano ang ibig sabihin ng pandarayuhan? Bakit marami sa ating mga manggagawang Pilipino ang naghahangad na makapagtrabaho sa ibang bansa? Ano kaya sa palagay mo ang mga dahilan ng paghahangad na ito?
- Sa ating kasalukuyang mga OFWs, may mga responsibilidad at pananagutan ba sila kahit na sila'y nasa ibang bansa? Isa-isahin ang mga ito. Dapat bang sundin ang mga ipinaiiral na batas sa bansang kinaroroonan nila?
- Sa palagay mo ba, tamang lahat ang mga gawain at polisiyang ipinaiiral at isinasagawa ng POEA at mga katulong na ahensiya ng pamahalaan sa ating manggagawa sa ibang bansa? Anu-anong mga hakbang ang dapat mong gawin kung sakaling nahaharap ka sa mga pagsubok at problema tulad nila?
- Isa-isahin ang epekto ng pandarayuhan - sa iyong sarili, sa iyong pamilya, at sa iyong bansa.

## B. Paglalahat

Sa pandarayuhan, hindi lahat ay puro sarap/saya; kakambal nito ay pagtitiis tulad ng pangungulila sa pamilya. Kaya tiyakin ang sarili at kakayahan kung ang pagdayo ba sa ibang bansa ay karapat-dapat na hangarin at layunin mo sa buhay.

## C. Pagpapahalaga

- Ano ang naramdaman mo nang makita at paghambingin ang dalawang larawang ito?
- Isa-isahin ang iyong nadarama at bigyan ng maikling pahayag.

## D. Pagtataya

Sa inihandang tsart, sabihin lamang ang salitang "TAMA" kung sinasang-ayunan at "MALI" kung hindi sinasang-ayunan ang bawat bilang na babasahin ng guro.

- \_\_\_ 1. Ang magtrabaho sa ibang bansa ay madali lang.
- \_\_\_ 2. Malayo sa paggawa ng kamalian ang taong alam ang kakayahan.
- \_\_\_ 3. Ang husay sa trabaho ay magiging puhunan mo kahit saan mang panig ng mundo.
- \_\_\_ 4. Tanging POEA lamang ang nangangalaga sa ating manggagawa sa ibang bansa.
- \_\_\_ 5. Lahat ng manggagawang Pilipino sa ibang bansa ay maligaya at kontento sa buhay.

## IV. Takdang Aralin

- Ipagpatuloy ang talakayan sa mga naiwang paksa. Maghanda ang bawat isa sa pagbabahagi ng kanyang ideya/opinyon ukol sa paksa.
- Magbigay ng isa o dalawang halimbawa ng Pilipinong manggagawa na hindi nagtagumpay sa kanyang pagpapanatili sa bansang pinagtatrabahuhan. (Maaaring kumuha ng mga tala o datos sa mga *brochures* ng OWWA o POEA *Handbook*.)

## MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istratehiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

### **A. Slow**

1. Pagtataya: Talakayin ang mga sagot para sa *enrichment*.
2. Gumamit ng istratehiyang piktoryal na nagpapakita ng mga pang-aabuso sa manggagawang Pilipino sa ibang bansa.
3. Magkuwento ng isang karanasan batay sa naging epekto ng pandarayuhan sa pamilya, sarili at sa bansa.
4. *Acronym* para sa mga ahensiya ng pamahalaan na kung saan ilalahad ng mga bata ang mga ahensiyang nagbibigay ng proteksyon sa manggagawang Pilipino.
5. Papiliin ang mga bata ng tamang sagot hinggil sa mga kaalaman tungkol sa karapatan/pananagutan ng manggagawang Pilipino batay sa inihandang gawain ng guro.

### **B. Middle**

Pagtataya: Pagkatapos ng Pagtataya, talakayin ng mas malalim ang mga sagot.

### **C. Bright**

1. Pagtataya: Sabihan ang mga mag-aaral na ipagtanggol ang kanilang mga sagot.
2. Pagpangkat-pangkatin ang mga mag-aaral sa apat at ipa-*role play* sa kanila ang mga sumusunod:
  - a. Mga kaalaman tungkol sa karapatan/pananagutan
  - b. Mga ahensiya ng pamahalaan
  - c. Mga problema/pagsubok na kaakibat ng pandarayuhan
  - d. Mga epekto ng pandarayuhan

## BATAS NILA...ALAMIN NATIN

*core message:* Ang kapasiyahang magtrabaho o mamalagi sa ibang bansa ay dapat gawin nang may ganap na kaalaman tungkol sa bansang iyon, ang gobyerno nito, ang kanyang mga mamamayan, batas nito para sa dayuhan at mga kondisyon sa paggawa.

*learning competency:* Naitatangi ang mga tradisyon, paniniwala at pagpapahalagang kinakailangan tungo sa isang maunlad at makataong lipunan

Sa pandarayuhan, marami ang dapat na isaalang-alang. Una na rito ang preparasyon o paghahanda ng mga dapat gawin sa pag-aaplay ng trabaho. Tiyakin ang sarili kung ito nga ba ang hangarin at layunin niya sa buhay. Pangalawa, kailangang paghandaan niya ang kanyang kaalaman, kakayahan at kasanayan na maaari niyang gamitin sa trabaho. Pangatlo, kailangan niyang malaman ang mga patakarang panlabas, batas at ang mga karapatan at pananagutan niya bilang isang mandarayuhan upang maunawaan niya ang kanyang responsibilidad sa pangangibang bansa.

Ang pakikipag-ugnayan sa mga ahensiya ng pamahalaan na nagtataguyod ng kapakanan at proteksiyon ng ating manggagawang Pilipino ay isa pang mahalagang gawain na dapat tandaan ng ilang mandarayuhan. Sa pamamagitan ng mga ahensiyang ito ng pamahalaan ay malinaw na magkakaroon sila ng kaalaman at pang-unawa sa mga patakaran at mga batas ng bansang kanilang patutunguhan.

### I. Bansa: Saudi Arabia

Lokasyon	Gitnang Silangang Asya
Kapitolyo	Riyadh
Populasyon	18,197,000
Lupain	865,000 sq. m.
Wika	Arabic
Relihiyon	Shi'ite Islam (isang sanga ng Islam)
Klima	Tuwing Disyembre hanggang Pebrero ay karaniwang malamig ang temperatura na bumababa sa 14 <i>degrees Celsius</i> ; Hunyo hanggang Agosto ay mainit at umaabot sa mahigit na 38 <i>degrees Celsius</i> . Tuyo ang hangin maliban sa tabing dagat at bihirang umulan sa isang taon
Sistema ng Gobyerno	Monarkiya na may <i>Council of Ministers</i>
Head of State	King Fahd Ibn Abdul Aziz
Pananalapi	Saudi Riyal
Produkto	Langis

### II. Mga Kailangan sa Pagbibiyah

Kailangan ng pasaporte at *visa*. Mayroon silang *transit visa* hanggang 24 oras na dapat manatili lamang sa airport at kailangan ng *onward/return ticket*. Kailangan din ng bakuna laban sa *cholera* at *meningitis*.

### III. Mga Bagay na Dapat Tandaan at Iwasan

- o Bawal tawagin na *Mohammedans* ang mga Arabo at sa halip ay mga "Moslem" ang itawag sa kanila dahil itinuturing nila ang kanilang sarili na tagasunod ni Allah.
- o Bawal magtanong ukol sa asawa ng Arabo.
- o Masasaktan ang kanilang damdamin kapag pinag-usapan ang tungkol sa kanilang magulang o mga ninuno kaya ito'y pinagbabawal.
- o Bawal pagtalunan ang relihiyon. Maliban sa Islam, walang pinahihintulatang ibang relihiyon.
- o Bawal alisin sa Arabo ang anumang bahagi ng kanilang katutubong pananamit.
- o Bawal ituro ang daliri sa kausap.
- o Bawal gumamit ng mga *slang* na salita tulad ng "Hey, Joe".

- o Pinahahalagahan nila ang unang pangalang bigay kaysa sa apelyido.
- o Bawal ang paggamit ng kaliwang kamay sa pakikipagkamay, pagkuha, pag-abot o pagsubo.
- o Bawal magsalita laban sa kanilang bansa.
- o Ang pag-iingay o pagkamaligalig ay itinuturing nilang pagpapasikat.
- o Bawal pag-usapan ang tungkol sa baboy o aso. Naniniwala sila na ang baboy ay marumi at ang aso ay taksil.
- o Kung nasa publikong lugar, huwag maglabas ng krus o *crucifix*, estatwa o banal na aklat. Para sa kanila, si Hesus ay isang insulto kay Allah.
- o Ang uminom ng alak, paninigarilyo o pagkain sa publiko habang may sikat ang araw ay bawal sa buwan ng *Ramadan*.

Ilan lamang ito sa mga dapat malaman ng isang Pilipinong mandarayuhan na patungo sa bansang Saudi Arabia.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Naitatangi ang mga tradisyon, paniniwala, at pagpapahalagang kinakailangan tungo sa maunlad at makataong lipunan

#### B. Tiyak

1. Nailalarawan ang mga pagpapahalagang kinakailangan tungo sa isang maunlad at makataong lipunan
2. Nakikilala ang mga sitwasyong makatao at di-makatao
3. Nakikilahok sa mga pagsisikap na makapagtaguyod ng makataong lipunan
4. Nakakapagbigay galang sa mga pagpapahalagang dayuhan

### II. Paksa : Batas Nila...Alamin Natin

Takdang Panahon : 1 sesyon  
Sanggunian : Teksto ng Aralin

### III. Pamamaraan

#### A. Pagganyak

1. Ipaguhit sa mga mag-aaral sa kanilang papel ang anyo ng tao kapag siya'y galit, takot, malungkot, naiinis o masaya.
2. Ang maikling pagsasanay na ginawa ng mga mag-aaral ay magsisilbing batayan sa paglalahad ng paksang tatalakayin.

#### B. Paglalahad

Magbigay sa bawat dalawang mag-aaral ng isang babasahin na ang nilalaman ay tungkol sa kaso ng isang *overseas worker*. Sa huling bahagi ng babasahin na kaso ay may mga katanungan na dapat sagutin ng mga mag-aaral.



### Naglahong Pangarap: Kaso ni Lemuel Villafuerte, OFW

Isa lamang si Lemuel sa mga manggagawang Pilipino na nang dahil sa kakulangan ng kaalaman tungkol sa mga patakaran sa pangangibang-bansa ay bumalik sa Pilipinas na bigo sa kanyang mga pangarap.

Mahirap lamang ang pamilya ni Lemuel. Maaga siyang nakapag-asawa at kaagad nagkaroon ng tatlong supling, sa edad na 20 taon pa lamang. Palibhasa, hanggang *Grade 2* lang ang naabot, madali siyang naloko o nabiktima ng isang *illegal recruiter* na nagkataong napadayo sa kanilang lugar. Nadala sa matatamis na salita, paliwanag at pangako ng *recruiter* si Lemuel. Ipinagbili ang kakarampot na ektaryang lupa na kanyang minana sa kanyang mga magulang para magamit sa “paglalagay” sa ahensiya na inaaplayan niya ng trabaho para mapadali ang kanyang mga papeles. Matapos maglagay, ibinigay ang iskedyul ng kanyang paglipad. Lungkot ang mababakas sa mukha ng naiwang pamilya ni Lemuel nang dumating ang araw ng kanyang paglisan. Pilit na inialis ni Lemuel ang lungkot at sa halip ay “pag-asa” ang ipinairal niya sa kanyang isipan.

Pagdating ni Lemuel sa Saudi (na nagkataon namang may dalawa siyang kasama na doon din nakadestino sa lugar ng kanyang pagtatrabahuhan), sa kinabukasan ay nagsimula na silang magtrabaho. Habang sila’y nagtatrabaho ay napansin niya na wala sa kontratang pinirmahan niya ang uri ng trabahong ginagawa niya at hindi siya nakatatanggap ng suweldo. Patuloy ang gayong sitwasyon hanggang sa umabot ng tatlong buwan. Hindi malaman ni Lemuel kung ano ang kanyang gagawin. Takot siya at walang lakas ng loob na makipag-usap sa *employer*. Sa tulong ng mga kasamahan, nakauwi si Lemuel sa Pilipinas.

#### C. Pagtatalakay

1. Matapos mong mabasa o matunghayan ang kaso ni Lemuel - ang *overseas worker* sa Saudi Arabia, ano ang inyong nadama? Alin sa mga iginuhit mong anyo ng tao ang maitutugon ninyo sa kaso ni Lemuel? Bakit?
2. Sa palagay mo, may sapat bang kaalaman si Lemuel tungkol sa pagpunta sa Saudi Arabia? Alam ba niya ang mga patakaran at batas bago pumunta sa bansang iyon?
3. Bakit hindi siya nakatatanggap ng sahod? Sa anu-anong dahilan?
4. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Lemuel, ano ang gagawin mo? Babalik ka ba sa Pilipinas o mananatili sa Saudi Arabia?
5. Anu-ano ang epekto ng pangyayari sa buhay ni Lemuel sa kanyang sarili, sa kanyang pamilya at sa kanyang pamayanan?

#### D. Paglalahat

Maraming *contract workers* ang naging biktima ng pagsasamantala sa sweldo at kondisyon sa trabahong hindi makatao dahil sa ang ilan ay kulang sa kaalaman sa mga patakaran panlabas at batas na ipinaiiral ng bansang pinaroroonan. Lakas ng loob, pananalig sa Diyos at kaalaman sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa pangangibang-bansa ay dapat na tandaan.

#### E. Paglalapat

Batay sa kaso ni Lemuel, pangkatin ang mga mag-aaral upang gumawa ng resolusyon upang maiwasan ang pangyayaring tulad ng kay Lemuel Villafuerte.

#### F. Pagtataya

Pangkat-pangkatin ang mga mag-aaral at ipasadula ang mga paghahandang dapat isagawa ng isang nais maging OFW.

#### **IV. Takdang Aralin**

Mag-imbita ng isang nagbalik-bayang OFW para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran sa pangangibang-bansa.

#### **MUNGKAHING ISTRATEHIYA**

Ang mungkahing istratohiyang ito ay maaaring isaalang-alang ng mga guro.

#### ***Slow***

Dahil sa kahabaan ng aralin, ito ay maaaring hatiin at ituro sa "slow" at "average" na mga mag-aaral sa loob ng dalawang sesyon. Upang maging mas kapana-panabik ang aralin, magsalaysay ng kuwentong tungkol sa mga OFW na hango sa dyaryo.

## PANDARAYUHAN: NOON AT NGAYON

**core message:** *Ang paglalakbay ng mga tao sa iba't-ibang bansa ay isang pandaigdigang penomenon at reyalidad na naganap sa lipunan.*

**learning competency:** *Nasusuri ang mga pandaigdigang isyu o pangyayari tungkol sa kapayapaan at pag-unlad*

Ang paglalakbay ng mga tao sa iba't-ibang bansa ay isang pandaigdigang penomenon at reyalidad na naganap sa lipunan. Hindi bago sa Pilipino ang pandarayuhan. Sa katunayan, mahigit ng apat na siglong ginagawa ito. Nagkaroon ng iba't-ibang bugso ang pandarayuhan ng mga Pilipino. Ang bawa't siglo ng pandarayuhan ng mga Pilipino ay naglalarawan ng iba't ibang kondisyon sa kasaysayan ng mga bansang pinagtunguhan ng ating mga kababayan at maging ng ating bayan.

Ayon sa kasaysayan, ang mga unang Pilipinong nakipagsapalaran sa ibang lupain ay sakay ng mga galyong Kastila na tumungo sa iba't-ibang bansa upang makipagkalakalan. Ito ang bumuo ng unang bugso ng pandarayuhan ng mga Pilipino. Ang una nilang napuntahan ay sa Mexico, na siyang naging pangunahing daungan ng mga galyong Kastila. Mula sa Mexico, sila ay lumipat sa Estados Unidos na kung saan sila nagtaguyod ng mga komunidad. Sila ay madaling nakibagay sa kultura ng lipunang kanilang ginalawan na kung saan din nila naipakilala ang kagandahan ng kulturang Pilipino.

Ang ikalawang bugso ng pandarayuhan ng mga Pilipino ay naitala mula noong taong 1906 hanggang 1934. Maraming mga Pilipinong mag-aaral ang ipinadala sa Estados Unidos bilang mga *pensionado* o mga iskolar ng pamahalaang Pilipinas upang magpakadalubhasa sa kanilang napiling kurso o propesyon at sa gayon ay makatulong sa pagpapaunlad ng Pilipinas. Sinundan ang mga *pensionado* ng mga manggagawang Pilipinong nagpunta sa Hawaii upang magtrabaho sa mga plantasyon ng tubo. Pagkatapos ng taong 1924 ay hindi na masyadong nangailangan ng manggagawa sa Hawaii kung kaya't marami sa mga Pilipino ang lumipat sa ibang bahagi ng Estados Unidos upang magtrabaho sa mga pabrika, restoran, at gawaing konstruksiyon.

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, maraming mga Pilipino ang nagpunta sa Estados Unidos bilang mga mamamayan ng Amerika o *American citizen* bunga ng kanilang paninilbihan sa militar ng Amerika. Naisama nila ang kanilang mga pamilya at kamag-anak at marami sa grupong ito ang bata at kababaihan, estudyante at propesyonal. Ito ang pangatlong bugso ng pandarayuhan na naganap mula 1945 hanggang 1965.

Sa pang-apat na bugso ng pandarayuhan pagkatapos ng 1965 ay nagpatuloy ng paglipat ng mga Pilipinong manggagawa hindi lamang sa Amerika at Canada kundi pati na sa North Borneo, Malaysia, Thailand, at sa ibang bahagi ng Asya, Europa at Afrika. Marami rin ang nakapag-asawa ng mga dayuhan at doon na sa mga bansa ng kanilang asawa nanirahan. Marami rin ang patuloy na umaalis ng Pilipinas upang magsipag-aral at magpakadalubhasa.

Nang nangailangan ng lakas-tao ang iba't-ibang bansa sa Gitnang Silangang Asya tulad ng Saudi Arabia, UAE, Kuwait, dumami ang mga manggagawang Pilipinong nakipagsapalaran sa kabila ng pagkakaiba ng kultura at heograpiya. Nangailangan din ang Amerika, Canada, Aleman at Inglatera ng mga narses, doktor at maging komadrona kung kaya't naging aktibo na naman ang pandarayuhan ng mga Pilipino.

Ano naman ang naging epekto ng pandarayuhan ng mga Pilipino sa bansang kanilang dinatnan? Ayon sa ulat, ang mga Pilipinong nagtrabaho sa ibang bansa ay nagkaroon ng magandang kapalaran dahil sila ay may sapat na kasanayan, katalinuhan at kaalaman sa gawaing pinasukan. Dahil sa angking kasipagan ay lalong napabuti at napaayos ang mga proyektong kailangang isagawa. Napalapit ang relasyon ng Pilipinas sa mga bansang dinatnan ng mga manggagawang Pilipino dahil sa mahusay na pakita ng mga ito, bagamat hindi pa rin maiiwasan ang pagkakaroon ng mga problema sa aspeto ng pakikibagay sa banyagang kapaligiran, kakaibang kultura, kahirapan sa pag-unawa ng wika at pangungulila sa malayong pamilya.

Dahil dito, nakatulong na mabuti sa pagpapanatili ng kapayapaan ang magandang kaugalian at asal ng maraming Pilipinong manggagawa. Nagkaroon ng pagpapalitan ng kaalaman sa kanya-kayang kultura at lumawak ang kanilang pananaw.

## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Nasusuri ang mga pandaigdigang isyu o pangyayari tungkol sa kapayapaan at pag-unlad

#### B. Tiyak

1. Natatalakay kung bakit nagpatuloy nang mahabang panahon ang pandarayuhan ng mga Pilipino
2. Natutukoy kung paano nakapagbabahagi ang mga Pilipinong mandarayuhan sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaunlaran ng daigdig
3. Nabibigyang-halaga ang mga pagsisikap ng mga manlalakbay na mapanatili ang kapayapaan at pag-unlad ng daigdig
4. Naipakikita sa *tableau* ang mga mahahalagang pangyayaring may kaugnayan sa paglalakbay sa iba't-ibang bansa sa daigdig

### II. Paksang Aralin: Pandarayuhan: Noon at Ngayon

Kaisipan	:	Ang paglalakbay ng mga tao sa iba't-ibang bansa ay isang pandaigdigang penomenon at realidad na nagaganap sa lipunan.
Sanggunian	:	Teksto ng Aralin
Mga Kagamitan	:	Mga larawang nakapaskil sa <i>bulletin board</i> , pisara, <i>chalk</i> , atbp.
Takdang panahon	:	1 sesyon

### III. Pamamaraan

#### A. Pagganyak

1. Ipasagawa sa mga mag-aaral ang "Lakbay Diwa" kung saan ang lahat ng kasali ay mananatiling nakapikit ang mga mata. Hayaang manahimik ang lahat at sa saliw ng isang mabanayad na tugtugin ay simulan ito.
2. Ipaalisip sa mga mag-aaral na sila'y nakasakay sa *Jumbo jet* at magsimula na ang paglalakbay sa buong daigdig. Pababain sila sa unang destinasyon- ang Indiya, pagkatapos ay Saudi Arabia. Tutuloy ang biyahe sa Europa, upang makita ang Pransya at Inglatera. Pagkatapos tutungo sila sa Estados Unidos, Canada, Australia at muling babalik sa Asya upang makita ang Taiwan at Singapore at muling babalik sa Pilipinas.
3. Itanong kung anong pakiramdam matapos ang biyahe. Itanong din kung nagandahan sila sa bawat bansang binisita at kung nais pa rin nilang muling magbalik.

#### B. Paglalahad

Sa pamamagitan ng dalawang pangkat na binuo, ipakita sa pamamagitan ng *tableau* ang:

1. Kasaysayan ng pandaigdigang paglalakbay ng mga Pilipino
2. Mga epekto ng pandarayuhan ng mga Pilipino sa mga bansang dinatnan

#### C. Pagtatalakay

Itanong ang mga sumusunod at isulat ang datos sa pisara.

1. Kailan nagsimula ang pandaigdigang paglalakbay ng mga Pilipino?
2. Bakit nagpatuloy ang ganitong gawain?
3. Anu-anong mga epekto ng pandarayuhan ng mga Pilipino sa mga bansang dinatnan? Ipalawanag.

D. Paglalahat

Noon at ngayon, ang mga Pilipino ay nandarayuhan sa iba't-ibang bansa. Dala nila ang tungkuling mapanatili ang kapayapaan at isulong ang kaunlaran.

E. Paglalapat

Paano ang dapat ikilos at iasal ng mga nandarayuhang Pilipino upang mapanatili ang kapayapaan at pag-unlad ng daigdig?

F. Pagpapahalaga

Paano nating mabibigyang halaga ang mga pagsisikap ng mga Pilipinong manlalakbay na mapanatili ang kapayapaan at pag-unlad ng daigdig?

G. Pagtataya

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa pamamagitan ng pagsulat ng wastong titik:

1. Patuloy ang paglalakbay ng mga Pilipino sa ibang bansa magpahanggang sa ngayon dahil \_\_\_\_\_.
  - a. nais makapiling ang mga kaanak na nasa ibang bansa
  - b. nais maitaas ang antas ng pampamilyang kabuhayan
  - c. nais makapag-aral at magpakadalubhasa
  - d. lahat ng nabanggitsagot: d
2. Ang Pilipinong nandarayuhan ay nakakatulong sa pag-unlad ng mga bansang pinupuntahan dahil sa \_\_\_\_\_.
  - a. angking kasipagan
  - b. paggawa ng maayos sa mga proyekto nito
  - c. katalinuhan at kaalaman sa gawaing pinasukan
  - d. lahat ng nabanggitsagot: d
3. Nanilbihan ang mga Pilipino sa militar ng Amerika noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig upang mapanatili ang pambansang kasarinlan at maisulong ang pandaigdigang kapayapaan.
  - a. totoo
  - b. hindi totoo
  - c. hindi tiyaksagot: a
4. Ang patuloy na pandarayuhan ng mga Pilipino sa ibang bansa ay nagpapatunay lamang ng kanilang pagiging \_\_\_\_\_.
  - a. layas
  - b. manggagaya
  - c. adbenturoso
  - d. tamadsagot: c
5. Sa kabuuan, ang magandang pakita at pakikisama ng Pilipinong nandarayuhan ay naghahatid ng \_\_\_\_\_.
  - a. kapayapaan
  - b. kayamanan
  - c. kabuhayan
  - d. katarungansagot: a

#### IV. Takdang Aralin

Gumawa ng isang *poster* sa kalahating bahagi ng kartolina na nagpapakita sa mga manlalakbay na Pilipino bilang mga *ambassadors of goodwill*. Humandang ipaliwanag ito sa klase.

### MUNGKAHING ISTRATEHIYA

Ang sumusunod ay mga mungkahing istrategiya na maaaring isaalang-alang ng mga guro para sa iba't-ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral:

#### A. Slow

1. Ipagamit ang *world map* - isa-isahin ang mga lugar/bansa na napuntahan ng mga Pilipino noon at ngayon.
2. Ipaiba-iba ang mga dahilan sa pandarayuhan ng mga Pilipino.
3. Ipaiba-iba ang mga epekto ng pandarayuhan sa bansa.
4. Takdang Panahon: 2 sesyon
5. *Role playing (simple dramatization)*
6. Pagganyak: *Picture talk*
7. Paglalahad: Basahin sa mga mag-aaral ang kasaysayan ng iba't-ibang bugso ng pandarayuhan ng mga Pilipino.

#### B. Middle

1. Ipaiba-iba ang mga dahilan sa pandarayuhan ng mga Pilipino noon at ngayon.
2. Magsipi/Mag-collect ng mga kuwento tungkol sa mga Pilipinong nagtagumpay sa ibang bansa na naging modelo ng mga Pilipino dito sa bansa.
3. Ipasadula ang buhay ng mga Pilipinong mandarayuhan na nagtagumpay.
4. Paglalahad: Ibigay ang iba't-ibang bugso ng pandarayuhan ng mga Pilipino noon at ngayon at hingan ang mga mag-aaral ng mga detalye ng bawat bugso ayon sa seleksyon.
5. Paglalahat: Itanong sa mga mag-aaral: Ano ang nais ipaabot sa atin ng seleksiyong "Pandarayuhan: Kaugnay sa Pagpapanatili ng Kapayapaan at Kaunlaran ng Daigdig?"
6. Hingan ng reaksyon ang mga mag-aaral hinggil sa relasyon ng mga Pilipino sa ibang lahi at kung paano ito napapatatag.

#### C. Bright

1. Karagdagang gawain:

Malayang talakayan kung paano ang isang propesyonal/mamamayan ay maging "*Ambassador of Goodwill*."

2. Pagtataya:

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa pamamagitan ng pagsulat ng wastong titik. Patunayan/Talakayin.

3. Pagganyak: *Game: Around the World*

Magpabigay sa mga mag-aaral ng mga bansang pupuntahan na magsisimula sa titik A (hal. Amerika) susunod sa titik R, hanggang sa mabuo ang *AROUND THE WORLD* at pag-usapan ang

magagandang tanawin na nakikita sa bawat mapuntahang bansa. Gawing palaisipan sa kanila kung ano at saan ang susunod na bansang pupuntahan. Hayaan silang mag-isip.

4. Paglalahat: *Slogan making*
5. Paglalapat: Hingan ang mga mag-aaral ng konkretong sitwasyong nagpapakita ng mga katangian ng mga Pilipino na nagpapatibay sa relasyon natin sa ibang bansa.
6. Pagtataya: *Puzzle Quiz*

**TAYO AY PILIPINO:  
TAAS NOO SA BUONG MUNDO KAHIT KANINO**

**core message:** *Dapat panatilihin ng manggagawang Pilipino ang kanyang diwang makabansa saan man siya makarating o saan man siya naroroon.  
Ipagmalaki natin ang mga Pilipino sa ibang bansa na gayo'y matagumpay at tanyag sa kanilang sariling larangan o linya ng gawain.*

**learning competency:** *Nasusuri ang sariling kakayahan at talino, sa kahandaan nitong magamit sa kaunlaran at kapayapaan ng daigdig*

Ang Pilipino ay nakikilala sa kanyang kulay, sukat, anyo, pagsasalita at kaugalian. Ang mga ito ang nagbubukod tangi sa kanya saan man siya naroroon. Maraming maipagmamalaki ang Pilipino maging siya'y nandito sa bansa o bilang isang mandarayuhan. Sila ay nakikilala sa mundo dahil sa kanilang anging talento sa sining at kakayahan sa iba't-ibang sangay ng agham. Kilala rin ang Pilipinong manggagawa sa kanyang pagiging matalino, masipag, maabilidad, matiyaga at may pagkukusa. Ang kulturang Pilipino ay mayaman at puno ng mga kaaya-ayang kagawian na patuloy ring isinasabuhay ng mga Pilipinong nasa ibang bansa. Malayo man ang Pilipinong mandarayuhan sa bansang tinubuan, siya ay nananatiling nakaugnay dito sa puso at diwa.

Mga natatanging Pilipino na nagbigay ng dangal sa bansang Pilipinas:

1. Siya ang kauna-unahang Pilipinong martir at santo na pumunta sa bansang Hapon noong 1636 kasama ang mga paring Dominiko upang magpalaganap ng reliyihong Katolisismo. Siya ang itinalagang patron ng mga Pilipinong mandarayuhan. (sagot: *Lorenzo Ruiz*)
2. Sa kanyang pagtungo sa mga bansang Espanya, Belgium at Alemanya, nakatapos siya ng Medisina at Pilosopiya. Naisulat niya ang mga katangi-tanging nobelang *Noli* at *Fili* na siyang nakaantig sa damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino. Itinuturing siyang pambansang bayani ng Pilipinas. (sagot: *Jose Rizal*)
3. Siya ay itinuturing na dakilang tagapagpalaganap ng demokrasyang Pilipino sa ika-dalawampung siglo. Habang nasa Amerika, gumawa siya ng mga makabuluhang talumpati sa mga pamayanan ng mga Pilipino at Amerikano na nagpaalab pang lalo ng pagmamahal sa sariling bayan. (sagot: *Benigno Aquino, Jr.*)
4. Siya ay itinuturing na isang *world-class international artist* ng tanghalan at isang napakagaling na mang-aawit. Ang kanyang pagtungo sa London at New York upang magtanghal ang nagtampok sa kanya para kilalanin na pinakamatagumpay na artistang Pilipino. (sagot: *Lea Salonga*)
5. Sila ang unang peryodistang *Filipino-American* na nanalo ng *Pulitzer Prize* sa *Beat Reporting* at *Team Investigation Reporting*. Ang premyong





ito ay binibigay sa mga kinikilala at pinakamahuhusay sa larangan ng pagsusulat sa Estados Unidos. (sagot: Alex Tizon at Byron Acohido)



## MUNGKAHING BANGHAY ARALIN

### I. Layunin

#### A. Panlahat

Naipagkakapuri ang mga taong nagpapamalas ng katangi-tanging pagmamahal sa bansa at sa pandaigdigang mithiin

#### B. Tiyak

1. Nailalarawan ang mga mabuti at di-mabuting katangian ng mga Pilipino
2. Napahahalagahan ang mga manggagawang Pilipinong nagpapamalas ng pagmamahal at pagdakila sa bansa at sa daigdig
3. Natatalakay ang kaibhan ng Pilipino sa dayuhan sa aspeto ng:
  - a. pag-uugali sa gawain
  - b. pakikipagkapwa
  - c. pagtingin sa bansang pinanggagalingan

### II. Paksa: Tayo ay Pilipino: Taas Noo sa Buong Mundo, Kahit Kanino

Sanggunian : Teksto ng Aralin;  
Kagamitan : Mga larawan ng natatanging Pilipino, mapa ng daigdig, pisara, tsok, papel, atbp.  
Takdang Panahon : 1 sesyon

### III. Pamamaraan

1. Alamin sa POEA Action Center na may telephone numbers 722-1144/55 kung lisensiyado ang ahensiya o kung ito ay kanselado o suspendido. Mag-apply lamang sa lisensiyadong ahensiya. Alamin din kung ito ay may lihitimong job order para matiyak na may naghihintay na trabaho sa ibang bansa.
2. Mag-apply lamang sa address ng ahensiya na nakasaad sa listahan ng licensed agencies.

## OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

3. Magbayad ng takdang halaga kung tapos nang pumirma ng kontrata.

**TANDAAN:** Huwag magbayad kung walang opisyal na resibo ang ahensiya.

4. Bago umalis patungong ibang bansa, tiyaking mayroong mga sumusunod na dokumento:

- Overseas Employment Certificate (OEC) na inisyu ng POEA
- Valid Passport
- Entry Visa o di kaya ay No Objection Certificate (NOC)
- Orihinal na kopya ng kontratang pinirmahan.

Mag-iwan ng kopya ng dokumento sa pinakamalapit na kamag-anak.

**TANDAAN:** Kailangan dumaan muna sa Labor Assistance Center (LAC) sa Ninoy Aquino International Airport bago sumakay ng eroplano ang new hire. Hindi papayagang makaalis ang isang new hire na contract worker kung hindi dadaan sa LAC.

5. Kung kayo ay hindi makaaalis sa loob ng apat na buwan pagkatapos pumirma ng kontrata mag-report agad sa Legal Assistance Division ng POEA.

### □ Name Hire

Ang manggagawa ay maaaring makapagtrabaho sa ibang bansa nang hindi dudulog sa isang recruitment agency. Siya ay tinatawag na Name Hire pero kailangang maproseso ang kanyang papeles sa pamamagitan ng Name Hire Processing Unit (NHPU), Government Placement Branch (GPB) ng POEA.

Mga kailangang dokumento:

- Employment contract na may lagda ng employer at ng manggagawa at kailangang authenticated ng Philippine Embassy para sa mga household workers.
- Work permit, Visa o Visa Certificate o di kaya ay no objection certificate (NOC) na inisyu ng bansang patutunguhan.
- Tiket sa eroplano o airline booking certificate.
- Valid contract worker passport.
- Dalawang 2 X 2 photos. Paraan ng pag-a-apply

Isumite ang orihinal na kopya at photocopy ng mga dokumento sa NHPU, Government Placement Branch ng POEA, Ground Floor. (Maiiwan sa POEA ang photocopy ng mga papeles.) Ang susunod na gagawin ay ipaalam sa aplikante ng POEA Evaluator.

Dapat dumaan ang NAME HIRE sa mga sumusunod na hakbang:

1. Pagsusuring pangkalusugan sa isang pagamutan o klinika na kinikilala ng POEA (accredited clinics of POEA). Ang pagsusuring pangkalusugan ay ayon sa bansang pupuntahan o employer/principal ng OFW.

Ang manggagawang patungo sa bansa ng Middle East ay kailangang dumaan sa AIDS Test, Hepa B at VDRL. Ang mga babae ay kailangang dumaan sa pregnancy test.

Kailangan ding makapasa ang lahat ng OFW sa psychological exam bago pahintulutan na makapunta sa ibang bansa. Ang resulta ng medical at psychological exam ay may bisa lamang ng tatlong buwan.

2. Pre-departure Orientation Seminar (PDOS). Ang pag-attend ng pre-departure orientation seminar ay mandatory sa lahat ng OFW dahil dito malalaman ang kumpletong impormasyon tungkol sa bansang pupuntahan.

Ang schedule ng PDOS ay ibinibigay ng NHPU evaluator. Ito ay nakasaad sa referral slip. Ang lahat ng manggagawang naka-schedule ay dapat magpatala sa PDOS Room, 2nd Floor, POEA. Pagkatapos ng seminar, ang manggagawa ay tatanggap ng PDOS certificate.

**TANDAAN:** Para sa mga manggagawa tulad ng household worker, performing artist o fishworkers, tanging POEA lamang at mga accredited na Non-Government Organizations (NGOs) ang maaaring magbigay ng PDOS.



## OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

3. Kung nakapagbayad na ang POEA processing fee at welfare fund contribution sa GPB evaluator ang sumusunod na papeles ang ibibigay:

- Overseas Employment Certificates (OEC)
- Orihinal na kopya ng kontrata na dumaan sa POEA at iba pang dokumento.

### MAHALAGA:

Ang babayaranang halaga ay nakasaad sa RA 8042 at ito ay hindi maaaring itaas at ang employer ang siyang magbabayad nito.

**US \$100 - POEA Processing Fee**  
**US \$ 25 - OWWA Welfare Fund Contribution**

---

**US \$125 - Kabuuang Halaga**

### Mga papeles na dapat dalhin sa Airport:

- Kontrata
- Overseas Employment Certificate
- Passport with stamped visa
- POEA-PDOS Certificate
- Vaccination card ng Saudi-bound workers
- Plane ticket

**TANDAAN:** Walang babayaran na terminal fee ang isang OFW sa airport. Ipakita lamang ang lahat ng dokumento sa Labor Assistance Center (LAC) bago pumunta sa airline check-in counter.

### Government Hire

Ang Government Hiring ay isinasagawa ng POEA sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa pamahalaan ng ibang bansa na nangangailangan ng dayuhang manggagawa.

Karamihan sa mga ito ay medical, professional at iba pang skilled workers.

1. Pinipili ng employer ang manggagawa mula sa manpower pool ng POEA Manpower Registry Division. Para makapagrehistro, kailangan ang mga sumusunod na dokumento:
  - 1.1. Self-made bio-data with detailed job description (typewritten).
  - 1.2. Dalawang 2 X 2 photos o anim na 2 X 2 photos para sa MHO, SRO applicants
  - 1.3. Sertipiko ng pagtatrabaho na hindi kukulangin sa dalawang taon.
  - 1.4. High School/college/vocational records (transcript or diploma)
  - 1.5. Sertipiko ng pagsasanay (if available)
  - 1.6. Birth Certificate
  - 1.7. Marriage contract para sa babaeng may asawa
  - 1.8. OMA certificate para sa Muslim applicants

### Para sa mga professional workers at nurses

- 1.11. Updated PRC card
- 1.10 3.5 X 5 (half body) colored picture sa likod, lagyan ng (typewritten):
  - pangalan
  - tirahan
  - kapanganakan
  - height/weight
- 1.11. Post card size colored picture

Isumite ang nabanggit na dokumento sa Manpower Registry Division, Ground Floor, POEA Bldg., (Lunes hanggang Huwebes – 8 ng umaga hanggang 3 ng hapon). Lahat ng dokumento ay dapat nakalagay sa long size cream folder. Photocopy lamang ang isumite. Ang sino mang mapili ay makakatanggap ng telegrama mula sa POEA na magsasaad kung kailan dapat magreport sa POEA.

## OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

2. Ang mga napiling aplikante ay bibigyan ng medical referral slip at ng pre-departure orientation seminar referral slip. Isang passport size picture ang kailangang ibigay sa FPB account officer para sa medical referral slip. Hindi na kailangang magseminar ang mga dati ng OFW.

Ang certificate of PDOS attendance ay ibibigay pagkatapos ng six-hour orientation seminar. Ang medical result naman ay ibinibigay ng klinika sa POEA pagkatapos ng tatlong araw.

3. Kung pumasa sa medical examination, kailangan magsumite ng mga sumusunod:

- Employment contract na may lagda ng employer at OFW
- Passport
- Dalawang kopya ng info sheet
- NBI Clearance
- PDOS certificate
- POEA registration card

4. Para sa madaling pag-alis kailangang ihanda ang mga sumusunod na dokumento.

- High School diploma, transcript of records na pinagtibayan ng DECS at Malacanang
- Trade/Technical Certificate na pinagtibayan ng Embassy ng banyagang bansa na kukuha sa manggagawa.
- PRC ID, board rating certificate na pinagtibayan ng PRC, Malacanang, at Embahada ng bansang kukuha ng manggagawa.
- Birth Certificate na galing sa Bureau of Census, pinatibayan ng Malacanang at Embahada ng bansang kukuha ng manggagawa.
- Marriage contract na pinagtibayan ng City or Municipal Court.

5. Ang employer ang siyang nagpapadala ng airline ticket sa pamamagitan ng PTA (pre-paid Ticket Advice) sa POEA. Hanggang wala ito ang working visa ng OFW ay hindi ibibigay ng Embassy. Ang POEA-GPB ang siyang nag-aasikaso ng ticketing at pagproseso ng VISA. Ang Visa fee ay maaaring bayaran ng employer o ng worker.

**TANDAAN: Kung ang aplikante ay hindi nakapasa sa medical examination, siya ay hindi papayagan ng POEA na magtrabaho sa ibang bansa.**

6. Pagkatapos ng final briefing na isasagawa ng POEA Account Officer ibibigay ng OFW ang mga sumusunod:

- Passport na may Working Visa
- Plane ticket
- Employment contract stamped by POEA
- Overseas employment certificate
- OFW ID
- Medical result at iba pang dokumento

### Bago umalis kailangang:

- Magpabakuna at dalhin ang vaccination card na bigay ng Bureau of Quarantine
- Magdala ng US\$50 hanggang US\$100 para sa pocket money
- Ang babae na pupunta sa Middle East ay kailangang magdala ng Abaya o belo.

### □ Performing Artist

Ang entertainer o ang overseas performing artist (OPAs) ay isa sa pinaka-vulnerable na uri ng manggagawa.

Ang bagong alintuntunin at programa na nagsimula noong 1991 ay nagbibigay diin sa kapakanan at proteksiyon ng performing artist. Ito ay pinangunahan sa pagtatalaga ng edad na 23 taong gulang para sa babaeng OPA at ang pagbabayad ng employer ng karagdagang cash bond na US \$20,000 para sa legal at valid claims ng OPAs.

Nuong July 8, 1996 nagdaos ng concensus meeting ang Secretary of Labor na dinaluhan ng iba't-ibang sektor ng industriya kasama ang mga non-government organizations (NGOs) at iba pang government agencies. Dito ibinaba and deployment age sa 21 at kung sa loob ng anim na buwan ay makapagpapatayo ng welfare centers sa strategic places ay ibaba sa 18 taong gulang and deployment age.

## OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

Napabilang sa performing artist ang singer, dancer, musician o isang bonafide performer na napatunayan na may kakayahan sa academic o skills training.

Ayon sa bagong sistema, kailangan na dumaan sa pagsasanay, pagsusulit at sertipikasyon ang isang performing artist bago siya maging karapat-dapat na magtrabaho sa ibang bansa na ipinagtibay ng Department Order No. 3 at 3A, Series of 1994 na tinatawag na ARB system upang mapaganda at ma-professionalize and overseas employment industry. Ito ay sa pamamagitan ng kakayahan at masusing pagpili ng manggagawa.

Ang pagsasanay sa kakayahan at kaalaman ng performing artist ay ginagawa sa loob ng 90 days sa mga POEA accredited testing centers. Ang 30 days para sa value formation, household management, personal hygiene at ang patakaran ng pagpapadala ng Filipinong manggagawa sa ibang bansa ng mga lisensiyadong ahensiya at ang 60 days ay itinalaga sa pagsasanay sa nakatagong kakayahan sa pamamagitan ng mga professional trainers.

Sa pagtatapos ng pagsasanay ang performing artist ay dapat dumaan sa academic at skills testing upang makakuha ng certificate of competency na ibinigay ng Technical Education at Skills Development Authority (TESDA) na kilala noon bilang National Manpower and Youth Council (NMYC). Ito rin ang batayan sa pagbibigay ng Artist Record Book o ARB.

### Mga kailangang dokumento upang makapagtrabaho sa ibang bansa:

- Valid Artist Record Book
- Passport
- Employment Contract
- Plane Ticket
- Certificate of Eligibility
- Overseas Employment Certificate

### Ang Artist Record Book

Ang Artist Record Book o ARB ay dokumentong nagpapatunay na ang performing artist ay may kakayahang magtrabaho sa ibang bansa. Ito ay nagtataglay ng impormasyon tungkol sa nagmamay-ari nito katulad ng pangalan, kapanganakan, thumb mark, kulay ng mata, taas, bigat, kanyang kakayahan, larawan ng artist at ang talaan ng kanyang training, academic at skills tests, pagtatrabaho sa ibang bansa at ang kanyang ahensiya, remittance at iba pang impormasyon.

Ang ARB ay ibinibigay pagkatapos na makapasa sa skills at academic requirements at mabigyan ng Certificate of Competency. Hindi makapagtrabaho sa ibang bansa ang performing artist ng wala ito.

Ang POEA ang siyang nagbibigay ng ARB pagkatapos makapasa sa pagsusuring isinasagawa ng TESDA. Ibinibigay ito sa halip ng PECC at ACC cards at ng PPC cards.

Ito ay may validity period na tatlong taon at ang may-ari nito ay dapat sumunod sa mga batas at alituntunin ng overseas employment.

### Mga hakbang sa pagkuha ng Artist Record Book

- Ang TESDA ang siyang nagbibigay ng Performing Artists Information Sheet na pinatunayan na tama at wasto ng artist mismo at ng kanyang training center.
- Kailangang ipakita ng lisensiyadong ahensiya na magdedeploy sa performing artist ang orihinal na certificate of competency at ang booking confirmation (interim requirement) sa POEA.
- Kailangang magbayad ng P300.00 para sa Artist Record Book.
- Pagkatapos makumpleto ang lahat ng dokumento at makabayad na ng kaukulang halaga lalagdaan at lalagyan ng thumb mark (kaliwa at kanan) ng artist ang ARB.
- Ipaaalam ang notice of ARB issuance sa performing artist kung saan nakalagay ang ARB no. ng artist.
- Ang Employment Branch na rin ang magbibigay ng ARB at booking confirmation sa Employment Contract Processing Branch pagkatapos maipakita ang approved recruitment order, katibayan na ang employment contract, certificate of eligibility at ang request for processing ay nasa Employment Contract Processing Branch ng POEA.
- Ang POEA ang siyang magbibigay periodically ng mga listahan ng performing artist na nabigyan na ng Artist Record Book.

# OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

## Ang kahalagahan ng Artist Record Book

1. Ang tanging may hawak lamang ng valid Artist Record Book ang siyang papayagang makapagtrabaho sa ibang bansa at ito ay pangunahing kinakailangan sa pagpoproseso ng kontrata sa paggawa ng isang lehitimong performing artist at para na rin sa pre-departure showcase preview, exit clearances sa airport at iba pang exit points.
2. Magiging valid lamang ang ARB ng isang artist na lumipat ng management entity pagkatapos na magsumite ito ng clearance galing sa training center o licensed recruitment agency na siyang nagsumite sa kanyang application para sa ARB. Ang clearance ay kailangang maibigay ng hindi lalampas sa 30 na araw.

## Mga sanhi ng kanselasyon ng Artist Record Book

- Falsification ng mga dokumento o maling statements tungkol sa aplikasyon para sa ARB.
- Pagkakaroon ng pangalawang ARB na hindi ibinabalik ang naunang ARB.
- Paggamit ng ARB na labag sa batas at alintuntunin ng overseas employment.
- Tampering ng ARB.

Ang lahat ng napatunayang nagkamali na naging sanhi ng pagkansela ay maaaring mapabilang sa mga watchlisted at blacklisted at maaaring mapatawan ng kaukulang kaparusahan.

## □ Seabased Workers

Mga kailangang dokumento para makakuha ng seaman's registration card (SRC) na isa sa mahalagang dokumento sa paghahanap ng trabaho:

1. Valid Seafarer's Identification and Record Book (SIRB)
2. Orihinal na diploma para sa high school/college/basic seaman course graduate
3. C.A.V. (Certificate of Authentication and Verification) galing sa DECS o completion certificate for graduates of the Philippine Merchant Marine Academy (PMMA) at exemption certificate ng DECS para sa graduates ng government maritime schools/centers
4. 168 hour on-the-job-training (OJT) certificate para sa graduates ng basic seaman course
5. Original Basic Safety Courses Certificate
6. 2 pcs. 1 X 1 photos

## Para sa Inter-Island fishing/domestic vessel experience: sea service certificate suportado ng mga sumusunod:

1. Valid Seafarer's Identification and Record Book (SIRB)
2. Certificate of sea service
3. Valid crew list galing sa Bureau of Customs Clearance Office o
  - SSS premium
  - Copy of formalized shipping articles
  - BFAR clearance for fishermen
4. 2 pcs. 1 X 1 photos

## Para sa ex-Philippine navy personnel

1. Valid SIRB
2. Discharge Order
3. Statement of sea duty
4. Statement of service

## Para sa lisensiyadong opisyal

1. Valid SIRB
2. Valid PRC ID license
3. ROC/RSC sa mga deck officials (original copy)
4. 1st Class Radio Telegraphy certificate nanggaling sa NTC para sa radio operators, IMARSAT & GMDSS certificates
5. Original Basic Safety Courses Certificates para sa new registrants
6. 2 pcs. 1 X 1 photos

# OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

## Para sa C3

1. Routing slip galing sa Seafarers Accreditation Division
2. Employment contract at information sheet
3. Medical Certificate of fitness
4. Guarantee undertaking with related employment certificate o related training certificate
5. Valid SIRB
6. Original Basic Safety Course Certificate
7. 2 1 X 1 photos

## Paraan ng pag-aapply ng SRC

1. Magrehistro muna. Magtungo ng personal sa POEA Manpower Registry Division upang ipakita at maibigay ang kinakailangang dokumento.
2. Kung kumpleto na ang mga dokumento, kayo ay bibigyan ng seafarer information sheet na inyong sasagutin.
3. Isauli ang info sheet sa processor matapos maitala ang tamang impormasyon kalakip ang resibo ng kabayaran (P50) upang makakuha ng Seafarers Registration Card (SRC).
4. Kung wala ang inyong pangalan sa listahan ng mga watchlisted seafarers, ihahanda ng processor ang Seafarers Registration Card (SRC).

**TANDAAN:** Sa mga aplikanteng may hawak ng Employment Contract kailangang ibigay kaagad ang nakuhang SRC sa Seabased Processing Division upang mabigyan ng kaukulang aksiyon ang kontrata. Sa mga nawalang SRC, magbayad ng P150.00 para makakuha ng panibago.

## Paraan ng Pag-aapply:

May dalawang pamamaraan kung paano makakahanap ng trabaho ang isang seabased worker sa ibang bansa:

- Sa pamamagitan ng licensed manning at shipping agencies
- Sa pamamagitan ng name hiring

## Mga kailangang dokumento ng isang namehire

- Employment Contract
- Seaman Service Record Book
- Pasaporte (optional)
- SRC
- Plane Ticket
- Vessel Particulars

Isumite sa Seabased Processing Division, 2nd Floor, POEA Building ang mga sumusunod na dokumento upang mabigyan ng Overseas Employment Certificate (OEC). Ang OEC ang magsisilbing travel exit pass at tax exemption certificate.

Para sa mga aplikante ng recruitment agencies, mayroong liaison officers na siyang mag-aasikaso ng mga papeles ng mga seabased workers.

**TANDAAN:** Magpatatak ng mga dokumento sa Labor Assistance Center (LAC) sa International Airport. Hindi makakaalis kung ang passport at OEC ay hindi dumaan sa LAC.

## Balik-Manggagawa (BM)

### Mga kailangang dokumento:

- Pasaporte na may valid entry visa o kaya ay work permit, soggiorno at iba pang katumbas nito.
- Valid employment contract o katanayan ng pagiging manggagawa sa ibang bansa (optional).

### Paraan ng pag-aapply:

1. Ipakita sa BM Form Issuance Counter ang mga dokumentong nabanggit upang mabigyan ng libreng BM Information Sheet.
2. Sagutin ang BM info sheet/Medicare Application Form at ibalik ito kasama ng iba pang mga papeles na hinihingi sa Evaluation Counter.

## OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

3. Magbayad ng BM processing fee sa POEA Collecting Officer sa itinakdang counter. Hingin ang resibo.
4. Para sa undocumented BM, magbayad ng welfare fund contribution sa itinakdang counter at kunin ang resibo mula sa OWWA Collecting Officer.
5. Magbayad ng Medicare fee sa OWWA-Medicare Collecting Officer sa itinakdang counter. Hingin ang official receipt (OR) o resibo bilang katibayan ng pagbabayad. Ipakita ang nasabing katibayan (certification) sa itinakdang counter upang mapagkalooban ng "exemption" sa pagbabayad ng Medicare fee.
6. Hintaying tawagin ang pangalan sa Releasing Counter at kunin ang Overseas Employment Certificate, Medicare Eligibility Certificate (MEC), passport, plane ticket at iba pang papeles na kalakip nito.

❖ **Undocumented BM – Umalis ng Pilipinas ng hindi dumaaan sa POEA processing tulad ng turista, negosyante o mangangalakal, manggagawang pumasok ng ibang bansa sa illegal na paraan, dependent ng OFW at estudyante na nagkaroon ng pagkakataong makapagtrabaho at bumalik na may lehitimong employment contract; mga seaman na magtatrabaho bilang landbased workers.**

### Mga dapat bayaran ng Balik-Manggagawa:

Magbayad sa itinakdang counters ng mga sumusunod:

P100	-	POEA Processing Fee
P900	-	OWWA-Medicare Fee
P625	-	OWWA Contribution para sa mga undocumented contract workers at nagsipagbago ng employer.

## IWASAN: ILLEGAL RECRUITMENT

**Ang illegal recruitment ay labag sa batas.** Ito ay gawain ng mga walang lisensiya at walang pahintulot na makapag-canvas, makapangalap o makapangontrata ng mga manggagawa para sa ibang bansa.

Kabilang dito ang pagbibigay ng referral o pagbabayad sa serbisyo, pagpapaanunsiyo ng mga trabahong panlokal at pang-ibayong dagat, maging ito'y pagkakakitaan o hindi.

Ang kaso ng illegal recruitment ay maaaring isampa sa Regional Trial Court.

### Kaparusahan:

Ang sinumang tao na mapatunayan ng hukuman na nagkasala ay mapaparusahan ng pagkabilanggo ng anim (6) na taon at isang araw ngunit hindi hihigit sa labindalawang (12) taon at pagbabayad ng hindi kukulangin sa dalawang daang libong piso (P200,000.00) o hihigit sa limang daang libong piso (P500,000.00)

Ang pagkabilanggo ng habang buhay at pagbabayad ng limang daang libong piso (P500,000.00) o mahigit sa isang milyong piso ay ipapataw sa sindikato o kaya sa mga taong gumagawa ng illegal na pangangalap lalo na king ang kanilang na-recruit ay menor de edad na hindi umabot sa labing walong taong gulang at walang lisensiya o pahintulot na mag-recruit.

Ipinagbabawal sa mga kasapi o empleyado at kamag-anak hanggang sa 4th degree ng alinmang sangay ng pamahalaan na namamahala ng overseas employment na makasapi o makianib sa pagpapadala ng manggagawa sa ibang bansa.

### Money Claims

Ang Labor Arbiters ng National Labor Relations Commission (NLRC) ang siyang may eksklusibong karapatan na magdinig at magdesisyon sa loob ng labing siyam (19) na araw pagkatapos maisampa ang kaso sa hukuma at pagbibigay ng karampatang halaga sa taong nalinlang ng illegal recruiter kasama rin ang moral exemplary at iba pang paraan ng kapansanan.

## OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

### Mga pamamaraan ng illegal recruitment

- Sa pamamagitan ng lisensiyadong ahensiya o taong may pahintulot na makapangalap ngunit kanselado, suspendido o natapos na ang taning sa pangangalap.
- Sa pamamagitan ng mga sentro ng sanayan at kompanya ng promotion. Hihingan ng bayad ang nagsasanay na umaasang mabibigyan ng employer para sa ibang bansa. Palilitawin na ang pagsasanay ay kailangang-kailangan para sa trabahong inaaplayan.
- Sa pamamagitan ng pagpapaanunsiyo sa peryodiko. Hinihikayat ang aplikante na ipadala ang sagot sa P.O. Box, kalakip ang salapi para umano sa pagpoproseso ng papeles. Kung makakaalis man ang manggagawa, ito ay bilang turista, kaya mahirap mabigyan ng proteksiyon at di tiyak na makapagtatrabaho. Kung makatagpo man ng trabaho ay malamang na mauwi sa exploitation o pagsasamantala.

Mga dapat gawin upang di mabiktima:

- Alamin kung lisensiyado ang ahensiyang nagre-recruit. Kumuha ng kopya ng list of licensed agencies na ipinalalathala sa piling diyaryo at ipinamimigay ng POEA ng libre o sa pinakamalapit na opisina ng DOLE sa inyong pook.
- Alamin sa POEA Action Center kung may lehitimong job order ang ahensiya.
- Huwag magbayad ng recruitment fee na hihigit sa P5,000. Huwag din magbayad ng kahit anong halaga kung walang opisyal na resibo. Binabayaran lang ang ahensiya kung may employment contract na ang aplikante at nakalagda na sa kontrata.
- Huwag tumanggap ng tourist visa sa ahensiya. Working visa ang kailangan ng OFW.
- Iwasan ang fixers. Makipagtransaksyon lamang sa mga awtorisadong representative ng POEA. Huwag padadala sa mga taong nangangakong may magagawa para sa mas madali at maagang pagpapaalis ng contract worker.
- Ipaalam sa POEA o sa pulis ang anumang iregular na aktibidad ng pangangalap at pagpapaalis ng manggagawa.

Mga dapat gawin kung mabiktima:

- Magsadya sa pinakamalapit na himpilan ng pulisya o sa POEA o sa Regional Office ng DOLE o sa NBI PC-CIS o kaya ay tuwirang maghabla sa tanggapan ng Piskalya.
- Kapag napatunayan na naganap nga ang illegal na pangangalap ng manggagawa, isasampa ang kaso sa korte upang sumailalim sa paglilitis.

### Mga maitutulong ng POEA sa biktima

- Mapapayuhan ng Anti-Illegal Recruitment Branch (AIRB) ng POEA ang mga biktima ng illegal recruitment kung papaano haharapin ang kanilang suliranin.  
Kung may katibayan labag sa batas ang pangangalap na isinasagawa sa pakikisabwatan ng lisensiyadong ahensiya, ang POEA ay magsasampa ng kasong administratibo laban sa nasabing ahensiya.  
Kung ang kaso ay kagagawan mismo ng illegal recruiter, ang biktima ay tutulungan ng Legal Assistance Division ng AIRB upang siya'y pormal na makapagreklamo laban sa illegal recruiter.
- Nagbibigay rin ng libreng abogado ang AIRB sa mga biktima ng illegal recruiter para makatulong at maging gabay ng biktima sa imbestigasyon sa piskalya (preliminary investigation) at maging sa paglilitis ng kaso sa hukuman (trial proper). Kung kailangan, ang opisina ng recruiter ag agad ipasasara ng Operation and Surveillance Division (OSD) upang kaagad mahinto ang illegal na pangangalap.
- Sisikapin ng OSD na maisara ang illegal na ahensiya. Sa bisa ng Artikulo 38 ng Kodigo ng Paggawa, ang OSD ay binigyan ng police power. Kung may sapat na batayan, ang illegal recruiter ay maaaring arestuhin ng tauhan ng OSD at pulisya o kaya ay anyayahan sa POEA upang harapin ang mga biktima. Ang pagsasampa ng kaso sa Piskalya ay ginagawa ng Prosecution Division.
- Kung naisampa na ang kaso sa Piskalya at kung ang biktima ay nakatanggap ng subpoena, ipaalam lamang sa mga abogado ng Prosecution Division kung kailan itinakda ang pakikipagharap sa Piskalya (preliminary investigation) nang sa ganoon ay mabigyan ng kaukulang tulong o assistance.
- Dapat matibay ang loob ng biktima upang maipaabot at maipabatid sa hukuman ang mga nangyari nang sa ganoon ay mapatawan ng karampatang parusa ang nasasakdal na illegal recruiter.

**TANDAAN:** Walang kasong nagtatagumpay kung walang matibay ang loob na maisampa ang kaso sa hukuman.

**Paano matutunagan ang illegal recruiter:**

- Ang illegal recruiter ay hindi makapagpapakita ng lehitimong lisensiya na nasa kanyang pangalan o dili kaya ng korporasyong kanyang kinabibilangan.

## OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

- Ang kanyang tanggapan ay matatagpuan sa pook na hindi kinikilala ng POEA o itinakda sa kanyang lisensiya.
- Kahit ipinangalandakan niya na siya ay ahente ng isang lisensiyadong kompanya, ang kanyang Special Power of Attorney ay hindi kinikilala o aprubado ng POEA.
- Maipangangalandakan niyang siya ay nangangalap sa pamamagitan ng "direct hire" na di nangangailangan ng lisensiya ng POEA. Hindi rin dapat magtiwala sa ganito sapagkat ang pangangalap sa paraang "direct hire" ay ipinagbabawal ng batas at hindi magkakabisa nang hindi magdaraan sa lisensiyadong ahensiya o sa POEA.
- Siya ay nangangalap ng mga aplikante na ang gagamiting pamamaraan ay ang apat na nabanggit sa itaas.

### MGA OBLIGASYON, KARAPATAN AT BENEPISYO NG MANGGAGAWA:

**Ang paghahanap buhay ay isang responsibilidad sa pamilya,** sa sarili at sa bayan. Ang responsibilidad na ito ay mas mabigat kung sa ibang bansa magtatrabaho. Kasama sa pagtupad ng mga obligasyon ang pagsunod sa batas ng bansang tinitigilan at ang pakikisama sa mga taong naiiba ang kultura kaysa atin. Higit pa rito, dala-dala ng manggagawa ang pangalan ng ating bansa na dapat ingatan at itaguyod.

Kasabay ng mga obligasyon at responsibilidad ay ang pangangalaga sa karapatan. Alamin at isagawa ang mga ito!

#### Obligasyon:

- Gampanan ang trabahong kinakailangan ayon sa isinasaad ng kontrata, batas o pampublikong moral sa ilalim ng pangangasiwa at direksiyon ng employer at ayon sa kanyang bilin.
- Ibalik sa employer ang mga hindi nagamit na materyales at pangangalagaan nang husto ang ginamit na makina at kasangkapan.
- Pairalin sa lahat ng sandali ang mabuting ugali at asal.
- Huwag ulit-ulitin ang trabahong matagal nang tapos. Huwag ding maglagay ng labor saving devices nang walang pahintulot ng employer. Ito ay maaaring maging sanhi ng pagpapatalsik.
- Ipagkaloob ang tulong nang walang hinihinging kapalit o dagdag na bayad kung may malaking sakuna at panganib na nagbabanta sa kaligtasan ng pinagtatrabahuhang lugar o ng mga taong nagtatrabaho roon.
- Pumayag sa hiling ng employer na magpa-medical examination bago o habang nagtatrabaho para masiguro na walang kapansanang kaugnay ng trabaho (occupational disease), nakakahawa o walang lunas na karamdaman.
- Pangalagaan ang mga sekretong teknikal o komersiyal ng produkto. Pangalagaan ang lahat ng trade secrets kaugnay ng trabaho sapagkat kung kakalat ay makakapinsala sa interes ng employer.

#### Responsibilidad

Sumunod sa terms at conditions ng employment contract, kumilos nang mabuti ayon sa tradisyon ng isang Pilipino, sundin at igalang ang batas, kostumbre, tradisyon at kaugalian ng bansang pagtatrabahuhan.

##### ➤ Sa pamilya

- Siguraduhing mabigyan ng karampatang pinansiyal at moral na suporta ang pamilya sa Pilipinas.
- Ipadama ang pagmamahal sa pamamagitan ng madalas na komunikasyon.

##### ➤ Sa kapwa OFW

- Tumulong at makisama sa ibang OFW sa pinagtatrabahuhan.
- Huwag manira ng kasama para lamang makuha ang kanyang posisyon o katungkulan.
- Huwag magtago ng impormasyon o kaalaman na makapagpapahamak sa kasamang manggagawa.

##### ➤ Sa bansa

- Ipamalas ang kagalingan ng bansa at maging handa na ipagtanggol ito kung kinakailangan.
- Sundin ang mga batas at alintuntunin na itinalaga ng gobyerno.
- Protektahan ang kabutihan ng Pilipino at huwag gagawa ng makakasira sa katauhan ng Pilipino sa ibang bansa.

##### ➤ Sa ahensiya at employer

- Ibigay ang karapatdapat na sagot tungkol sa kakayahan, karanasan at iba pang kwalipikasyon.
- Unawain ang nakasaad sa kontrata bago ito pirmahan at sunding mabuti ang mga nakatala rito.
- Sikaping maabot ang mataas na level ng productivity at sundin ang batas at mga alituntunin ng kumpanya.

##### ➤ Sa bansang pinagtatrabahuhan

- Pag-aralang mabuti ang kaugalian at tradisyon ng bansang pupuntahan at pilinging masunod ito.
- Igalang at sundin ang batas ng bansang pupuntahan.



# OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

## Disiplina

Ang mga sumusunod na paglabag ay may kaukulang parusa na hindi lamang sa bansang pinagtatrabahuhan at sa bansang Pilipinas kundi maging sa POEA.

- Felony na maaaring parusahan ng Philippine Laws o ng host country
- Drug addiction o posesyon o trafficking ng ipinagbabawal na gamot
- Abandonment o pag-iwan ng pamilya
- Pagsusugal (lalo na sa ibang bansa ipinagbabawal ito)
- Paglalasing (lalo na sa bansang ipinagbabawal ang nakalalasing na inumin)
- Pamumuno o pagsali sa mutiny (para sa mga seamen) o paghihikayat sa mga manggagawa na sumali sa welga o work stoppage sa bansang ipinagbabawal ito
- Smuggling o paglabag sa customs regulations ng Pilipinas o host country
- Pamumuno ng gulo sa lugar na pinagtatrabahuhan
- Paglustay sa pondo ng kumpanya o sa pera na pag-aari ng kapwa manggagawa na ipinagbilin para sa kamag-anak sa Pilipinas
- Pagnanakaw
- Prostitusyon
- Vandalism o pagsira ng ari-arian ng kumpanya
- Posesyon ng nakamamatay na sandata

## Kaukulang parusa ng POEA

- Babala o warning
- Pagbabayad ng halaga ng repatriation
- Suspension o permanent disqualification sa overseas employment

## Karapatan

Karapatan ng bawat employer at manggagawa ang malaman lahat ang nilalaman ng Batas sa Paggawa upang malaman niya ang kanyang kinatatayuan at maimulat siya sa kanyang mga karapatan at obligasyon.

### 1. Kontrata

Ang kontrata ay kasunduan sa pagitan ng employer at manggagawa. Dito ay sumasang-ayon ang huli na maglingkod sa kanyang employer sa itinakdang panahon.

- Isinasaad sa kontrata ang panahong saklaw ng probasyon ng isang manggagawa. Kapag hindi siya isinailalim sa probasyon ibibilang na sa regular na manggagawa.
- Kung ipagpapatuloy ang tinapos na kontrata, ituturing na nagkaroon ng panibagong kasunduan na may itinakdang panahon.
- Kung walang takdang panahon ang kontrata, maaaring tapusin ng sinuman sa employer o manggagawa nang 30 araw bago matapos ang kontrata. Sa iba, dapat magpaalam ng 15 araw bago matapos ang kontrata.
- Kung mamamatay ang employer ay patuloy ang bisa ng kontrata. Subalit kung ang OFW ang mamamatay ito ay mawawalan ng bisa ganun din kung siya ay ma-disable, kung dapuan ng karamdaman na magiging sanhi ng kanyang malimit na pagliban sa trabaho ng di kukulangin sa 90 na araw, o dili kaya ay di higit sa 120 araw sa isang taon.
- Ang kontrata ay hinid maaaring kanselahin o mapawalang bisa ng employer ng walang paunang sabi sa manggagawa. Kailangang bigyan ng indemnity o bayad o di kaya ay termination award ang manggagawa. Kung may pagtutol ang manggagawa kailangang bigyan siya ng pagkakataon upang sabihin ang kanyang mga dahilan sa pagtutol sa pagkansela.

### 2. Sahod, indemnities, atbp.

- Kapag ang kontrata ay kinansela ng walang sapat na dahilan, ang naapektuhan ay pagkakalooban ng kabayaran o indemnities.
- Walang ibabawas sa sahod ng manggagawa liban sa
- Perang kinuha o hiramamin niya o anumang bagay na babayaran niya kung ito ay may nakasulat na pahintulot ng manggagawa
- Social insurance premiums mula sa manggagawa
- Multa sa paglabag sa mga alituntunin.

## OVERSEAS FILIPINO WORKERS HANDBOOK

- Maaaring atasan ang employer na ibalik na manggagawa ang perang di dapat awasin, o dili kaya ay bayaran ang manggagawa bukod sa sahod.

### 3. Pagtitiwalag (discharge)

- Hindi sapat na dahilan sa pagtanggap sa manggagawa ang pagtanggap nito na ilipat sa ibang lugar kung ito'y nagdudulot ng perwisyo sa manggagawa. Pag-utusan ang employer na ibalik ang manggagawa sa kanyang orihinal na pinagtatrabahuhan at bayaran ang atrasadong sahod mula sa kanyang pagkatiwalag hanggang sa pagbabalik sa kanya sa trabaho, at ituturing na tuloy-tuloy ang kanyang serbisyo.
- Sa kapakanan ng mga manggagawang malayo ang tirahan sa pinagtatrabahuhan, dapat maglaan ng pagkain ang employer tatlong beses sa isang araw.

### Benepisyo

Ayon sa minimum requirements na nakasaad sa Master Employment Contract ng POEA-DOLE, ang benepisyong dapat matanggap ng isang overseas worker ay:

- Benepisyo mula sa Workers' Compensation para sa sakit, kapansanan o pagkamatay na konektado sa trabaho, ayon sa batas ng Pilipinas o sa batas ng pinagtatrabahuhang bansa.
  - Proteksiyon sa mga war hazards sakaling mayroong mga digmaan sa bansang pinagtatrabahuhan.
  - Vacation pay na hindi kukulangin sa 15 araw bawat taong serbisyo o kaya'y ang katumbas ng halaga nito; at
  - Sick leave pay na hindi kukulangin sa 15 araw bawat taong serbisyo o kaya'y ang katumbas na halaga rito.
  - Pagbabalik ng bangkay sa Pilipinas kung ang OFW ay masawi habang nagtatrabaho sa ibang bansa.
  - Libreng pamasahang papunta sa lugar na pagtatrabahuhan at pagbalik sa Pilipinas.
  - Libreng tirahan at sapat na pagkain o food allowance.
  - Overtime pay para sa serbisyong higit sa takdang oras ng trabaho bawat araw.
- ❖ Ang detalye ng mga benepisyo ay nakasaad sa Standard Employment Contract (SEC) para sa iba't-ibang uri ng manggagawa.

### Paano at saan makukuha

Ang mga benepisyong nakasaad sa unahan kasama ng suweldo ay kaagad makukuha sa lugar na pinagtatrabahuhan.

Mula sa Workers' Compensation, dalawang klase ang medical financial help o support at ang insurance benefits. Kapwa makukuha ang mga ito sa agency o dayuhang kumpanyang pinapasukan. Sa kanila dapat mag-file ang sinumang naghahabol ng benepisyo.

Mga kailangan sa pag-file:

- Medical certificates at records at report ng mga pangyayaring makapagbibigay linaw sa insidente (kung sakuna);
- Insurance policy sa Pilipinas at sa bansang pinagtatrabahuhan;
- Employment contract
- Mga sasaguting forms kaugnay ng mga ito (hingin ang mga kailangang forms sa agency o kompanyang pinapasukan).

## REPUBLIC ACT NO. 6955

***"An Act to Declare Unlawful the Practice of Matching Filipino Women for Marriage to Foreign Nationals on a Mail-Order Basis and Other Similar Practices, Including the Advertisement, Publication, Printing or Distribution of Brochures, Fliers, and Other Propaganda Materials in Furtherance Thereof, and Providing Penalty Therefor"***

Be it enacted by the Senate and House of Representatives of the Philippines in Congress assembled:

Section 1. It is the policy of the State to ensure and guarantee the enjoyment of the people of a decent standard of living. Towards this end, the State shall take measures to protect Filipino women from being exploited in utter disregard of human dignity in their pursuit of economic upliftment.

Section 2. Pursuant thereto, it is hereby declared unlawful:

- (a) For a person, natural or juridical, association, club or any other entity to commit, directly or indirectly, any of the following acts:
- (1) To establish or carry on a business which has for its purpose the matching of Filipino women for marriage to foreign nationals on a mail-order basis or through personal introduction;
  - (2) To advertise or publish, print or distribute or cause the advertisement, publication, printing or distribution of any brochure, flier or any propaganda material calculated to promote the prohibited acts in the preceding paragraph;
  - (3) To solicit, enlist, or in any manner attract or induce any Filipino woman to become a member in any club or association whose objective is to match women for marriage to foreign nationals either on a mail-order basis or through personal introduction for a fee;
  - (4) To use the postal service to promote the prohibited acts in sub-paragraph 1 hereof;
- (b) For the manager, officer-in-charge, or advertising manager of any newspaper, magazine, television or radio station, or other media, or of an advertising agency, printing company or other similar entities, to knowingly allow, or consent to, the acts prohibited in the preceding paragraph.

Section 3. In case of violation of this Act by an association, club, partnership, corporation, or any other entity, the incumbent officers thereof who have knowingly participated in the violation of this Act shall be held liable.

Section 4. Any person found guilty by the court to have violated any of the acts herein prohibited shall suffer an imprisonment of not less than six years and one day but not more than eight years, and a fine of not less than eight thousand pesos (P8,000.00) but not more than twenty thousand pesos (P20,000.00): Provided, that the offender is a foreigner, he shall be immediately deported and banned forever from entering the country after serving his sentence and payment of fine.

Section 5. Nothing in this Act shall be interpreted as a restriction on the freedom of speech and association for purposes not contrary to law as guaranteed by the Constitution.

Section 6. All laws, decrees, orders, instructions, rules and regulations, or parts thereof inconsistent with this Act are hereby repealed or modified accordingly.

Section 7. This Act shall take effect upon its publication for two (2) consecutive weeks in a newspaper of general circulation.

Approved: June 30, 1990

**EXCERPTS FROM THE MIGRANT WORKERS  
AND OVERSEAS FILIPINOS ACT OF 1995  
(Republic Act. No. 8042 and its Implementing Rules and Regulations)**

**I. ILLEGAL RECRUITMENT**

SEC. 6. *Definition.* - For purposes of this Act, illegal recruitment shall mean any act of canvassing, enlisting, contracting, transporting, utilizing, hiring, or procuring workers and includes referring, contract services, promising or advertising for employment abroad, whether for profit or not, when undertaken by a non-licensee or non-holder of authority contemplated under Article 13 (f) of Presidential Decree No. 442, as amended, otherwise known as the Labor Code of the Philippines: *Provided,* That any such non-licensee or non-holder who, in any manner, offers or promises for a fee employment abroad to two or more persons shall be deemed so engaged. It shall likewise include the following acts, whether committed by any person, whether a non-licensee, non-holder, licensee or holder of authority:

- a) To charge or accept directly or indirectly any amount greater than that specified in the schedule of allowable fees prescribed by the Secretary of Labor and Employment, or to make a worker pay any amount greater than that actually received by him as a loan or advance;
- b) To furnish or publish any false notice or information or document in relation to recruitment or employment;
- c) To give any false notice, testimony, information or document or commit any act of misrepresentation for the purpose of securing a license or authority under the Labor Code;
- d) To induce or attempt to induce a worker already employed to quit his employment in order to offer him another unless the transfer is designed to liberate a worker from oppressive terms and conditions of employment;
- e) To influence or attempt to influence any person or entity not to employ any worker who has not applied for employment through his agency;
- f) To engage in the recruitment or placement of workers in jobs harmful to public health or morality or to the dignity of the Republic of the Philippines;
- g) To obstruct or attempt to obstruct inspection by the Secretary of Labor and Employment or by his duly authorized representative;
- h) To fail to submit reports on the status of employment, placement vacancies, remittance of foreign exchange earnings, separation from jobs, departures and such other matters or information as may be required by the Secretary of Labor and Employment;
- i) To substitute or alter to the prejudice of the worker, employment contracts approved and verified by the Department of Labor and Employment from the time of actual signing thereof by the parties up to and including the period of the expiration of the same without the approval of the Department of Labor and Employment;
- j) For an officer or agent of a recruitment or placement agency to become an officer or member of the Board of any corporation engaged in travel agency or to be engaged directly or indirectly in the management of a travel agency;
- k) To withhold or deny travel documents from applicant workers before departure for monetary or financial considerations other than those authorized under the Labor Code and its implementing rules and regulations;
- l) Failure to actually deploy without valid reasons as determined by the Department of Labor and Employment; and
- m) Failure to reimburse expenses incurred by the worker in connection with his documentation and processing for purposes of deployment, in cases where the deployment does not actually take place without the worker's fault. Illegal recruitment when committed by a syndicate or in large scale shall be considered an offense involving economic sabotage.

Illegal recruitment is deemed committed by a syndicate if carried out by a group of three (3) or more persons conspiring or confederating with one another. It is deemed committed in large scale if committed against three (3) or more persons individually or as a group.

The persons criminally liable for the above offenses are the principals, accomplices and accessories. In case of juridical persons, the officers having control, management or direction of their business shall be liable.

**SEC. 7. Penalties.**

- a) Any person found guilty of illegal recruitment shall suffer the penalty of imprisonment of not less than six (6) years and one (1) day but not more than twelve (12) years and a fine of not less than Two Hundred Thousand Pesos (P200,000.00) nor more than Five Hundred Thousand Pesos (P500,000.00).
- b) The penalty of life imprisonment and a fine of not less than Five Hundred Thousand Pesos (P500,000.00) nor more than One Million Pesos (P1,000,000.00) shall be imposed if illegal recruitment constitutes economic sabotage as defined herein.

*Provided, however,* That the maximum penalty shall be imposed if the person illegally recruited is less than eighteen (18) years of age or committed by a non-licensee or non-holder of authority.

SEC. 8. *Prohibition on Officials and Employees.* - It shall be unlawful for any official or employee of the Department of Labor and Employment, the Philippine Overseas Employment Administration (POEA), or the Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), or the Department of Foreign Affairs, or government agencies involved in the implementation of this Act, or their relatives within the fourth civil degree of consanguinity or affinity, to engage directly or indirectly, in the business of recruiting migrant workers as defined in this Act. The penalties provided in the immediate preceding paragraph shall be imposed upon them.

SEC. 9. *Venue* - A criminal action arising from illegal recruitment as defined herein shall be filed with the Regional Trial Court of the province or city where the offense was committed or where the offended party actually resides at the time of the commission of the offense: Provided, That the court where the criminal action is first filed shall acquire jurisdiction to the exclusion of other courts: Provided, however, That the aforesaid provisions shall also apply to those criminal actions that have already been filed in court at the effectivity of this Act.

Sec. 10. *Money Claims* - Notwithstanding any provision of law to the contrary, the Labor Arbiters of the National Labor Relations Commission (NLRC) shall have the original and exclusive jurisdiction to hear and decide, within ninety (90) calendar days after the filing of the complaint, the claims arising out of an employer-employee relationship or by virtue of any law or contract involving Filipino workers for overseas deployment including claims for actual, moral, exemplary and other forms of damages.

The liability of the principal/employer and the recruitment/placement agency for any and all claims under this section shall be joint and several. This provision shall be incorporated in the contract for overseas employment and shall be a condition precedent for its approval. The performance bond to be filed by recruitment/placement agency, as provided by law, shall be answerable for all money claims or damages that may be awarded to the workers. If the recruitment/placement agency is a juridical being, the corporate officers and directors and partners as the case may be, shall themselves be jointly and solidarily liable with the corporation or partnership for the aforesaid claims and damages.

Such liabilities shall continue during the entire period or duration of the employment contract and shall not be affected by any substitution, amendment or modification made locally or in a foreign country of the said contract.

Any compromise/amicable settlement or voluntary agreement on money claims inclusive of damages under this section shall be paid within four (4) months from the approval of the settlement by the appropriate authority.

In case of termination of overseas employment without just, valid or authorized cause as defined by law or contract, the workers shall be entitled to the full reimbursement of his placement fee with interest of twelve percent (12%) per annum, plus his salaries for the unexpired portion of his employment contract or for three (3) months for every year of the unexpired term, whichever is less.

Noncompliance with the mandatory periods for resolutions of cases provided under this section shall subject the responsible officials to any or all of the following penalties:

- a) The salary of any such official who fails to render his decision or resolution within the prescribed period shall be, or caused to be, withheld until the said official complies therewith;
- b) Suspension for not more than ninety (90) days; or
- c) Dismissal from the service with disqualification to hold any appointive public office for five (5) years.

*Provided, however,* That the penalties herein provided shall be without prejudice to any liability which any such official may have incurred under other existing laws or rules and regulations as a consequence of violating the provisions of this paragraph.

SEC. 11. *Mandatory Periods for Resolution of Illegal Recruitment Cases.* - The preliminary investigations of cases under this Act shall be terminated within a period of thirty (30) calendar days from the date of their filing. Where the preliminary investigation is conducted by a prosecution officer and a *prima facie* case is established, the corresponding information shall be filed in court within twenty-four (24) hours from the termination of the investigation. If the preliminary investigation is conducted by a judge and a *prima facie* case is found to exist, the corresponding information shall be filed by the proper prosecution officer within forty-eight (48) hours from the date of receipt of the records of the case.

SEC. 12. *Prescriptive Periods.* - Illegal recruitment cases under this Act shall prescribe in five (5) years: *Provided, however,* That illegal recruitment cases involving economic sabotage as defined herein shall prescribe in twenty (20) years.

SEC. 13. *Free Legal Assistance; Preferential Entitlement Under the Witness Protection Program.* - A mechanism for free legal assistance for victims of illegal recruitment shall be established within the Department of Labor and Employment including its regional offices. Such mechanism must include coordination and cooperation with the Department of Justice, the Integrated Bar of the Philippines, and other non-governmental organizations and volunteer groups.

The provisions of Republic Act No. 6981 to the contrary notwithstanding, any person who is a victim of illegal recruitment shall be entitled to the Witness Protection Program provided thereunder.

**First Edition, 1998**